# Ang magiging Tahanan ng Makalangit na Nobyo at Makalupang Nobya

Jeffersonville, Indiana, USA
Agusto 2, 1964

1 Manatili tayong nakatayo sa isang saglit, habang iniyuyuko natin ngayon ang ating mga puso sa harap ng Diyos.

Makalangit naming Ama, kami ay totoong nagpapasalamat sa pribileihiyong maparito ngayong araw na ito, nagkakatipong magkakasama sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Dalangin naming patawarin Mo po ang aming mga kasalanan, at yaman din lamang at naririto kami upang ibaling ang aming pansin sa mga bagay na Walang Hanggan at sa Buhay na naroon sa kabilang dako ng mortal na daigdig na ito. Ngayon ay dumadalangin kami na ibigay Mo pos a amin ang Iyong mga bilin, kung paano kaming pipihit, ano ba ang nararapat naming gawin sa hinaharap, at maging sa kasalukuyan ngayon, upang tamuhin ang dakong iyon na sa amin ay—ipinangako.

Maraming maysakit at nangangailangan sa lupain, at hindi pa nila nalulubos ang kanilang paglalakbay. At ang aming dakilang kaaway, hindi lamang kaaway namin, kundi kaaway Mo, ay dumating upang pahirapan sila at upang—at upang kitilin ang kanilang buhay, at upang dalhin sila sa isang— isang maagang libingan. At kami'y sumasamo para sa kanila, ngayong araw na ito, na Ikaw at ang Iyong awa at biyaya, Panginoon, ang magpapalawig ng kanilang mga araw hanggang sa panahong iniukol.

2 Nakalapag dito sa plataporma, o sa pulpito, narito ang mga panyolito at mga balutan. At sa mga pasilyo at sa lahat ng dako, ay naroroon silang mga nasa tiheras, mga nakasaklay, mga maysakit at karamdaman, mga nakatayong kasama ng mga tagapakinig na halos ay walang sapat na lakas upang tumayo.

O Walang Hanggang Diyos, Pinagpalang Isa, nawa'y dinggin Mo po ang aming panalangin sa umagang ito, sa pamamagitan ng Dugo ng Panginoong Jesus; hindi tinitingnan ang aming kasamaan, ngunit nalalamang Siya ay tumayo sa aming lugar, at Siya yaong Isang kumakatawan sa amin para sa panalanging ito. Nawa'y ang bawat isa ay gumaling para sa Iyong kaluwalhatian, Panginoon.

Basbasan Mo po ang mga panyolitong ito. Kapag ang mga ito'y inilapat sa maysakit, nawa'y magsigaling sila.

At ngayon, Ama, habang hinihintay namin ang dakilang gawain ng pagpapagaling, na pinaniniwalaan naming susunod, hawiin Mo po sa amin ang

daan ng Buhay, Panginoon, nang sa gayo'y matutunan namin sa pamamagitan ng Iyong Salita kung ano ang dapat naming gawin. Dahil hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

3 Tulad ng dati, ito ang itinuturing kong isa sa mga pinakamataas kong pribelihiyo, ang mapasa-bahay ng Diyos at mangusap sa Kaniyang bayan. At ngayo'y alam kong dito'y lubhang nagkakasiksikan, at ako'y may isang napakahabang aralin. Kaya ako'y… Ako—ako ay nagtitiwala na—na kayo'y magiging komportable, hangga't maaari. hanggang sa matapos natin ang Mensahe.

4 Ngayon, mainit, ngunit tayo'y nagpapasalamat para sa air conditioner. Ngunit, ang isang grupong ganito kalaki, ay hindi makakayanan ng kahit anong air conditioner, alam n'yo, sapagkat ang inyong katawan ay isang yunit na pinagmumulan ng enerhiya, mga siyamnapu't walong digri, at ito'y walang tigil na naglalabas ng init, at nakaupo kayo ng magkakalapit. Ngunit ako— ako ay nagtitiwala na gagawin kayong komportable ng Diyos sa abot ng Kaniyang kakayanan.

5 At kapag narito kami, bumubuo ng pagtitipong tulad nito, ako'y—hindi ko kayo hahayaang pumarito, sa anumang paraan, kung hindi ko inisip na ito'y makabubuti sa inyo, at kayo'y makikinabang sa pamamagitan ng pagdalo. At kung magkagayo'y, alam din nating wala tayong sapat na panahon upang gawin ito, na tayo'y—tayo'y patungo na sa—sa pinakahuling oras, at ako— nais kong maging mahalaga ang bawat sandali, hangga't maaari, para sa Kaniyang Kaharian. At ngayo'y nagtitiwala ako na pagpapalain tayo ng Panginoong Diyos habang tayo ay nagkakatipon.

6 At gusto ko kayong purihin, dahil, kahapon ay nagtungo ako sa iba't-ibang mga dako, nasa labas at dinalaw ang ilan sa mga maysakit at may karamdaman, sa mga motel, at nagawa kong makipagkilala sa ilan sa mga namamahala nitong linggong ito, ng ilan sa mga kinakainan. Tulad ng, ako'y nasa Ranch House nitong linggong ito, dito, at ang namamahala ay nakipagkamay sa akin habang kami ay nagsisimula. At ang sabi niya, tinawag niya ako, "Brother Branham." Nagtataka ako kung paano niya akong nakilala. At sinabi niya… Ang sabi ko, "Ikaw ba ang namamahala?"

Ang sabi niya, "Ako ang may-ari." Pagkatapos ang sabi niya, "Siya nga, ang mga tao mo ay pumupunta rito para kumain, pagkagaling doon." Ang sabi, "Sila… At ang sabi ko, "Buweno, sa palagay ko'y nagsisiksikan sila sa iyo."

Ang sabi niya, "Ginoo, isa sila sa mga pinakamabubuting lupon ng mga taong nakita ko." Ang sabi niya, "Totoong napakabait nila."

7 Nagtungo ako sa isang motel kahapon, upang dalawin ang isang binibining nais kong makausap, naroon ang kaniyang ama't ina, at kinailangan kong pumunta sa tagapamahala upang alamin kung saan ang—ang mot-... Ang silid na kinaroroonan nila.

Ang sabi niya, "At ikaw ba si Kapatid na Branham?" Doon iyon sa Oaks. At ang sabi ko, "Opo."

Ang sabi niya, "Gusto kitang kamayan." Ang sabi niya… Ipinakilala niya ako sa asawa niya; napakabait na mag-asawa. Ang sabi nila, "Bawat tao sa motel na ito ay dumadalo sa iyong mga gawain. Inilaan namin ito para sa kanila." At ang sabi, "Lahat ng iba naming parukyano ay tinanggihan namin."

Ang sabi niya, "Kapatid na Branham, isa sa pinakamabubuting lupon ng mga taong nakita ko, ay ang mga taong pumupunta rito, na dumadalo sa iyong mga pagtitipon."

8 Pinuntahan ko kagabi ang isang kaibigan ko, si G. Becker na tagarito, at gustong-gusto ko ang kaniyang mga sandwich. Siya ay sadyang isang...Siya, bata pa ako ng makilala ko siya; kilala ko siya sa buong buhay ko. May isang mag-asawang nakaupo roon sa—sa dating lugar, doon sa Riverside Hotel. Kaya sila... Ang sabi ni G. Becker, "Billy?"

Sabi ko, "Ano iyon, Homer?" Kilalang-kilala namin ang isa't-isa. Sabi niya, "Ako ang nagpapakain sa mga tao mo roon." 20 Mga dalawandaan, o higit pa, tuwing Linggo, ang kumakain sa Blue Boar. At kahit saan ako magpunta, nakakarinig ako ng papuri kung gaano kayo kabuti.

Sinabi ng lalaking ito, "Doon sa—doon sa Riverview," aniya, "ang buong lugar na iyon ay punong-puno ng mga taong dumadalo sa pagtitipon." Ang sabi, "May daan-daang hindi makapapasok."

9 Kaya, magkagayon, para sa akin kayo ang asin ng sanlibutan. Ako— ako'y lubos na nagpapasalamat na malaman na ako'y may pribelihiyong makapangaral sa mga tao na maging ang mga makasalanan at mga taong… Hindi ko sinasabing ang mga taong ito ay makasalanan, ngunit ang tinutukoy ko ay mga taong, nasa negosyo at iba pa, na nagsasabing kayo'y mabubuting tao, at kinalulugdan nila kayo, sa kanilang mga negosyo, sa kanilang mga lugar. Alam n'yo, iya'y pagiging maalat. Natutuwa ako riyan, ang inyong asal, kung paano ninyong pinangangalagaan ang mga bagay-bagay.

Lagi kong sinasabi, "Kung may sinumang darating at walang, walang perang pambayad, tawagan n'yo lang ako." Kita n'yo? Ang sabi ko, "Gagawan natin iyan ng paraan." At ang sabi ko, "Pakainin n'yo lang sila palagi, may pera man sila o wala." Alam n'yo, alin mang bagay ay magagawa.

Pakiramdam ko ay mga anak ko kayo. Kayo'y—kayo'y mga bituin na aking… Kung magkaroon man ako ng isa pagdating ko roon, kayo ang hiyas na iyon, ang nagniningning na bahagi, sa—sa putong ng aking ministeryo. Kapag ito'y pinutungan, kayo ang maging hiyas na iyon.

10 At noon ko pa sinasabi sa inyo, sa mga nakalipas na panahon, ang tungkol sa Pitong Tatak, ang mga Kapanahunan ng Iglesia, at mga bagay na—na nagaganap.

At ngayon, sa umagang ito, mayroon akong isang napakahalagang paksa. Para sa akin, ito'y napakalaking pagpapala. Umaasa akong ito'y titimo sa inyo sa gayon ding paraan. At kung maibibigay ko lamang ito sa inspirasyon ng pagkakatanggap ko nito, magiging kaaya-aya ito, ngunit nasa Diyos na ang paggawa niyan.

11 Matagal ko nang sinasabi sa inyo ang tungkol sa kung saan at ano ang nangyayari, at nakikita nating nagaganap ang lahat ng mga bagay na ito.

Ngayon ako'y mangungusap, sa umagang ito, tungkol sa: Ang Magiging Tahanan ng Makalangit na Nobyo at ng Makalupang Nobya (The Future Home of the Heavenly Bridegroom and the Earthly Bride),kung saan sila'y maninirahan. At, dahil nagtitiwala ako na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, tayong lahat ay bahagi ng dakilang ekonomiyang ito ng Diyos.

12 At ngayon ako—ako ay nagtitiwala na kayo'y magtitiis na kasama ko, kunin ninyo ang inyong mga Biblia, ang inyong mga lapis, o anumang ginagawa ninyo upang sabayan akong bumasa, pagka't ako'y tutukoy sa maraming mga Kasulatan. Sinisikap nating matapos sa oras upang magkaroon tayo ng sapat na panahon para sa pananalangin sa maysakit; at ipinangako ko iyan. Kayo ay nananalangin sa huling mga nakalipas na sandali, sa mga silid at sa palibot, para sa kanila na halos ay wala nang lunas at wala nang pag-asa. 30 At, kung kalooban ng Panginoon, marahila ay magkakaroon ako ng isa pang gawain sa ika labing anim, maaaring pananalangin lang para sa maysakit.

13 Simula ng aking bakasyon ngayon. Mula pa noong Enero, naglalakbay na ako, at ako'y babalik dito. Babalik ako. Dadalhin ko ang aking pamilya sa Tucsan sa umaga, at pagkatapos ay babalik ako upang gumugol ng oras dito sa Kentucky, kasama ng aking mga kaibigan, at mangangaso ng iskwirel, sa loob ng

dalawang lingo, o marahil ay pito o walo, sampung araw, ano man, malibang pangunahan ako ng Panginoon kung saan man. Hindi ko alam kung saan kayo maparoroon; hindi natin alam iyan, sapagkat iya'y nasa mga kamay ng Diyos, ng Diyos lamang.

14 Ngayon para sa dakilang paksang ito, tayo—tayo… Iniisip ko, kung gagamitin ko ang oras dito, 'pagkat kailangan mong dalhin ang maraming bagay, gugugol ito ng ilang linggo. Ngunit ako'y nagsulat ng ilang mga Talata, ilang mga tala, para lang matalakay ang mahahalagang bahagi nito, sa kung saan ay hahayaan kayo nitong mag-aral.

At sa madaling panahon, marahil, kung kalooban ng Panginoon, sa Oktubre, hindi ko alam kung kailan man Niya loobin, gusto kong magkaroon ng ilang araw, para lang sa tuloy-tuloy na pagtitipon, tungkol sa ika-12 kabanata ng Apocalipsis, upang iugnay ito rito. O, naniniwala akong magiging napakabuti nito. Talaga. Magiging mabuti ang makita kung paano Niya itong iugnay.

15 Pagkatapos, sa pagsasama-sama natin ngayon, sinabi ko kagabi, ang sabi ko, "Alam n'yo, kapag ako'y… " Kinaumagahan, tulad ng bawat umaga, iniisip ko, "Sa pagparito ko, kikilalanin ko ang bawat isa sa mga kaibigan kong naririyan." Ngayon, paano ko ito gagawin?

Ang mga kasama ko rito, tulad ng butihin kong kaibigan, si Doctor Lee Vayle na nakaupo rito sa likod, ang kaibig-ibig niyang asawa, at anak na babae. At si Brother Borders, at, sa palagay ko, si Brother Ruddell, si Brother Beeler, si Brother Palmer at si Brother Jackson. At, ay, naku, ang—ang… Ang mga mahal na kapatid na iyon mula sa iba't-ibang dako! Si Brother Anthony Milano, at, o, saan ka man tumingin, makikita mo ang iba pang mga kapatid!

16 Ako'y nagpapasalamat para sa munting Tabernakulong ito. Ako'y nagpapaslamat para sa limang bukas na pinto nito para sa publiko. Bawat pinto... Mayroon tayong limang diakuno rito, mga lalaking puspos ng Espiritu; tapat na katiwala, mga lalaking puspos ng Espiritu. Iya'y dalawa sa bawat pinto. At doble ang pinto nito sa harap, para sa dalawang pastor, ang mga tagapag-pastol.

Kami'y nagagalak na makasama kayo; kami'y nagpapasalamat sa Diyos dahil dito. Nawa ay lagi Niya kayong pagpalain.

17 Ngayon ay nais nating tumayo sumandali, habang bumabasa tayo mula sa Ikalawang Pedro sa ika-3 kabanata, at gayon din sa Aklat ng Apocalipsis 21.

Habang kami ay nakatayo, O Panginoon, puspusin Mo po ang aming m ga puso ng kagalakan dahil sa pagbasa ng Iyong Salita, dahil batid naming sinabi ni Jesus, na, "Ang langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking mga Salita ay hindi lilipas." Muli ay batid namin na sinabi Niya, "Ang lahat ng Kasulatan ay

dapat maganap." At habang binabasa namin ang mga bagay na ito, nawa ay magkaroon kami ng pang-unawang galing sa Iyo, sa oras na kinabubuhayan namin. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, ang May Akda ng Aklat. Amen.

18 Ikalawang Pedro 3. Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal, na isinusulat ko sa inyo; at sa dalawa'y ginigising ko ang inyong tapat na pagiisip sa pamamagitan ng pagpapaalala sa inyo: Upang maalaala ninyo ang salitang sinabi nang unang mga banal na propeta, at ang mga utos ng Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong mga apostol: At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito?... (Kung hindi ba naman tugma iyan sa babaing impidel na ito!)... at sapagkat buhat ng araw na mangatulog ang mga magulang, ay nanganatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula ng pasimulan ang paglalang. Sapagka't sadyang nililimot nila, na mayroong sangkalangitan mula nang unang panahon, at isang lupang inanyuan sa tubig at sa gitna ng tubig sa pamamagitan ng salita ng Dios:

Na sa pamamagitan din nito ang sanlibutan noon na inapawan ng tubig, ay napahamak:

Ngunit ang sangkalangitan ngayon, at ang lupa, sa pamamagitan ng gayon ding salita ay iningatan talaga sa apoy, na itinataan sa araw ng paghuhukom at ng paglipol sa mga taong masama.

Datapuwa't, huwag ninyong kalilimutan, mga minamahal, ang isang bagay na ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad nang isang araw. Ngayon, hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi.

Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na...ang sangkalangitan at ang lupa sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong... mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog.

Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng pagkatao ang

nararapat sa atin, sa banal na pamumuhay at pagkamaawain.

Na ating hinihintay at pinakananasa ang pagdating ng kaarawan ng Dios, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init? Ngunit ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran. Kaya nga, mga minamahal, yamang tayo'y nagsisipaghintay ng mga bagay na ito, ay pagsikapan ninong hindi kayo masumpungan... masumpungan kayo sa kapayapaan, na walang dungis, at walang kapintasan sa paningin niya.

At inyong ariin na ang pagpapahinuhod ng ating Panginoon ay pagliligtas; na gaya rin naman... ni Pablo... na ating minamahal na kapatid, na ayon sa karunungang ibinigay sa kaniya, ay sinulatan kayo; Gayon din naman... sa lahat ng kaniyang mga sulat, na doo'y sinasalita ang mga bagay na ito;... may ilang pagkakataong mahirap unawain, na isininsay ng mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya rin naman—gaya rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang mga kasulatan, sa ikapapahamak din nila.

Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipagingat kayo, baka kung maligaw kayo sa pamamagitan ng... kamalian ng masasama, ay mangahulog kayo sa inyong sariling... katiyagaan.

Datapuwa't magsilago kayo sa biyaya,... sa pagkakakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailanman. Siya nawa.

19 Ngayon, sa—sa Apocalipsis ni Cristo, sa ika-21 kabanata, babasahin ko ang mga salitang ito. At nakita koang isang bagong langit ant ang isang bagong lupa; sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. At akong si juan, nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. At narinig ko ang isan malakas na tinig mula sa langit na nagsasabi, Narito ang tabernakulo ng Dios ay nasa tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magigng Dios nila.

At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng pagdadalamhati, o nang pananambitan man, o nang hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na. At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi, Narito, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay!... sinabi niya sa akin, Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay. At sinabi niya sa aki n, Ngawa na. Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang wakas. At ang nauuhaw ay aking paiinuming walang bayad sa bukal ng tubig ng buhay. Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Dios niya, at siya'y magiging anak ko. Manalangin tayong muli.

20 Panginoong Jesus, dahil sa pangakong tulad nito at sa matigas na pananalita tulad ng pinagkaloob sa amin ni Jesus Mismo at ng apostol tungkol sa oras na aming hinaharap. Pagkalooban Mo po kami, o Panginoon, ng Iyong patnubay upang malaman namin kung paano itong tutunguhin sa tamang paraan. Dahil, ito'y darating, alam namin. Ang mga Kasulatan ay dapat na matupad, kung kaya't magkakagayon. At ngayon, Panginoon, hinihiling namin muli ang Iyong habag sa aming lahat, habang pinag-aaralan namin ang Iyong Salita. Sumaamin ka at buksan Mo po ito sa amin, Panginoon, dahil hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Maaari na kayong maupo.

21 Ngayon, iniisip ko kung may paraan para kung maaari, marahil ay kung mapatay nila ang ilaw sa pinaka-awditoryum, at iwang nakasindi ang nasa entablado, na marahil ay mas magiging mainam, at makababawas pa sa kuryente. Munting na tayong makasunog ng transformer, nung isang gabi. At kung magagawa iyan ng katiwala para sa atin, tayo'y magpasalamat kung mapapatay ang ilaw sa ibaba, ang mga ilaw sa pinaka-awditoryum. At gayon sa palagay ko ay magkakaroon pa rin ng sapat na liwanag para kayo'y makakit, upang makapagsulat.

22 Ngayon, muli ang aking paksa, upang maipaalam, ating tutunguhin ang— ang paksang: Ang Magiging Tahanan ng Makalangit na Nobyo at ng Makalupang Nobya. 45 Ngayon, tulad ng dati… Kakailanganin ko lang gawin ito. Totoong napakainit dito sa itaas, kita n'yo. Opo. Habang tayo'y… Alam kong ayaw ng aking maybahay na gawin ko iyon, ngunit iyon, ang hubarin ko ang aking amerikana. Sadyang napakainit dito sa itaas. Kita n'yo, mayroon kayong hangin diyan, at ito'y nahaharang sa munting kulong na dako rito, kita n'yo. Ngayon, sa—sa hinaharap, o…

23 Noong nakaraan pala, pinag-aralan natin Ang Pitong Tatak, Ang Pitong Iglesia (The Seven Seals, The Seven Church Ages). Tinatrabaho na ang mga ito ngayon nina Brother Vayle at ng iba pa, nang buong katapatan, upang maisa-aklat ang mga ito.

24 At dahil nakikita natin ang lahat ng mahiwagang bagay na ito na nakita nating naganap, kung gayon sa palagay, matapos na unawain iyon, sa oras na ating kinabubuhayan, at ang posisyon; walang

sinumang magnanais na maupo na may totoong katinuan at magsisiyasat kung ano ang naipangusap, at kung ano ang aipangakog magaganap, at kung ano ang naganap na, na hindi makapagsasabi na ang mga bagay na iyon ay natupad na. Kita n'yo? Akmang-akma sa kung ano ang sinabi ng Diyos na gagawin Niya, ginawa Niya ito ng akmang-akma sa titik. Kita n'yo?

25 Ngayon, ang palagay ko rito, na dahil hindi natin nalalaman ang oras ng pagpapakita ng Panginoong Jesus, nais kong makabubuti, tila nakalulugod ito sa Espiritu Santo na tayo'y mangusap tungkol dito, kung magkagayon; at marahil balikan natin itong muli, ng dalawa o tatlong beses, dahil hindi sapat ang oras ko upang ilahad ang lahat ng ito.

Gaya ng pag tinalakay mo ang isang—isang paksa na nakatitisod nang kaunti sa kung sino, hindi mo ito madadala ng lubusan upang ito'y mapalinaw, pagkatapos ay muli kang babalik upang kunin ang kasunod na paksa.

At sa bandang huli, sa… Kung loloobin ng Panginoon, dadako tayo sa ika-12, sa mga tatak, o hindi pala… Pagpaumanhinan ninyo ako. Sa ika-12 kabanata ng Apcalipsis, na nasa gitna ng Pagdating ng Panginoon at sa pagtatapos ng mga Pakakak, at iba pa. Sisikapin nating ibalik iyan, upang ipakita kung sino si Satanas, at kung ano ang ginawa niya, saan siya galing, ano ang kaniyang layunin, at kung paanong ang dakila niyang kagandahan na ibinigay sa kaniya ay naging dahilan ng kaniyang pagkahulog. Ang pandaraya niya ang naging dahilan ng pagkahulog nito; kagandahan.

26 Kung gayon, paanong hindi maaaring makita na sinumang nagnanais tignan ito ng tama, ang "binhi" ng serpenteng iyan. Maghahamon ako tungkol diyan, sa kanino man, kita n'yo, na magnanais na tumingin dito, sa pamamagitan—sa pamamagitan lamang ng pangkaraniwang -pang-unawa. Mauunawaan ito ng isang bata. Kita n'yo? Ngayon, at tayo'y tutungo riyan maya-maya.

27 Ngayon, naunawaan natin dito na ang dalawang Kasulatang ito… Kaya ko binasa ang Ikalawang Pedro ika-3 kabanata, at inihambing ito rito sa Apocalipsis 21, ay dahil kapwa sila nangungusap tungkol sa iisang paksa, ngunit hindi kailanman ito isinulat ni Juan tulad nang ginawa ni Pedro. Kita n'yo? Naunawaan natin na ang dakilang Tahanan ito ng Nobya ay dito sa ibabaw ng lupa.

At ngayon, kung babasahin ninyo, tulad din ng ika-21 kabanata, ika -21 kabanata ng Apocalipsis, ang apostol ay nagsabi rito, o ang propeta ay nagsabi, na, "Nakita ko ang isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa." Tila magkakaroon ng lubusang paglalaho.

28 Ngayon, ang pagkuha ko sa tuwina ng aking mga Mensahe ay sa pamamagitan ng panalangin. Ako'y mauupo sa panalangin at may nahahayag sa akin. At hihintayin ko ito ng mga ilang sandali at titingnan kung ito'y tama, tapos ay higit na masusi ko itong dinarama. At pagkatapos kung minsan ay patuloy akong naghihintay, hanggang sa ito ay magig isang pangitain. Ngunit kapag nagsimula na itong dumating, at nakatiyak na akong galing ito sa Diyos, kung magkagayon ay nagtutungo ako sa Kasulatan. Kita n'yo, iyan ang nararapat na kumpirmasyon ng bawat espiritwal na bagay na nagaganap, dahil ang Biblia ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo, kita n'yo, Ito ang Kaniyang Katawan.

At ngayon, diyan ay maaaring makasumpong ako ng isang lugar sa Kasulatan na tila baga hindi tama, at ako'y mag-iisip. Bumabalik uli ako sa panalangin. Dumarating itong muli. Pagkatapos ako—pagkatapos ay sisimulan ko na—na suriin ang aking Kasulatan.

29 Ngayon, ang ating Biblia ay isinulat sa Ingles, at ang mga salitang Ingles ay nababago, sa tuwina. Halimbawa, tulad sa San Juan 14, ang sabi, Sa bahay ng Aking Ama ay maraming mansiyon,‟ isang mansiyon sa loob ng isang bahay. Aba, kung gayon, ang gagawin mo riyan ngayon, ay ibalik ito sa—sa orihinal at tignan mo ang pakahulugan ni Santiago, o bumalik ka sa Hebreo, o sa Griego, mula sa unang salin. At doon ay sinasabing, ″Sa Kaharian ng Aking Ama ay maraming palasyo.‟ Buweno, matapos iyon, bumalik ka sa panahon na ang mga tagasalin, ay nagsalin para kay King James, ang kaharian ay tinawag sa Ingles na isang ″bahay,‟ at ang hari ay isang ama sa kaniyang mga kinatawan. Iyan ang dahilan kaya isinalin nila itong, ″Sa bahay ng Aking Ama ay maraming mansiyon.‟ Kita n'yo? At pagkatapos ay kukunin mo ang mga salitang iyon at hahanapin mo ang mga ito.

30 Pagkatapos ay makikita mo, mula sa inspirasyong iyan… Sa pulpitong ito sa umagang ito, masasabi ko, hindi kailanman nagkaroon ng isa mang pagkakataon na hindi ang tuwid na Kasulatan, ang ipinangaral ko. Ganiyan

nagsidating ang Binhi ng Serpente at ang lahat ng iba pang ito. Kita n'yo? Sa pamamagitan…

At ito'y, tunay kung ang isang tao'y magbabasa lamang at magsasabi, "Sa bahay ng Aking Ama ay maraming mansiyon," kung hindi ka hihinto para mag-aral, manalangin, maguguluhan ka ng husto. Kita n'yo? Ngunit patuloy ka lang na manalangin. Sa tuwina ay isinasaayos ito ng Diyos, kung ito ay galing sa Diyos.

31 Ngayon, ipinaliliwanag ni Juan ang pagbabago at ang pagda—kung paano itong dumarating… Hindi

pala siya ang nagpaliwanag, kundi si Pero. Ang sabi lang ni Juan, "Nakita ko ang bagong Langit at Bagong Lupa; ang unang mga langit at unang lupa ay naparam na. Wala nang dagat. Akong si Juan, nakita kong bumababa ang Bayang banal mula sa Diyos galing sa langit, na nahahanda na tulad sa isang Nobyang nagagayakan para sa Kaniyang Asawang Lalaki." Ngunit, bumalik tayo sa Ikalawang Pedro ngayon upang malaman, ipinaliliwanag ni Pedro kung paano mangyayari ang prosesong ito. Ngayon, kung titingnan n'yo ang sinabi ni Juan, para bang, "Sapagkat ang unang langit at unang lupa ay naparam," naglaho. Kita n'yo, kung gayon, tila napakakakaiba niyan. Kaya iyan ang tumawag ng aking pansin, at sinimulan kong hanapin ang salitang, "naparam." At ngayon, subalit, malinaw na kapwa sila, ang apostol at ang propeta, nangungusap tungkol sa iisang bagay.

32 At ngayon, gayon din, sa Aklat ni Isaias, ngayon, kung gusto ninyong isulat ang mga Kasulatang ito, sa Isaias 65:17. Si Isaias ay nangungusap tungkol sa Milenyum, ang isang libong taong kapahigahang iyon para sa— para sa bayan ng Diyos. Sinalita ito ni Isaias, at ang sabi niya, "Ako… May isang…Ang lahat ng mga dating bagay ay nangaparam," at kung paanong sila'y magtatayo ng mga bahay, maninirahan sa mga iyon. Kung may oras pa tayo… Marahil tumigil muna tayo at—at basahin ito ng isang sandali lang, Isaias 65, at tayo'y magbasa ng ilang sandali rito. At naririto na ito, tama, para sa atin. Ngayon, sa pagsisimula, Isaias 65:17. At, narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit at ng bagong lupa…

Ngayon, si Isaias, ay isang propeta na sumulat nang akmang-akma ng kabuuan ng Biblia sa kaniyang hula. Pinasimulan niya sa paglikha; sa kalagitnaan ng kaniyang Aklat, mga ika-40 kabanata, ay dumating si Juan Bautista, ang Bagong Tipan; at nagtapos siya rito, sa kaniyang Aklat, sa Apocalipsis, sa Milenyum. May aninnapu't anim na aklat sa Biblia, at may animnapu't anim na kabanata sa Isaias. Sumulat siya ng isang kumpletong komentaryo.

Ngayon, matutuklasan natin, dito ngayon ay kinukuha niya ang ika-65 kabanata, isa pang kabanata, at nagungusap na siya tungkol sa Milenyum. Pansinin ito, napakaganda. …narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit at… bagong lupa: at ang mga dating bagay ay hindi maaalala, o mapapasa-isip man. (Ito'y "mapaparam.") Ngunit kayo'y—kayo'y mangatuwa at mangagalak… maging sa aking nilikha: sapagka't, narito, aking nililikha na kagalakan ang Jerusalem, at kaligayahan ang kaniyang bayan. At ako'y magagalak sa Jerusalem at maliligayahan sa aking bayan; at ang tinig ng iyak ay hindi na maririnig pa sa kaniya, dahil… o ang tinig man ng daing.

Hindi na magkakaroon mula ngayon… ng sanggol na mamamatay, at… ng matanda man na hindi nalubos ang kaniyang mga kaarawan: sapagkat at bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang; at ang isang makasalanan na may isang daang taong gulang ay susumpain. Kung magkagayo'y… At sila'y mangagtatayo ng mga bahay, at ang mga yao'y kanilang tatahanan; at sila'y mangag-uubasan, at magsisikain ng bunga niyaon. At sila'y hindi magtatayo, at iba ang tatahan; (iyon ay, ang bukid mo, ang anak na lalaki ang magmamana nito, o sino man sa iyong tagapagmana)… sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain doon: (sila ang magtatanim at mananatili sila roon; taglay nila ang Buhay na Walang Hanggan)… Sapagka't kung paano ang kaarawan ng punongkahoy, ay magiging gayon ang kaarawan ng aking bayan, at ang mahaba kong…ang aking pinili ay mangagagalak na malaon sa gawa ng kanilang mga kamay.

Sila'y hindi gagawa ng walang kabuluhan, o manganganak man para sa kasakunaan; sapagkat sila ang lahi ng mga pinagpala ng Panginoon, at ang kanilang mga anak na kasama nila. 63 Ngayon pansinin, dito ako tutungo, matapos ang ilang sandali. At mangyayari, na bago sila magsitawag, sasagot ako; at samantalang sila'y nangagsasalita, aking didinggin. At ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkasama, at ang leon ay kakain ng dayami ng gaya ng baka:… alabok ang magiging pagkain ng ahas. At sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa aking buong banal na bundok, sabi ng Panginoon.

33 Anong gandang pangako, ng mga propetang ito at mga dakilang paham, mga guro ng Biblia, mula pa sa napakatandang panahon, na nakakakita ng pagsapit ng maluwalhating Araw na ito!

Sa pamamagitan ng mga siping ito, maaaring isipin ng isang tao, o siya'y mapaniwala, pala, na ang buong planeta, ng mundong ito, ay mawawasak. "Lumilikha Ako ng isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa," kita n'yo, na ang kalangitan ay mawawala at ang lupa ay mawawala, lubos na maglalaho. Ngunit sa isang masusing pag-aaral, at sa tulong ng Espiritu Santo, makikita natin ang Katotohanan nito; at diyan tayo tutungo.

34 Ang mga atmospera lamang sa paligid nito, at ang kasalanang nasa lupa, ang mawawasak. Kita n'yo? Ngayon, nauunawaan natin na ang mga langit ay nangangahulugang "mga atmospera sa itaas." Kita n'yo?

35 Ano'ng gagawin nito? Ito kung magkagayon, ang mga tinik na ito, sakit, kamatayan, pulitika, lalaking makasalanan, babaeng makasalanan, at mga masasamang espiritu, ay pawang mawawala at maglalaho. Kita n'yo? Kailangang magkaganiyan, sapagkat dito tayo maninirahan. Patutunayan natin iyan sa pamamagitan ng Biblia. Dito mismo tayo maninirahan. Ngayon ay pansinin, ang mga tinik, mga mikrobyo,

lahat ng mga sakit at mga bagaybagay, ay lubusang aalisin. Lahat ng ito, ang pag-iral nito sa lupa ngayon, mga sistemang gawa ng tao, pulitika, kasalanan, lahat ng uri ng masasamang espiritu na nagpaparumi sa sanlibutan, at ang buong kalangitan sa ibabaw natin dito, ay dinudumihan ng masamang espiritu. Ngayon tayo'y magpakalalim at magpakahaba rito, kita n'yo.

Lahat ng ito ay umiiral sa mga kalangitan, o sa mga atmospera, at sa mundong kasalukuyan. Taglay ng mundong ito ang mga bagay na ito ngayon, ngunit hindi ito ginawa sa gayong layunin. Kasalanan ang dahilan kaya ito nagkagano'n. Kita n'yo? Ito ay ginawa ng Diyos, ang Manlilikha. Ngunit lahat…

At lahat ng ating mga katawan, na pinanahanan natin ngayon, ay nailagay na sa lupa nang lalangin ito ng Diyos, sapagka't kayo'y nagmula sa alabok ng lupa. Inilagay ng lahat ito rito. Nang lalangin ito ng Diyos mismo, kayo ay nasa Kaniyang kaisipan. At taglay Niya, ang Dakilang Eternal, ang kaisipan, na siya Niyang katangian.

At ngayon, kasalanan ang nagin dahilan kaya nangyaring lahat ito. At ang Diyos, sa buong panahong ito, ay nagtitipon ng Kaniyang sangkap.

36 Si Satanas ay naririto pa rin. Iyan ang dahilan kung bakit ang lahat ng mga bagay na ito ay nagaganap. Naririto pa rin siya, at ang lahat ng kaniyang masasamang puwersa ay naririto pa rin. Pansinin n'yo, kaya nga napakarumi ng mundo ngayon. Kaya ang mga dumi at mga kakutya-kutyang bagay ay nagpapatuloy; ang pagdanak ng dugo, digmaan, pulitika, kasalanan, pakikiapid, lahat ng uri ng karumihan ay nagpapatuloy, dahil si Satanas ang tagapamahala ng lupang ito at ng atmosperang ito. Sasabihin mo, "Ang atmos…?..." Opo!

37 Kapwa ang kalangitan at ang lupa ngayon ay narurumihan ng mga diablo na nagagawang akusahan tayo sa harapan ng Diyos. Naroroon si Jesus upang mamagitan sa atin. Siya nga. Kita n'yo? Habang ang mga taga-akusa ay patuloy na tumuturo, "ginawa nila ito, ginawa nila ito, ginawa nila ito," ngunit ang Dugo ay tumatakip pa rin. Naparito Siya upang tubusin ang Hinirang na iyon na noon pa'y nakita na Niya. Kaya nga napakarumi na nito ngayon.

38 Dito, ang apostol, sa Ikalawang Pedro, ika-2 kabanata, at ika-5 at sa… Ika-5 at ika-6 na talata. Oo, nakuha ko na. Tumutukoy siya sa tatlong yugto ng mundo. Kita n'yo, siya—tinalakay niya ang tatlong antas nito. Pansinin n'yo kung paano niya inihayag ang mga ito.

"Ang dating lupa na inanyuan sa tubig," ngayon, iyan ang lupa bago bumaha.

Ngayon, ang isang ito, ang kasalukuyang lupang kinabubuhayan natin ngayon, tinawag niya itong "sanlibutan."

"Ang dating lupa na lumitaw sa tubig," Genesis 1:1. Ngayon at ang "mundo" na nagyo'y naririto. At pagkatapos, muli, ay tinukoy niya ang isa pa, ang mundong darating, ang Bagong Mundo. Tatlong mundo; tatlong yugto ng mundo.ù

39 At pansinin n'yo kung paanong nilinaw ng Diyos sa atin ang Kaniyang plano ng katubusan. O, ito'y sadyang nagpasigla sa aking kaluluwa nang makita ko ito, kung paanong nililinaw ng Diyos sa atin dito ngayon ang Kaniyang plano ng katubusan. Ngayon ay ihambing natin kung ano ang nakikita ng sarili ntig mga mata. Kung ano ang ginawa ng Diyos upang tubusin ang Kaniyang mundo, ay gayundin ang ginawa Niyang plano upang tubusin ang Kaniyang bayan, sapagkat ang di-nagbabagong Diyos ay hindi nagbabago sa alin mang plano NIya o ano pa man. Napakaluwalhating bagay!

40 Kung paano Niya tayong inakay sa Kaniyang Sarili, upang makapanahan sa atin, sa pamamagitan ng tatlong yugto ng biyaya; tulad din ng pag-akay Niya sa sanlibutan sa tatlong yugto, upang mapasa-sanlibutan. Kung paanong ang Diyos at darating sa sanlibutan matapos itong dumaan sa tatlong magkakaibang yugto ng pagdalisay, ganiyang-ganiyan Siya dumarating sa atin sa pamamagitan ng tatlong antas ng biyaya. Mula't sapol ay iyun na ang itinuturo ko; hindi pa ako nagbabago, mula noon. Ito'y Salita ng Diyos.

41 Kailangan n'yong panatilihing magkakasama ang inyong mga tatlo, ang inyong mga pito, ang inyong mga labindalawa. Ang tala-bilangan ng mga Biblia ay dapat tumakbo ng sakdal, kung hindi'y magiging magulo ang inyong larawan. Kung hindi mo ito maunawaan, magpatuloy ka lang sa pananalangin. Pagmasdan mo, ito'y mailalapat ng akmang-akma. Ang Diyos ay nasasakdal sa tatlo. Kita n'yo?

42 Pansinin, "ang dating mundo," bago bumaha; ang "mundo" na ngayon ay naririto; at yaong isang darating.

Ngayon, ang unang yugto ng pinagdadalhan Niya sa atin… Alam n'yo, ang Kaniyang plano ng katubusan ay magkatulad na magkatulad sa bawat bagay. Ginagamit Niya ang gayon ding kaparaanan. Hindi Siya nagbabago. Sinabi Niya, sa Malakias 3, "Ako ang Diyos, at hindi Ako nagbabago." Kung papaano Niya ito ginagawa, samakatuwid, kung iniligtas Niya ang unang tao, sa pamamagitan ng dugong

ibinubo ng Isang inosente, kailangan Niyang iligtas ang kasunod; at ang bawat isang ililigtas Niya ay kinakailangan sa gayon ding paraan.

Kung pinagaling Niya ang isang tao sa alin mang pagkakataon sa lakbayin ng buhay; maging sa araw man ni Jesus, ng mga apostol, ng mga propeta, kailanman ito; kapag ang kundisyon ding iyon ay nakatagpo, kinakailangan Niyang gawin itong muli. Tama iyan. Hindi Siya nagbabago. Ang tao ay nagbabago, ang oras ay nagbabago, ang panahon ay nagbabago, ang dispensasyon ay nagbabago, subalit ang Diyos ay nanatiling gayon. Siya ay sakdal. Anong pag-asa ang dapat maibigay niyan sa mga taong maysakit.

43 Kung Siya ma'y nakapagpapagaling ng isang tao, kailangan Niyang gawin itong muli kapag nakatagpo ang gayunding kundisyon. Kung Siya ma'y, Siya man ay nakapagligtas ng isang tao, kailangan Niyang gawin din iyon sa batayang iyon na ginamit Niya sa unang pagkakataon. Kung naibangon Niya ang isang to mula sa libingan, kailangan Niyang gawin ito sa pangalawang pagkakataon, at sa bawat iba pang pagkakataon, sa gayon ding prinsipyo.

44 Hindi Siya nagbabago. O, anong pag-asa ang ibinibigay niyon sa akin! Ano iyon? Hindi sa kung anong teoriya na gawang-tao, sa bagay na pinagkasunduan ng pangkat ng tao, kundi sa Kaniyang di-nagbabagong Salita. Sasabihin mo, "Iyan ba ang Katotohanan?" 85 Ang sabi Niya, "Hayaang ang salita ng bawat tao'y maging kasinungalingan, ang sa Akin ay katotohanan." "Dahil ang langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi mabibigo." "Ang lahat ng mga Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, samakatuwid, ito'y mabuti at kapakipakinabang sa pagtuturo." At alalahanin n'yo, na, "Ang lahat ng Kasulatan ay matutupad," bawat bahagi nito.

45 Pansinin kung paanong nililinaw ito ng Diyos sa atin. At kung hindi iyon isang—isang dakilang pagpapatunay, isang mabuting—isang dakila, kaibig ibig na pagpapala mula sa Diyos! Nang makita ko ito, at nang makita ko iyan mula pa sa aking pagkabata, sa kauna-unahangg pahkakataon na si Cristo ay makipag-ugnayan sa akin, lagi kong iniisip ang tatlong yugtong iyon ng biyaya. Pansinin kung ito'y hindi totoo ngayon.

46 Ngayon, ang unang hakbang ay "pagsisisi patungo sa Diyos." At pagkatapos, ang kasunod niyan, ay ang bautismo sa tubig, "bautismo sa tubig." Mangagsisi at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kita n'yo, ang bautismo sa tubig ay sumusunod, ipinapakita na ang pagsisisi ay tunay. O, upang "patawarin" ang dati nating mga kasalanan, iyan ay walang kinalaman sa magiging kasalanan sa hinaharap. Ito ay nagpapatawad lamang. "Magsisi at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Para ano? "Sa ikapagpapatawad." Ang kapatawaran ng dating kasalanan ay walang kinalaman sa panghinaharap. Ang kasalanan mo lang ang natagpas, yaon lamang nagawa mo.

Hindi mo maaaring pagsisihan ang kasalanan ni Adan. Hindi ikaw ang gumawa noon; si Adan ang gumawa noon. Pinapatawad ka lang sa kung ano ang nagawa mo. Ang dating kalikasan ay naroon pa rin.

47 Hayaan n'yong gamitin ko ang pisarang ito sandali. [Gumuhit si Brother Branham ng mga larawan sa pisara—Ed.] Ngayon, narito ang puso ng isang tao. Ngayon, ako'y hindi… Malayong-malayong ako'y maging isang pintor. Narito ang puso ng isang tao; at narito ang isa pang puso ng isang tao. Ngayon, ang isang ito ay may ahas, iyan ang kasalanan, at naririto ang kaniyang buhay. Ang isang narito naman ay may kalapati, na siyang Espiritu Santo, dito ay may Buhay siya. Buweno, ang isang ito rito, siya ay may malisya, galit, inggit; ang nagiging sanhi nito, ay itong isang naririto. Buweno, ito namang isa rito ay may pag-ibig, at kagalakan, at pagtitiis; at Iyan ang siyang gumagawa nito, rito.

Ngayon, kapag ikaw ay nanghingi, o ikaw ay pinatawad sa iyong mga kasalanan, ito lamang ang ginawa mo, naalis na 'yan. Subalit ang bagay na nagbunsod sa'yong gawin ito ay naroroon pa rin. Iyan ang dating ugat ng kasamaan; naroon pa rin iyan. Pansinin mo, pagkatapos noon ay nagsisi ka at nagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at doon ka Niya pinatawad sa iyong mga kasalanan. Pansinin.

48 Pagkatapos, ikalawa, darating ang pagpapaging-banal na nagsasaayos ng ating mga pag-iisip para sa kabanalan, upang makapag-isip ng tama. Inalis-ang paglilinis ay isang tambalang salitang Griyego, na nangangahulugang "nilinis, at ibinukod para sa paglilingkod."

Pagkatapos, ang kasunod, ay ang bautismo ng Apoy at ng Banal na Espiritu, upang ang Diyos ay makapanahan sa atin. At ang Apoy ng Diyos ang lumilinis ng ating mga puso sa kasalanan, at nagpapatahan sa Espiritu Santo sa loob nito. Pagkatapos noon ay ipinapakita natin ang katulad na Buhay na ipinakita Nito, sapagkat Iyon ay nasa atin.

49 Pansinin, sa natural na kapanganakan, kapag ang isang babae ay nagsilang ng isang sanggol. Ang natural na buhay ay tipo ng espiritwal na buhay. Kapag ang isang babae ay nagsilang ng isang sanggol, sa natural, ang unang nangyayari ay ang paglabas ng tubig, kasunod ay dugo, at pagkatapos ay ang espiritu (ang buhay). Damputin mo ang munting sanggol at tapikin siya [minsang ipinalakpak ni Brother

Branham ang kaniyang mga kamay—Ed.], at naroon na siya, na naghihihiyaw. Tubig, dugo, espiritu.

50 At ngayon, kapag ang isang sanggol ay isinilang sa Kaharian ng Diyos, dumarating siya sa gayon ding paraan: Tubig, Dugo, Espiritu. 95 Ngayon, pansinin n'yo, pagpapabanal, ang ikatlong yugto—ang ikalawang antas nito, ay lumilinis sa pag-iisip; isinasaayos ang puso, ang pag-iisip ng puso, sa kabanalan.

Magagawang pagsisihan ng isang tao ang kaniyang mga kasalanan at pagkatapos ay iniisip pa rin niya ang tungkol… Buweno, marahil siya'y isang—isang moral na tao, bawat babaeng imoral na makita niya, ay naroroon pa rin iyon. Maaaring siya'y isang lasenggo; sa tuwing makakaamoy siya ng alak, naroroon pa rin iyon. Kita n'yo?

Ngunit kapag siya ay pinabanal na, iyon ang lilinis ng pagnanasang iyon sa kaniya. Kita n'yo? Inaalis nito ang pagnanasa. Maaari pa rin siyang matukso, ngunit inalis na niya ang pagnanasa. Gayunman, wala pa rin siya sa tamang kalagayan.

Pagkatapos, siya ay mababautismuhan ng Espiritu Santo at Apoy. Hinugasan, sinunog, nilinis; at pagkatapos ay pinaglingkod sa Diyos. Ang pagpapabanal ay nagbubukod lamang sa kanila para sa paglilingkod.

51 At pansinin kung paano talaga ito dumating, ang pagdating ng mga mensahe. Si Martin Luther, pag-aaring ganap; si John Wesley, pagpapabanal; ang Pentecostal, ang bautismo ng Espiritu Santo. Ang mga mensahe, diya'y wala nang kasunod na iba pang panahon, kita n'yo. Nasa huling panahon na tayo. Tatlong yugto. Ang bautismo ay lumilinis sa puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

52 Kapansin-pansin ngayon, pinadaraan Niya ang dakong tatahanan natin sa gayon ding proseso.

Ngayon, tinawag Niya ang Iglesias a pamamagitan ng pag-aaring ganap, tinawag Ito sa pagpapabanal, tapos ay pinuspos ito ng Espiritu Santo at Apoy. At pinadaan Niya ito sa isang proseso, upang Siya Mismo, ang Espiritu Santo mismo, ang Anak ng Diyos, ay makapanahan sa puso ng tao. Ngayon, kakailanganin Nitong dumaan diyan bago Siya makapasok Dito. 102 Pansinin n'yo, ganoon din ang ginawa Niya sa mundo, kung saan titira ang Nobya, ang gayon ding plano Niya ng—ng pagliligtas.

53 Pansinin n'yo ang mundo bago bumaha. Siya, matapos itong magsisi, sa pamamagitan ng Nobya sa araw na iyon, na si Noe, binigyan Niya ito ng bautismo sa tubig, inilubog ito sa tubig. Ang panahong iyon, ay pag-aaring ganap, ipinapakita na siya ay patungo na sa pagtawag sa nalugmok Niyang mundo, sa Eden, pabalik sa dati nitong kalagayan muli. 104 At dumating si Cristo at ibinubo ang Kaniyang Dugo rito, nilinis ito at inangkin ito. [Kinatok ni Brother Branham ang pulpito ng ilang beses—Ed.] Kita n'yo, iyan ang mundong kinabubuhayan natin ngayon.

Tignan kung paanong si Satanas, dito sa Kasulatan, ay nagsikap na ipasira sa Kaniya ang plano ng Diyos sa pagtanggap nito, ibinibigay ito sa Kaniya ng Siya'y dalhin niya sa bundok, at tinangkang ibigay ito sa Kaniya ng hindi binibili ng Dugo?

54 Napansin ba ninyo kung paanong si Abraham, nang subukin nilang ibigay sa kaniya ang lupa, binili niya ito ng napakaraming siklo ng pilak, sa harap ng madla, bilang isang sagisag, bilang isang saksi. "Malaman nawa sa araw na ito na binili ko ang libingang ito." Kita n'yo, binili niya iyon! At tinangka ni Satanas na—na ibigay sa Kaniya ang kaharian na ngayo'y pag-aari niya. Tinangka niyang ibigay ito sa Kaniya bilang isang regalo, ngunit hindi Niya ito tinanggap. Dahil ito'y, kita n'yo, kung magkagayan, si Satanas ay mananatiling may karapatan dito. Subalit kinailangan itong bilhin. Amen. Siya ay ang Salita sa kapuspusan nito. Hindi nila Siya magawang dayain dito. Pagkatapos, babautismuhan na ito ngayon sa Apoy.

55 Kita n'yo, ito ngayon ay… Ano'ng nangyari? Si Cristo ay dumating at tinawag ang Iglesia sa pagsisisi, sa bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa kapatawaran; pinabanal ang Iglesia, at sa pamamagitan ng Apoy ng Diyos ay nanaog at sinunog ang lahat ng karumihan, at dumating at nanahan sa puso ng tao.

56 Ngayon,ang mundo, upang matubos para sa tinubos na taong ito, ay ginagamitan Niya ng gayon ding pamamaraan. Binababautismuhan Niya ito sa tubig, matapos ang pagkawasak sa baha. Ibinubo ang Kaniyang Dugo rito, upang linisin ito at angkinin. Ito'y sa Kaniya na.

Sinubukan ni Satanas na sabihing, "Ibibigay ko ito sa iyo." 109 Ang Sabi Niya, "Hindi, bibilhin ko ito." Hayaang ito ay maging isang saksi. Siya ay itinaas, bilang sagisag, na ito ay binili na Niya. Nabili na Niya ito.

57 Ngunit ngayon, kinakailangan nitong dumaan sa bautismo ng Apoy, banal na Apoy mula sa Diyos, na siyang maglilinis sa lupa at sa kalangitan sa palibot nito. Kung magkagayon, ito'y binili nang sa gayon ang mga tinubos ay makapanahan dito, maninirahan dito ng payapa. Pansinin, ang bautismo ng Apoy ay para

malinis ito sa kasalanan, sa sakit, sa mga mikrobyo ng sakit, sa mga makasalanan, sa diablo at sa buong pangkat niya. Kailangan siyang ibulid sa Dagat-dagatang Apoy. Ang Banal na Apoy mula sa Diyos, ay mananaog mula sa Diyos, mula sa Langit, at susunugin ito, pansinin n'yo, upang ihanda ito sa pagtira ng Diyos, sa Bagong Daigdig na darating, ay tatahan sa lupa. Pagkat sasabihin mo, "Ang Diyos, nanahan Siya sa puso ng tao." Ngunit Siya at ang Nobya ay magiging Isa. at sila ay tutungo sa kanilang Tahanan sa Bagong Daigdig. At iisang plano ng katubusan ang ginamit upang tubusin kapwa, ang mundo at ang mga naninirahan dito.

58 Kita n'yo, ang puso ay kailangang linisin ng ganiyan. Bago makapanaog ang Diyos sa Persona ng Espiritu Santo, na siyang si Cristo na nanaog at tumatahan sa puso ng tao, ito ay dapat munang magsisi. Dapat muna itong mabautismuhan sa tubig, sa Kaniyang Pangalan, upang ipakita kung sino ang nagmamay-ari nito.

At pagkatapos ang Banal na Apoy at Espiritu Santo, mula sa Diyos, ay mananaog at susunugin ang lahat ng pagnanasa ng kasalanan, lahat ng kalikasan ng sanlibutan. "At, kung magkagayon, siya na sadyang nagkakasala matapos tanggapin ang pagkaalam ng Katotohanan…" Gayon din, ang sabing muli ng Biblia, "hindi maaaring…" "Dahil ang isang—isang taong isinilang ng Diyos ay hindi na magkakasala pa; hindi na siya nagkakasala." Hindi na siya maaari pang magkasala. Paano siya magiging makasalanan, at tinubos, nang magkasabay? Paano mangyayaring ako'y nasa loob ng bahay-sanglaan, at nasa labas ng bahay-sanglaan ng magkasabay? Kita n'yo? O, tinubos Niya tayo sa pamamagitan ng Kaniyang Dugo; sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu ay nilinis Niya tayo; at pagkatapos ay nanahan Siya sa atin, sa Iglesia. Hindi ang denominasyon, ngayon; ang Iglesia!

59 Pansinin n'yong maigi habang tinatalakay natin ito, ang mga dakong ating—tutunguhin natin. Ngayon, ang pagsisisi bago bumaha noon, ang naghatid ng bautismo sa tubig. Pagkatapos ay dumating si Cristo at ibinubo ang Kaniyang Dugo rito, upang linisin ito at angkinin. At pagkatapos ay darating, ang kasunod, ang pagkasira ng sanlibutang kasalukuyan.

Ang lahat ng kasalanang nasa mga kalangitan sa itaas, "siya ang prinsipe ng kapangyarihan ng himpapawid," itinataboy niya (hinahadlangan) ang mga pagpapalang mula sa Diyos. Doon nagmumula ang mga kidlat at kulog at ito'y tumatama sa lupa, at lahat na, mula sa mga kalangitan, mga banig ng yelo at ulan, mga bagyo, bag,…Mga unos at lahat na, na, "nagmumula sa itaas," at ito'y si Satanas, "ang prinsipe ng kapangyarihan ng himpapawid."

60 Pansinin n'yo, masdan kung paanong sinikap ni Satanas na kunin ito, tulad ng sinabi ko mga ilang sandali pa lang ang nakalilipas, sa pamamagitan ng pagbibigay nito kay Jesus nang hindi ito binibili. Kung magkagayon, si Satanas ay mananatiling may karapatan pa rin, sapagkat ito'y markado na, kita n'yo. Ngunit binili ito ni Jesus sa papamagitan ng Kaniyang Dugong ibinubo at ibinalik ito sa tamang may-ari. Kita n'yo? Ganiyan Niya tayo binili, sa pamamagitan ng Kaniyang Dugo, ganiyan Niya binili ang Iglesia.

At ngayon, ang bautismo nito sa Apoy ang siyang lilinis dito sa lahat ng mikrobyo, lahat ng karamdaman, lahat ng sakit, maging ang lahat ng mga espiritwal na bagay, na maging sa atin man, ay ginagawa nito ang gayunding bagay; upang ihanda ito sa pananahan ng Diyos, sa dakilang panahong ito na darating, ang Bagong Lupa. Kita n'yo, tinutubos Niya ito kung paano Niyang tinubos ang Kaniyang bayan. Ginawa Niyang lahat ng magkatulad, ang Kaniyang plano ng pagtubos. Dahil, Siya ang di-nagbabagong Diyos, hindi nagbabago sa Kaniyang plano.

61 Sinabi ko na sa inyo noon, at ipinaalam ko, at sa lahat ng panahon, na ang Diyos ay hindi maaaring magbago; ipinaalam Niya ito, sa bawat kaparaanan, nang walang pagbabago.

Ipinaalam Niya. ang una Niyang mensahe, sa sanlibutan bago bumaha, sa pamamagitan ng propetang Noe.

62 Kausap ko ang isang mahal na kapatid na nakaupong kasama ko ngayon. Kahapon, ang sabi niya, "May isang bagay kang sinabi Brother Branham, na laging yumayanig sa akin." Ang sabi ko, "Ano iyon kapatid?"

At ang sabi niya, "Ganito ang iyong sinabi," at ito'y totoo, "Ang minorya, kung paanong napakaliit na lupon ang maliligtas sa araw ng Pagdating." At napag-usapan namin kug paanong sinabi ni Jesus, 'Makipot ang pintuan at makitid ang daan, at kakaunti ang makasusumpong nito.'Ngayon pansinin n'yo, ang sabi ng Biblia, 'Kung paano ang araw ni Noe kung saan ay walong kaluluwa ang naligtas sa pamamagitan ng tubig, gayon din sa Pagdating.'" Ang sabi ko, "Kapatid ang nakuha mo'y…" Ang sabi niya, "Alalahanin mo, wawalong kaluluwa lang ang naroroon." Ang sabi ko, "Kalahati lang ng larawan ang nakuha mo."

63 Gayon pa man, si Noe ay katipo ng mga natirang nakatawid, hindi ng lupong nailipat. Si Enoc, isang tao lang, ang naagaw bago dumating ang baha, ipinapakita na ang Iglesia ay hindi daranas ng kahirapan o ng anumang tulad noon. Si Enoc ay inilipat ng nag-iisa. O, maaaring maging napakarami ng iglesia;

ngunit magiging isang napakaliit na lupon ang bubuo sa Nobya. Ngayon, maaaring ang iglesia ay maging napakalaking bilang; ngunit ang Nobya, kita mo, ihambing mo ang walo sa isa. Walong ulit na kakaunti ang Nobya, kung ihahambing sa iglesia.

"At kung ang matuwid ay bahagya nang makaligtas, ang masasama at makasalana ay saan kaya hahantong," sila na nakaaalam na hindi dapat gawin iyon, bago susulong pa rin at gagawin iyon sa anu't-ano man? Sa mga sumusunod sa patakaran ng denominasyon sa halip ng Salita, saan sila hahantong, mga tinaguriang Cristiano, na dala ang pangalan ni Cristo?

64 Ngayon, walang pasubali, si Noe ay katipo niyaong mga naiwan at naligtas. Alalahanain n'yo, nang lumabas si Noe, kasama niya si Ham. Naroon pa rin ang kasalanan. Ang kasalanan ay nagpatuloy, maging sa daong. Ang di-pananampalataya, ang alinlangan ay nagpatuloy sa loob ng daong, lumulutang sa kahatulan. Ngunit si Enoc ay higit na tumaas kaysa sa daong, nagpatuloy siya hanggang sa Presensya ng Diyos. Ngunit si Noe ay dumaan doon at nakalabas, at may kasalanan pa rin doon; katipo ng Milenyum, ng kalagayan ng sanlibutan.

Hindi pa katapusan ang Milenyum. May oras pa pagkatapos ng Milenyum. Ang Milenyum ay isang panahon; ngunit hindi ang Bagong Lupa. Talagang hindi. Pansinin, diyan, darating tayo riyan maya-maya.

65 Kita n'yo, ang lupa na tinubos, ay magbabalik muli sa orihinal na may-ari. Kinuha ito—kinuha Niya ito mula kay Satanas. Binawi Niya, inagaw ang lupa kay Satanas, katulad din ng pag-agaw Niya sa inyo kay Satanas, tulad ng inagaw niya ang babae sa balon kay Satanas. Naroo't nakatayo ang saserdote, nag-aakalang kasama niya ang Diyos, at wala siyang anumang taglay. Kita n'yo?

66 Nais kong iguhit iyan para sa inyo sandali. Ngayon, nais nating maging malinaw na malinaw ito, ngayon ngayon ay masdan ninyong maigi ang tungkol sa katuruang ito. [Gumuhit si Brother Branham ng mga larawan sa pisara, para sa mga susunod na ilang talata—Ed.]

Ngayon, itong narito, ito ang Diyos. Diyos, na Eternal, walang… Walang iba liban sa Kaniya. Ngunit, sa Diyos, mayroon Siyang mga katangian. Ngayon, itong naririto ay kumakatawan sa Salita, ang Salita ng Diyos, na nagkatawang tao at nanahan sa ating kalagitnaan sa katauhan ni Jesus.

Ngayon, itong narito, ang taong ito, gagawin nating siyang tulad nito. Ngayon, ito ay tinawag na babae sa balon. Ito ay ang saserdote, at ang Fariseo. At kung saan mo nakikita ito, ang kabuuuan ng pisara, ay nangangahulugan ng biyaya at kaligtasan.

67 Ngayon, "Nang pasimula ay ang Salita. At ang Salita ay nagkatawang tao at tumahan sa gitna natin." Ang tatlong yugto. Katangian muna iyon, na nasa Diyos, na inisip Niya ang Kaniyang Sarili bilang isang tao; at iyan ang nagdala sa Kaniya sa pagiging si Jesus; at ngayon, kung ika'y maparoon kailanman, kasama ka na Niya noon pa man. Sapagkat mayroon lamang isang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, iyan ay ang Diyos; at ikaw ay kinakailangang bahagi na ng Diyos sa pasimula pa lang, hindi kung ano ang pinili mo lang dito. Pinili ka Niya. "Ang lahat nang ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit."

68 Ngayon ay tignan n'yo ang paring ito rito. Natuklasan natin ang kaniyang pang-ilalim na bahagi, rito, ang dati niyang buhay, sa likuran niya, ang kaniyang katalagahan sa dako rito, ay makasalanan. Ito ang impeyerno, dito sa ibaba.

Ngayon, ang munting bahaging ito rito, (na katulad ng pisara), iyan ang kumakatawan sa kaniyang kalinisan. Siya ay isang saserdote. Siya ay isang kagalang-galang na lalaki. Iyan ang kumakatawan dito. Siya rin naman ay isang mabuting tao, kung hindi ay hindi siya magiging isang saserdote. Ngunit, nakita n'yo kung paano niyang nakuha ito, sa pamamagitan ng intelektuwal na kaalaman.

69 Ngayon, ang babaeng ito, ang una niyang buhay, dito sa itaas, siya ay isang patutot, sirang-sira siya. Ngunit sa kaniyang kaibuturan, dito ay may katiting na unawa. "Nalalaman ko na pagparito ng Mesiyas..." Kita n'yo? Kita n'yo, naroon iyon.

Pansinin n'yo, nang si Jesus ay dumating at Kaniyang ang Salita, sapagkat kinilala ng Salita ang mga haka ng puso; gaya ng sinasabi sa Hebreo 4 na gagawin nito, 4:12, na Kaniyang gagawin ito, "Ang Salita ay kumikilala ng mga haka ng puso," at Siya ay dumating bilang Anak ng tao, ang Propeta. Ano'ng nangyari? Ang saserdoteng ito, na ang tanging taglay ay intelektuwal na kaalaman lamang, ay nagsabi, "Diablo ito," dahil iyan ang tawag ng denominasyon niya rito. Ano ang ginawa nito? Wala siyang representasyon, kaya't pinagdilim siya nito.

70 Datapuwa't ang babaeng ito ay walang maipakita; napakasama niya at napakarumi. Ngunit, pansinin n'yo, sa kaniyang kaibuturan, siya'y may representasyon, kita n'yo. At, bukod pa roon, noon pa niya inaabangan na ito ay mahayag sa laman. At nang sabihin Niya, "Humayo ka at tawagin mo ang iyong asawa at pumarito ka." Ang sabi niya, "Ginoo, wala akong asawa."

Ang sabi, "Katotohanan ang iyong sinabi, 'pagkat lima na ang iyong kinasama, at ang kapiling mo

ngayon ay hindi mo asawa. Lima na ang naging asawa mo. Kung gayon ay anim na ang iyong asawa.”

Ang sabi niya, “Ginoo!” (Hindi, “Ika'y” hindi, si “Beelzebub.”) “Napaghahalata ko na Ikaw ay isang Propeta. Ngayon, alam namin na ang Mesias, na tinatawag na Cristo, ay darating. At kapag dumating Siya, ay gagawin Niya ito.” Ang sabi Niya, “Ako ay Siya nga.” 137 Wala nang pag-aalinlangan. Hindi mo na kailangan pang ipaliwanag ito. Nakita na niya ito. Sinampalatayanan na niya ito. Kaagad siyang humayo! Bakit? Ano'ng ginawa Nito sa kaniya? Tinubos siya Nito.

Ngayon, pagmasdan, dumating Siya upang maging isang Manunubos. Tama ba iyon? [Sumagot ang kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Ano ba ang kahulugan ng tubos? “Ipanumbalik.” Bakit hindi Niya nakuha ang saserdote? Hindi siya kailanman naparoon sa itaas. Kita n'yo, wala siyang representasyon.

Dumating Siya upang tubusin yaong nahulog. Sa pagkahulog, ito ay narumihan, sa babaeng iyon; subali't siya ay nasa kaisipan na ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan, at dumating Siya, upang siya'y linisin. Kita n'yo?

71 Samantalang ang saserdote, ano'ng ginawa nito sa kaniya? Isinugo siyang muli pabalik sa kaniyang sa kaniyang destinasyon. Wala siyang kahit ano, sa simula pa lang, tanging intelektuwal na kaalaman lamang.

Ngayon, makinig ka, kaibigan, kung ang nasa iyo ay intelektuwal na kaalaman lamang, kumuha ka ng iba na higit kaysa riyan. At hindi mo kailanman Ito makukuha malibang ikaw ay may representasyon. Iyan ang dahilan sa paniwala ko kung bakit galing kayo sa silangan at kanluran, sa timog at hilaga; ang Salita, ay nabubuhay, naipamamalas:

72 Pansinin n'yo ngayon kung paano Niyang ipinakikilala ang Kaniyang daan sa pamamagitan ng mga propeta, sa pasimula. Hindi pa Niya ito binabago. 143 [Patlang sa tape—Ed.] ... kaligtasan. Inaring ganap Niya ang tao; pinabanal siya; isinugo ang Espiritu Santo at Apoy, at tinupok ang kasalanang nasa kaniya, at Siya Mismo ay tumahan sa kaniya.

Ganito rin ang ginagawa Niya sa lupa, na gagamitin Niya sa plano ng katubusan. Nagsisi ito at nabautismuhan sa tubig, sa... Kay Noe. Dumating si Jesus at pinabanal ito, sa pamamagitan ng pagpapatulo ng Kaniyang Dugo rito, at inangkin Niya ito. At sa Bagong Lupang darating, mababautismuhan ito sa Apoy na banal, upang malinisan ito sa bawat diablo, bawat mikrobyo, bawat sakit, lahat ng bagay na naroroon, at babaguhin ito. “Nakita ko ang isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa.”

Ikaw ay magiging isang bagong tao. Amen! Hindi lumang tinagpian lang sa pamamagitan ng pagsapi sa iglesia o sa pagsisikap na maglipat ng bagong pahina, kundi ikaw ay isang bagung-bagong yunit. Kinukuha ng Diyos ang lumang pagkatao at sinusunog ito ng lubos, sa pamamagitan ng Espiritu Santo at Apoy, at dumarating Siya Mismo, isinusugo ang iyong representasyon. “Walang taong makakalapit sa Akin malibang palapitin Siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay mangagsisilapit sa Akin.” Nakikita ba ninyo ito? [Sumagot ang kongregasyon, “Amen.”—Ed.] Iisang plano, iisang kaparaanan.

73 Si Satanas ay—aalisin sa lupa, katulad na katulad din ng pagkaalis kay Satanas mula sa iyo. Si Satanas ay hindi makagagambala; o, makapanunukso pa rin siya, ngunit hindi na niya makukuha ang isang Cristianong isinilang na muli. Dahil ang Diyos, mula pa nang itatag ang sanlibutan, ay nakita na siya, at Kaniyang isinugo si Jesus upang tubusin siya, at ang Dugo ay nangungusap para sa kaniya. Paano siyang magkakasala samantalang hindi na ito nakikita, maging ng Diyos? Ni hindi Niya... Ang tanging naririnig Niya ay ang iyong tinig. Nakikita Niya ang iyong representasyon. Amen! Iyan ay totoo. Kita n'yo?

74 Sa gayunding kaparaanan dahil ang mundo ay isa sa Kaniyang mga katangian tulad na lamang na ikaw ay isa sa Kaniyang mga katangian. Ang mundo ay nagiging isa sa Kaniyang mg katangian, sapagkat ito ay kaisipan ng Diyos, sa pasimula. Ang magkaroon ng mundo, lumuklok sa Trono, maging Hari, maging Manunubos, maging Manggagamot, iya'y Kaniyang mga katangian.

75 Tulad na lang ng katangian mo. Hindi ko masasabing isang—isang “poste” libang mag-isip ako ng poste. Hindi ko masasabing “tao,” malibang

mag-isip ako ng tao. At kapag naisip ko na ang tao, pagkatapos ay sasabihin ko “tao,” ang kaisipan ay katangian ko at ang pagpapahayag ay ang salita. Kita n'yo?

Tulad ni Isaias, paano niya nasabi, na “Isang birhen ang maglilihi?” Ano ba ang kaisipan?

76 Ngayon, marami sa inyo ang nagtataka kung paanong dumarating, ang pagkilala ng haka ng puso? Sasabihin ko sa inyo. Kita n'yo, ito'ysalitang sinasambit ko. At ito'y hindi ko kaisipan, 'pagkat hindi ko alam. Hindi ko alam ang tungkol sa pag-iisip nito. Paano ko masasabi kung sino ka at kung saan ka nanggaling, samantalang hindi kita kilala? Paano ko masasabi sa iyo kung ano ang ginawa mo sampung

taon na ang nakakaraan, samantalang hindi pa kita nakita sa tanang buhay ko? Paano ko masasabi kung saan mo gagawin at kung ano ang gagawin mo sampung taon mula ngayon? Paano ko malalaman ang hinaharap? Ngunit may Ibang nagmamay-ari ng kaisipang ito.

"Ang kaisipan nawa ni Cristo ay mapasainyo. Ang pag-iisip ni Cristo ay mapasainyo." Kita n'yo, kung gayon ito'y hindi n'yo na pag-iisip. Ito'y kaniyang pag-iisip, sa pamamagitan n'yo. At hindi n'yo ipinapahayag ang sarili ninyong mga salita; ang ipinapahayag n'yo ay ang Kaniyang mga Salita.

77 Ganiyan kadalasan naguguluhan ang mga kapatid, sa pagpapaliwanag ng mga wika, at mga bagay. Tignan n'yo, nagsasabi sila ng mga bagay na hindi tama, hindi nila nauunawaan na iyon pala'y si Satanas. Sasabihin mo, "Sa hardin ng Diyos?" Hintayin n'yo lang na matapos tayo, tuklasin n'yo kung ito'y tama o hindi. Ang panirang damo at ang trigo ay tumutubo sa iisang bukid. Kapwa sila nabubuhay sa pamamagitan ng iisang araw at ng iisang ulan. Kita n'yo?

Datapuwa't kung mayroon man sa inyong propeta, Akong Panginoon ay mangungusap sa kaniya. At kapag ang sinabi niya ay nangyari, kung magkagayon, Ako iyon, kita n'yo, pagkat hindi niya ipinapahayag ang kaniyang sarili. Ipinapahayag niya ang Aking mga kaisipan, ang Aking mga katangian sa mga bagay na nararapat dumating, at gagamitin Ko ang kaniyang bibig upang ihayag ang mga ito. At matapos niyang sabihin ang mga ito, kinakailangan itong matupad. Ang langit at lupa ay lilipas ngunit ang Aking mga Salita ay hindi mabibigo. 154 Ang sabi ni Isaias, "Isang birhen ang maglilihi." Sapat na iyon. Siya ay magdadalang-tao. Kung ano ang sinabi ng Diyos, Kaniya itong tinutupad.

78 O, ipinakikilala, sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta, ang lahat ng Kaniyang manipestasyon, sapagkat ang mga ito'y ang mga katangian ng Kaniyang mga ipinahayag na kaisipan.

Ngayon, gayon ang naganap, sa babaeng ito. Isa siya sa Kaniyang mga katangian. Kita n'yo?

At naroon ang saserdote na kumakatawan sa Liwanag. Natutunan niya ito sa Biblia. Natutunan niya na ang Diyos ay Diyos. Natutunan niya na tama ang kabanalan. Natutunan niya na may kautusan ang Diyos. Natutunan niya ito sa pamamagitan ng intelektuwal na pang-unawa. At siya ay isinilang sa tamang lahi. Siya ay isang Levita, ngunit alam lang niya ito sa pamamagitan ng intelektuwal na unawa. At nang ang Liwanag ng panahon... Kita n'yo, natutunan niya ito sa pamamagitan ng kung ano ang nangyari, hindi ng kung ano ang nangyayari; kung ano ang nangyari! At nang matuklasan na niya kung ano ang nangyayari, walang masabi ang denominasyon niya tungkol Dito, kung kaya't wala siyang representasyon Nito.

79 Ngunit narito sa lupa ang Manunubos ng oras na iyon, upang tubusin ang mga katangiang iyon ng Diyos, at tinanggap ito ng babae. Hindi niya kinuwestiyon Ito. Ang sabi niya, "Kapag naparito ang Mesias, gagawin Niya ito," at sapat na iyon. At nakita niyang naganap iyon, kaya... Ang sabi Niya, "Ako ang Mesias," kaya iyon ang naglinaw nito. Wala nang tanong. Humayo na siya na sinasabi sa lahat, "Halikayo, tignan n'yo kung Sino ang natagpuan ko."

80 Ang mga prosesong ito ang naglilinis sa atin, isang templo para maging dakong tahanan Niya: pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espiritu Santo sa Apoy. Iyan ang lumilinis sa (ating) templong ito.

81 Kaya, tulad ng balangkas ng lumang mundo na hindi nasira, sa pamamagitan ng tubig nang ito'y hugasan; ang balangkas ng planeta, ang dating balangkas, ang—lahat ng dumi, lahat ng bagay na inilagay ng Diyos sa lupa, ay hindi nasira nang ang mundo ay wasakin. At ang sabi ng Biblia ay "nawasak" ito, ngunit hindi kailanman nito nawasak ang balangkas. Winasak lamang nito ang kasalanan at ang mga makasalanang narito. Nanatili ang balangkas.

82 Ngunit, nakita n'yo, gaya ng pag-aaring ganap, tulad ng gusto ninyong ipalagay, kayong mga Baptist at Methodist tungkol dito, pag-aaring ganap lamang, ang pagsampalataya at pagpapabautismo, ay hindi sapat. Kayo'y magpapaikot-ikot lamang pabalik sa mga bagay ng sanlibutan, at puputulan ang inyong buhok at magsusuot ng shorts at kahit ano pa. Kita n'yo, wala pang nangyayari. Lumingon ka pa lang sa likod at nakita ang iyong mga maling ginawa.

83 Ano ba ang ginawa ng pag-aaring ganap sa sanlibutan. Wala ni isa mang bagay na ginawa ito rito; nagpasimula itong muli, singrami pa rin ng dati ang kasalanan. Iyan ang gawi ng tao, at hanggang doon lang siya umabot.

Ganiyan ag dapat makita ng dakilang ebanghelistang si Billy Graham. Ang sabi niya, "Pupunta ako roon at makakaakay ng tatlumpong libo, pagbalik ko sa susunod na taon, wala man lang tatlumpong nanatili." Hanggang don lang ang naabot nila. Kita n'yo? At tiyak na nagsisi sila. Naniniwala akong nagsisi sila; marami sa kanila, o ilan sa kanila kahit paano. Ngunit hindi iyon ang kailangan. Pinatutunayan ito nito rito.

84 Ngayon, kaya ang dating balangkas ay hindi nawasak ng tubig, ang mundo ay hinugasan lamang.

Tinanggap nito ang kaniyang bautismo. Binautismuhan ito. 165 Kaya nga ang balangkas ay maiiwan pa rin, kahit pa nga sunugin ito ng Apoy. Hindi nito wawasakin ang lupa, kita n'yo, ang wawasakin lamang nito ay ang kasalanang naririto.

85 ay ang kasalanang naririto.

Pansinin n'yo rito, iulan sa inyongmag-aaral ng Biblia, (at lalong-lalo na kay Dr. Vayle, na nakatingin sa akin.) Pansinin sa Pedro, sa ika-2 kabanata ng Pedro, ika-3 kabanata pala, ginamit niya ang salitang “sanlibutan” tulad ng salitang kosmos sa Griego, na nangangahulugang “ang kaayusan ng sanlibutan.” Ang lupa (sanlibutan) ay mapaparam, at ang mga bagay ay mapupugnaw sa matinding init.‟ Kita n'yo? Hindi nangangahulugan na ang lupa, ang planeta ay mapaparam. Bawat bagay na minsang... 167 Minsan nang inuga ng Diyos ang sangkalangitan, ngunit sa pagkakataong ito ang sabi Niya ay Kaniyang uugain ang lupa, ang sangkalangitan at ang lupa... ”Inuga Niya ang lupa,‟ pla, at sa pagkakataong ito ay uugain Niya pati ang kalangitan.” Kita n'yo? “Sapagkat tatanggap tayo ng isang Kahariang hindi matitinag. Ito'y isang Kahariang Walang Hanggan.” Masdan n'yo kung paano Siyang tutungo rito.

86 Pansinin n'yo rito, ang sabi ni Pedro, “At mapupugnaw sa matinding init, at ang mga gawang naroon ay matutupok,” hindi ang planeta. “Ang mga gawang naroroon,” ang mga gawa ng tao, lahat ng kanilang mga pulitika at mga panukala, at lahat ng kanilang mga denominasyon at mga panukalang gawang-tao, lahat ng ito'y mapapasama rito kapag ito ay sinunog.

87 “At ang sangkalangitan ay mapaparam na kasabay ng isang malakas na ugong.” Napansin ba ninyo rito? “Ang sangkalangitan ay mapaparam na kasabay ng isang malakas na ugong.” Makinig kayo! Ang buong lupa ay magliliyab, at pasisiklabin ang mga gas na nasa lupa at sasabog ito. Ganiyangganiyan nga. Pag-usapan... Ang sabi ng Biblia rito, ang sabi ni Pedro, “At ang sangkalangitan ay mapaparam, at ang lupa, na may isang malakas na ugong.” Yayanigin ito ng napakalakas na pagsambulat na iyon, ay naku, dahil kailangan nitong patayin ang bawat karamdaman, bawat tawag, bawat tinik. Bawat bagay doon ay matutupok, ang Apoy ang siyang susunog dito. At alalahanin ninyo, hindi lahat ng ito ay literal na apoy, ito'y banal na Apoy din, kita n'yo, iyan ang mag-aalis kay Satanas at sa lahat ng kaniya, lahat ng mga diablo. “Kapwa ang langit at lupa,” amen, “ay mapaparam,” papatayin ang lahat ng mikrobyo, lahat ng insekto, lahat ng natural na buhay dito at sa paligid nito, maging ang H2O (ang tubig) ay sasabog. Isipin n'yo ito. Kung ingay ang pag-uusapan!

Iniisip ninyo na ang ugong na iyon dito sa Tucson ay matindi na nang buksan Niya ang anim na Tatak, na umuga sa buong bansa, at naging sanhi ng usap-usapan. Hintayin ninyong tanggapin ng lupa ang kaniyang bautismo!

88 Alam n'yo, kapag tinanggap ng tao ang bautismo ng apoy, maraming ingay na maririnig sa paligid. Iniisip nilang iyan ay kahihiyan, na marinig ang mga taong humiyaw at sumigaw ng ganiyan. Hintayin lang inyong matanggap ng lupa ang kaniyang bautismo! Siya nga, ito ang magpapaliwanag nito.

Pasasabugin ito, ang H2O, ang tubig, dahil ang sabi ng Biblia rito sa Apocalipsis 21, “at wala nang dagat,” pinasabog na ito. Babaguhin nito ang mukha ng buong lupa. Siya'y sasambulat at magkakapira-piraso. Ang lahat na labas na bahagi nito, ang nasa ibabaw, at daan-daang dipa sa ilalim nito, ay pawang mapupugnaw ng lubusan. Ang mga papawirin, ang mga gas na nangasa lupa ngayon, kung saan ay natatagpuan nilang ang mga missile na ito ay hindi makatagos dito, isang malaking bilog ang ang nasa ibabaw nito, nakapaibabaw ang kung anong uri ng bilog na nagtataglay ng lahat ng uri ng mga gas, anila, at iyan ay sasambulat. Ang banal na galit ng Diyos ay darating dito, kita n'yo, at huhugasan ito, babaguhin nito ang kabubuang mukha nito.

89 Ngayon, ang marami sa inyo na gustong isulat ang salitang ito, ang salitang Griego na “naparam.” Nagmula ito sa salitang... Kailangan kong hanapin ito. Inisip ko, “Paanong mapaparam ang sanlibutang ito, at pagkatapos ay maninirahan dito'” Ngunit kung papansinin ninyo, kayong mga nagnanais na isulat ito, babaybayin ko ito para sa inyo. hindi ko ito mabigkas, p-a-r-e-r-e-c-h-o-m-i-a. Hindi ko alam bigkasin ito.

Ngayon, sa paraang iyan, tulad ng sabi ko, kapag nakuha ko... Kapag dumating sa akin ang inspirasyon para sa anumang bagay, sa oras na iyon ay nagbabalik ako upang alamin ang salita. Ngayon, dito, hindi ko mabaybay ang salita, o hindi ko—hindi ko mabigkas ito. Ngunit diyan, ang Panginoon ay nagbigay pa rin sa akin ng isang paraan. Inalam ko kung ano ang kahulugan

ng salita, pagkatapos ay nakukuha ko ito. Kita n'yo? Pagkatapos ay nakukuha kong muli. Kita n'yo?

Ang sangkalangitan at ang lupa ay mapaparam ngayon, ang salitang ito ay nangangahulugang, “paglipat sa isang anyo patungo sa isa pa.” Hindi ito nangangahulugan ng “anihilasyon,” tulad ng salitang ingles na nangangahulugang “naparam”, ito'y naglaho. Ngunit ang salitang Hebreo, o ang Griego dito, ay hindi nangangahulugang naparam; ang kahulugan nito ay, “paglipat mula sa isang bagay tungo sa isa pa.” Tignan n'yo, kundi, “lumipat mula sa isang kalagayan,” ang sabi nito, “tungo sa isa pa.”

90 Ngayon pansinin n'yo, ginamit ito ni Pablo, kung gusto ninyong basahin ito ngayon. Isulat n'yo ito mamaya. Sa Tito 3:5, ginamit ni Pablo ang salita ring ito, na nangangahulugang muling kapanganakan ng tao, na ang tao'y lumipat mula sa pagiging makasalanan, patungo sa pagaging banal, hindi talaga naglaho. Kapag ang tao ay nabago, hindi siya naglalaho, kundi siya'y isang taong nabago. Siya ay binago mula sa kung ano siya noon tungo sa kung sino siya ngayon, hindi pinaglaho.

91 Ginamit ni Jesus ang gayon ding salita sa Mateo 19:28, ngayon, hindi 28:19. Ngayon 19:28, sinabi Niya sa kanila, "Kayo'y luluklok na kasama Ko sa Kaharian ng Aking Ama, pinagbagong lahi" kita n'yo, "binago", kapag ika'y binago. Ginamit Niya ang salita ring iyon.

At ginamit din Niya ang gayunding salita nang sabihin Niya, sa babaing asno, ang sabi, "Kalagan ninyo ang babaing asno at hayaang siyang umalis." 179 Gayon din ang sinabi Niya sa pagkabuhay na muli ni Lazaro, "Kalagan n'yo siya! Baguhin n'yo siya! Nakagapos siya; pkawalan n'yo siya!

Ano'ng kahulugan nito? Ang lupa ay kakalagan mula sa pagkakahawak ni Satanas. Ito'y kakalagan mula sa mga pulitika, ito'y kakalagan mula sa makadenominasyon at maka-relihiyong sistema; upang magamit para sa Kaharian ng Diyos, upang maitatag ito rito sa lupa. Subalit habang ito'y nasa mga kamay pa ni Satanas, ng pulitika... Si Satanas ang pinuno ng lupa, pag-aari niya ito; nauukol ito sa kaniya, ngunit ngayon ay tinubos na ito ni Cristo.

92 Dati, pag-aari niya ako, ngunit hindi na ngayon. Dati, ang munting babaing iyon ay pag-aari niya, ngunit hindi na ngayon. Kita n'yo, Siya ay dumating upang kalagin ang pagkakahawak nito. Kinalag Niya ang pagkakahawak ng kasalanan, ni Satanas, sa aking buhay, sa iyong buhay, at ngayon tayo'y hindi na sa kaniya.

Madalas ba ninyong marinig na sinasabi ko sa panalangin, "bitiwan mo ang mga pag-aari ng Diyos?" Kita n'yo? Amen! Magkaroon kayo ng pananampalataya upang angkinin ang sa inyo. Karapatan ninyo iyan. "Bitiwan

mo siya! Bitiwan mo siya!" Kita n'yo, gagawin iyan ng pananampalataya. Ay, naku! Hindi paglalahuin ito, kundi, "Alisin mo lang ang iyong mga kamay dito," upang pawalan ito, pakawalan ito, palipasin ito. Nag-iiba ito.

Ang lupa ay mababago. Ang mga pulitika ay mababago. Ang mga denominasyon ay mapaparam. Ang mga pulitika ay mapaparam. Ang Kaharian ng Diyos ay maitatatag.

93 Mababasa natin sa Juan, basahin ang sabi ni Juan sa Apocalipsis 6:14, kita n'yo, "ito ay napawi na gaya ng isang lulong aklat." Ang Biblia ang nagsabi na ang... Na ito... Ang sabi ni Juan, "Nakita ko ang langit at lupa na napawi na gaya ng isang lulong aklat." Sa Juan, Apocalipsis 6:14.

Ang sabi ni Jesus, "Ang langit at lupa ay lilipas," o sa ibang salita, "ang langit at lupa ay babaguhin." Kita n'yo, ginamit muli ang gayon ding salita roon. 186 Hindi, hindi naglaho. Sapagkat sa huli, sa Apocalipsis 21: hanggang 24, nakita niya ang Bagong Jerusalem na bumababang galing sa Diyos mula sa Langit, at lumalapag sa lupa. Hindi nangangahulugang ito'y paglalahuin. Ang mga sistema ang siyang babaguhin.

94 Nakita rin ni Daniel ang mga bagy na ito. Isang Bato ang tumama sa sanlibutan, natibag hindi ng mga kamay; at ang buong imahe ng sistema ay nadurog at naging tulad ng ipa sa giikan sa tag-araw at ito ay tinangay ng hangin. At ang Bato, Mismo, ay tumubong gaya ng isang malaking Bundok na tumakip sa lupa. Abangan n'yo ang bundok na iyan ngayon, maya-maya. Ang Bundok na iyan ay tumakip sa lupa. 188 Gayon din, natuklasan natin dito, maging sa Apocalipsis, sinabi nito, "Ang mga hari sa Bagong Lupa ay mangagdadala ng kanilang karangalan at kaluwalhatian dito." Sa lupa, ay nakalapag... Ang Bagong Jerusalem ay lalapag sa lupang ito. Kita n'yo, nabago lang ito.

95 Ikaw pa rin ang dating lalaki, sa kabuuang sukat mo, nang tawagin ka ng Diyos, ang dati ring babae. Ngunit kita mo, anong ginawa nito, ito ay isang muling kapanganakan. Ang dating buhay ay naparam na. Ang dating nasa ay naparam na. Noon, dati kang umiinom, at nagmumura, at nababahala at nagaalala, at nagwawala at imoral, ang mga bagay na iyan ay sadyang namatay na. Kita n'yo? Ngunit ngayon, ikaw ay ginagamit... Noon ikaw ay instrumento ni Satanas; ngayon ikaw ay tinubos na.

At ganiyan ang mangyayari sa lupa, sa paraang ding iyan, tinubos, isang Bagong Langit at Bagong Lupa.

Katulad n'yo, "Kayo ay bagong nilalang." At ang salitang Griego diyan, lahat ay nakakaalam niyan, ang sabi, "Ikaw ay isang bagong nilalang." Amen! Isang bagong nilikha sa dati ring templo. Aleluia. Masdan n'yo kung ano ang nangyayari rito ngayon. Maluwalhati! Tama.

96 Ngayon, natuklasan natin na hahawakan ng lupang ito ang mga hari ng lupa.

At muli, sa Mateo 5:5, ay sinabi ni Jesus, "Ang maamo ay magmamana sa lupa." Hindi magkakaroon,

hindi magkakaroon ng bagong lupa. Ito'y ang dati pa ring lupa. Sinisikap kong maparating ang—ang plano ng katubusan ng sa inyo, dati, ngunit wala akong makuhang anupaman, kita n'yo. Ang bautismo ng Apoy, dito, ay maglilinis lamang dito at gagawin itong angkop na dako para panahanan ng Kaniyang maaamo. Kita n'yo? O!

Tulad ng ginawa Niya sa atin, na Kaniyang nilikha, upang panahanan. Bago Siya makapasok dito, kinailangan Niyang ibigay sa atin ang bautismo ng Apoy, pagkatapos ang Espiritu Santo ay papasok at mananahan, bautismo ng Apoy. Kung magkagayon, kapag natanggap mo na ang Bautismo ng Apoy na iyon, ay makapananahan na ang Espiritu Santo. Ano? Habang nangyayari ito, sinusunog nito ang lahat ng laban sa Salita, palabas sa inyo. Kita n'yo? Hindi nito pinaniniwalaan ang anumang iba pa kundi ang Salita, sapagkat Ito ay ang Salita.

97 Ngayon, iyan ang pinag-uusapan namin noong isang araw, ang ebidensya ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Ang ebidensya ng Espiritu Santo ay kapag kaya mong tanggapin ang Salita; hindi ang kung anong sistema, kundi ang pagkakaroon ng malinaw na unawa. Paano mong malalaman na ang Salita ay malinaw, na nauunawaan mo Ito? Masdan mo kung paano nitong binibindika ang Sarili Nito.

"Aba," sasabihin mo, "Nakikita ko Itong gumagawa ng ganito, at ganiyan." Ay, oo, ang mga dawag ay nabubuhay din ng ganiyan. Kita n'yo?

Ngunit kailangang ito'y maging ang kabuuan ng Salita. Upang maging Nobya, kailangang maging bahagi ka Niya. Siya ang Salita. Kita n'yo? At anu'ng bahagi Niya ito? Ang Salitang ipinangako sa araw na ito kapag tinawag Niya ang Kaniyang Nobya. Maging bahagi ka niyan. Nakuha mo? Ngayon, huwag—huwag ninyong pakakawalan iyan ngayon. Pansinin n'yo. At ginagawa Niya itong angkop na dako upang panahanan sa buong Walang Hanggan.

98 Pansinin n'yo, hindi pa rin ito tumutukoy sa... Ang paghahari sa Milenyum, ang sanlibong taon, hindi pa iyon ang Bagong Lupa. Kita n'yo, ang paghahari sa Milenyum ay ibang paghahari. Diyan tayo patungo, ang Milenyum, ngunit hindi pa iyan ang Bagog Lupa at Bagong Langit. Hindi, hindi. Iya'y dakong pahingahan lamang, kita n'yo, isang panahon ng kapahingahan, hindi ang Bagong Langit at Bagong Lupa, dahil kita n'yo sa Milenyum ay mga bagay pa tayong hindi makapapasok doon. Ito'y tipo ng dating ikapitong araw, doon sa Eden; ang ikapitong araw, matapos Niyang gawin ang sanlibutan. Sa ikapitong araw, nagpahinga Siya sa Eden, at sa Milenyum.

99 Kita n'yo, ang sanlibutan ngayon ay halos mag-aanim na libong taon na. Kita n'yo? At sa bawat dalawang libong taon ay nagkakaroon ito ng isang— isang pagkawasak. Kita n'yo?

Sa unang dalawang libong taon, dumating ang baha, at binautismuhan Niya ito sa (ano?) sa tubig.

Sa kasunod na dalawang libong taon, si Jesus ay dumating upang linisin at angkinin ito, pinatulo ang Kaniyang Dugo rito, tinawag itong Kaniya. Tama. 202 "Ako'y muling darating," a-ha, ngayon bilang Hari kasama ang Kaniyang Reyna, at ang ikalawang dalawang libong taon (ano ang gagawin Niya?) Darating Siya at ibibigay ang panahon ng Kaniyang kapahingahan.

At pagkatapos ay susunugin siya, at aangkinin ito para sa Kaniyang Sarili; ilalagay ditong muli ang Kaniyang pag-aari.

At pansinin n'yo, hindi ang sakdal na daigdig, ang Milenyum na ito, ito'y tipo ng ikapitong araw. At pagkatapos ay darating ang Puting Trono ng Paghatol. Kita n'yo, mayroon pa rin tayong paghatol. Tayo'y nasa oras pa rin, sa Milenyum. Ito'y isang araw, isang libong taon. Ito'y elemento ng panahon. Hindi, huwag ninyong ipagkamali iyan sa Bagong Lupa, ngayon, 'pagka't hindi iyan iyon.

100 Maaaring sabihin ninyo ito sa akin. Ngayon ay nadarama kong maaaring may magsabi nito sa akin, na, "Ngayon, Brother Branham, ano ang gagawin mo ngayon? Naubusan ka na ng pito mong kumpleto. Saan ka tutungo ngayon? Ngayon, ika'y isang dispensasyonalista." At gayon nga ako. Naniniwala akong gayon din ang Diyos. Tandaam, pansinin n'yo. "Naubusan ka na ng mga tipo ng dispensasyon. Dahil kung maglalagay ka ng higit pa sa ikapitong araw, paano mong makukuha ito? Saan ka na tutungo ngayon?

O sige, kukunin ko ang inyong atensyon sa isang bagay, kita n'yo. Kita n'yo? Hindi, hindi, hindi pa ko nauubusan ng dispensasyon. May isa pa akong Kasulatan dito. At alalahanin n'yo, lahat ng ito ay dapat matupad, bawat bahagi Nito. Kita n'yo?

101 Ngayon, sasabihin n'yo, "Brother Branham, ika'y naglalagay ng isang bagay na lampas pa sa ikapitong araw na iyan, sa ika-pitong araw na sabbath."

Kung paanong ginawa ng Diyos ang mundo at nagpagal sa anim na araw, at nagpahinga sa ika-pito, ay isang tipo lamang ng panahon, panahon. Ngunit kasasabi ko lang dito, tayo ay magiging Eternal.

"Kung gayon, nasaan ang iyong tipo ngayon? Ang sabi mo'y tipolohista ka. Kung gayon, naubusan ka na ng mga tipo ngayon." Hindi, hindi pa ako nauubusan. Tingnan lang natin kung mayroon pa tayo.

102 Dumako tayo sa Levitico, pabalik sa ika-23 kabanata ng Levitico. Ngayon ay gusto kong pansinin ninyo sa Levitico, kung saa'y tumalakay tayo noong nakaraang Linggo, o noong nakaraang... Ito ang nagbigay sa akin ng ideya, dito mismo. Ang ika-23 kabanata ng Levitico, at ang ika-26 na talata.

Ngayon alalahanin ninyo, may pitong araw ng kapistahan. Ang pista ng mga pakakak, ang pista ng mga tabernakulo, ang pista ng pag-aalay ng mga bigkis, ang... Lahat ng ito, may pitong araw ng dakilang kapistahan, iyan ay tipo lamang ng Panahon ng Pitong Iglesia. At natatandaan n'yo ba kung ilang sabbath mayroon sa pagitan ng bawat isa? Kita n'yo, pitong sabbath sa pagitan ng Pentecostes at ng mga pakakak, na siyang Panahon ng Pitong Iglesia. At may pitong araw ng kapistahan, na kumakatawan sa Panahon ng Pitong Iglesia. Ipagpatuloy ninyo ang inyong mga bilang.

103 Sasabihin n'yo, "Aba, ngayon, Brother Branham, naubusan ka na. Nakapito ka na."

O sige, kunin natin ang huling pista, na siyang pista ng tabernakulo. Ngayon, pansinin n'yo rito sa ika-36 na talata. Pitong araw na maghahandog kayo sa Panginoon ng handog na pinaraan sa apoy: sa ikawalong araw—sa ikawalong araw ay magkakaroon kayo ng banal na pagpupulong (may isa pang banal na panahong darating)... magkakaroon kayo ng banal na pagpupulong; at kayo'y maghahandog sa Panginoon ng handog na pinaraan sa apoy: at siyang pinakadakilang kapulungan; huwag kayong gagawa ng anumang gawang paglilingkod.

Ngayon ay mayroon na tayong "ikawalong araw." Ngayon, mayroon lamang pitong araw, ngunit dito ay nangungusap tayo tungkol sa "ikawalong araw," isang banal na pagpupulong, pagpupulong. Pansinin, "Huwag kayong gagawa sa araw na ito." Ang ikawalong araw, ay (ano?) pagbalik sa unang araw. Aba'y nangungusap ito tungkol sa Walang Hanggan, habang siya'y umiikot ng walang hinto. Amen. Nakikita ninyo ito? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen"—Ed.]

104 Pansinin n'yo, dito rin sa ikawalong araw na ito. Huling araw, pista ng tabernakulo, pansinin n'yo pagkatapos niyan, matapos ang huling araw ng kapistahan, pagkatapos ng huling Panahon ng Iglesia, pagkatapos ng huling kumpletong pitong araw sa lupa, pagkatapos ng Milenyum magaganap ang Banal na Pagpupulong.

Alalahanin n'yo, ito'y pista ng mga tabernakulo, mga tabernakulo, "mga dakong pinagtitipunan." Amen! Saan, "Sa Milenyum," ang sabi ng Biblia, "sila'y mangagtatayo ng mga bahay; kanilang tatahanan."

Ngunit sa Bagong Lupa, Siya ay pumaroon na at inihanda na ang dakong iyon. Iyo'y naitayo na. Walang tayong kinalaman sa pagtatayo nito. Amen. Eternal! O, sadyang mahal ko ang Salitang yan! Naku! Isang Banal na Pagtitipon, ang ikawalong araw. At pito lamang ang araw. Pagkatapos sa ikawalong araw, na nagbabalik muli sa unang araw, babalik mismo sa unang araw, ang ikawalong araw ay isang Banal na Pagpu... Pagpupulong.

105 Pansinin n'yo, ang pitong araw ay may kinalaman lamang sa lumang paglikha, panahon ng sanlibutan. Pitong araw, iya'y ang Milenyum, ang araw ng kapahingahan. Kung paanong ang Diyos ay nagpagal sa loob ng anim na araw, nagpahinga sa ikapito; ang Iglesia ay magpapagal sa loob ng anim na araw, at magpapahinga sa ikapito, ngunit ika'y nasa elemento pa rin ng panahon. Hindi ako nangungusap tungkol sa Eternal.

Ngunit nakita n'yo, walang walong araw; bumabalik kang muli sa unang araw, kita n'yo, ang unang araw.

106 Ang sabbath ay nangungusap tungkol sa matandang kautusan, na lilipas. Ang pangingilin ng sabbath, na, "lumipas na," o, ang sinabi ko, "binago." Hindi ito lumipas; binago lang ito mula sa matandang kautusan, na pangingilin ng isang araw ng linggo.

Sa Isaias, ika-19 na kabanata, ang sabi, sa paniwala ko ay sa 28:19, ang sabi, "Utos at utos; dito'y kaunti at doon ay kaunti," "Panghawakan ninyo ang mabuti." "Sa pamamagitan ng ibang pangungusap at iba't-ibang wika ay mangungusap ako sa bayang ito. At ito ang kapahingahan." Kita n'yo?

Ikaw ay pumapasok sa Buhay, hindi nagingilin ng isang araw o anino. Sinabi ni Pablo, doon sa ikaapat na kabanata ng Hebreo. "Nangingilin kayo ng mga araw at mga anino, at mga bagay na tulad niyan; ako'y nangangamba tungkol sa inyong karanasan." Kita n'yo, hindi tayo lumilipat tungo sa kung anong araw at kalagayan. "Ika'y lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay na Walang Hanggan," hindi mga araw at panahon. Ika'y lumipat na sa Walang Hanggan. Iyan ang banal na pagti... Pagtitipon pala.

107 Pitong araw, masdan n'yo, na "lumipas," o, gaya ng nasabi ko, na "mababago tungo sa isa pa." Ang walong araw ay tumutukoy sa bagong nilalang, kita n'yo, hindi sa dating nilalang. Ang walong araw ay bagong nilalang.

Sapagkat, sa ikawalong araw bumangon mula sa mga patay ang ating Panginoon. Hayan ang isa mo pang pagtitipon, ang kabanalan; ni hindi ibinibilang ang mga sabbath, o ang pista ng mga tabernakulo,

pista nito, at ang pista ng pentecostes. Si Jesus ay nagbangon mula sa mga patay, para sa ikaaaring ganap natin, sa ikawalong araw. Pagkatapos ng pitong sabbath, o pitong araw, Pitong Panahon ng Iglesia, si Jesus ay nagbangon mula sa mga patay. Walong araw, na isang banal na pagpupulong, kita n'yo, na siyang unang araw.

Kita n'yo, kayo'y lumampas na sa panahon, at muling nahulog tungo sa Walang Hanggan; hindi ang pangingilin ng araw at pangingilin ng Sabbath; at ang bagong buwan, at mga bagay na tulad niyan. "Kundi lumipat na," binago ang iyong anyo; hindi naglaho. Luwalhati! "Kundi lumipat mula sa kamatayan tungo sa Buhay na Walang Hanggan." "O, anong ganda ng itinuturo sa atin ng Biblia! Kita n'yo, lumipat mula sa isa tungo sa isa pa."

108 Buweno, "lumipat," ang dating sabbath ay lumipas na. Si Jesus ay nagbangon sa ikawalong araw. Iyon ay isang mataimtim na araw, banal. At iyon ay hindi isang araw, dahil ang araw; ang oras, ay naubos na. Lumipat na ito sa Kawalang Hanggan. Kita n'yo, ito ay muling nagbalik sa unang araw. Kita n'yo?

Ang Walang Hanggan ay tulad ng isang singsing. Wala kang makikitang kanto rito. Hindi ka makasusumpong ng hintuan sa isang perpektong bilog. Ikaw ay magtutuloy-tuloy. Kahit gaano man kalayo ang marating mo, patuloy ka pa rin. Maaari kang magsimulang lumibot ng tulad nito; simulan mo sa sahig, tagusin mo ang lupa, lampasan mo ang mundo, patuloy ka pa rin sa pag... [Patlang sa tape—Ed.]

Lahat ng bagay na nilikha dito, ay binaluktot, hindi nilikha, ni Satanas, ay lalagpak kapag ang malaking ginintuang kampana ay kumalembang at tumunog ang isang Pakakak.

At doon sa pinakasimula, kung saan ang posteng-ikitan ay ginawa sa Eden, nang dumating ang tao sa lupa ay siya ay mahulog, isang munting kordero ang nagbubuo ng kaniyang dugo, na nangusap tungkol sa dakilang Corderong darating upang magbubo ng Kaniyang Dugo. Itinaas ng Kalbaryo ang krus, na nagtali sa lumang Tipan; sa kanila na inaring-ganap, at nag-abang Dito. At sa bagong dispensasyong ito, sa pagdating ng Panginoon, sa Bagong Lupa, ang lubid ng kaligtasan (ang Dugo, ang tinubos na Kapangyarihan na aking tinutukoy, at sa pamamagitan ng sistema ring iyon ay tumubos kapwa sa tao at sa lupa) ay muling magtataas dito tungo sa Walang Hanggan. At tutupukin ng Dagat-dagatang Apoy ang bawat bagay na masama at hindi nakatalaga Rito. Nakikita ba ninyo ito?

109 Pansinin, sa ikawalong araw ay nagbangon si Jesus para sa ating pagaaring ganap. Ang Eternal na Hari, kasama ng Eternal na Kaharian upang mabautismuhan tungo rito, patungo sa Buhay na Walang Hanggan. Hindi pitong araw; walang kinalaman ito sa alin mang araw. Ito'y tumutukoy sa isang Eternal na panahon, ang Daigdig na tinutukoy ko.

110 At pansinin n'yo, pagkatapos ng limampung araw, o pitong sabbath mula riyan, darating muli ang isa pang banal na pagpupulong. Anong nangyari? Ang Espiritu Santo ay nanaog sa araw ng Pentecostes, sa ikapitong araw... O, sa ikawalong araw pala, ito'y natapat sa ikawalong araw. Iyon ay pagkatapos ng pitong sabbath, tamang-tama, pagkatapos ng Kaniyang Pagkabuhay na mag-uli, kita n'yo; kaya ito'y magiging makapitong ulit niyang muli, ibabalik itong muli sa unang araw ng sanlinggo, tamang-tama. Kita n'yo?

111 Hayan ang banal mong pagpupulong, walang kinalaman sa mga bagay na literal. Lampas ito riyan. Ito'y sa Kaharian ng Diyos, na may Buhay na Walang Hanggan, kasama ng predestinado na hindi kailanman nagpasimula. Hindi kailangang nagsimula sa anumang araw. Ikaw ay dati nang ligtas. Amen. Dumating lamang si Jesus upang tubusin iyan; ngunit ikaw ay ligtas na, doon pa lang sa pasimula, sapagkat mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, sa pasimula pa lang.

112 Ang isang salmon ay hindi kailanman magiging isang gar o isang butete. Maaaring magkasama sila sa iisang tubig, ngunit dati na siyang gayon, sa pasimula pa lang ay salmon na siya. Nahuli lamang siya ng lambat, kita n'yo, ngunit ganoon na siya sa pasimula pa lang. Hayan na iyang...

Ngayon, hindi pa tayo nauubusan ng dispensasyon. Naubusan na ba tayo? Tugma pa rin tayo sa Kasulatan. Pagkatapos ng limampung araw, ito ay dumating.

113 Kita n'yo, ang walo ay hindi maaaring ibilang sa sanlinggo. Kita n'yo, hindi ito maaaring ibilang, walong araw sa isang linggo. Hindi mo magagawa iyan, kita n'yo, dahil may pitong araw lang sa isang linggo. Kahit paano mo pa bilangin ito. Ang Linggo ay ang unang araw ng sanlinggo. Kita mo, bumilang ka ng pito, kung gayo'y kakailanganin mong bumalik at magpasimulang muli. Bumilang ka ng pito, babalik at babalik ka at magsisimulang muli. Kita n'yo?

114 At tayo'y nabuhay sa lahat ng mga tipong ito rito, ngunit kapag umabot ka na sa ikawalo, papasok ka na sa Walang Hanggan. Hindi ka paparito sa pamamagitan ng mga kautusan, at mga ritwal at mga kaayusan. Paririto ka sa pamamagitan ng predestinasyon. Amen! [Pumalakpak ng tatlong beses si Brother Branham—Ed.] Hayan ang isang tunay, banal na pagpupulong! Kita n'yo? At tayo'y patapos na sa

ikapitong panahon ng iglesia, ang panahong Pentecostal. Nakikita ba ninyo ito? Pumapasok na tayo sa banal na pagpupulong na iyan. Papasok na tayo sa tunay na Walang Hanggang iyan, kung saan tinawag ang Iglesia; hindi sa kung anong istasyon, kung anong denominasyon, kundi sa Walang Hanggan kasama ng kanilang Haring Walang Hanggan. Kita n'yo? Hindi na natin taglay ang lahat ng mga ito, wala nang anumang bagay tulad ng mga araw, at mga bagay, at mga panahon. Ika'y lumipat na patungo sa Walang Hanggan, kung saan ka nagmula. Naroon ka na, sa pasimula pa lamang. Kita n'yo?

115 Kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, iisa lang ang anyo nito, iyon ay ang Diyos, at ikaw ay isang naipahayag na katangian. Kita n'yo? Kung ikaw... Kung hindi ka gayon, hindi ka mapaparoon, sa anumang paraan. "Walang sinumang makalalapit sa Akin malibang palapitin siya sa Akin ng Aking Ama." Kita n'yo? At "lumipas," lahat ng mga dating bagay na ito; ngunit ang mga Bagay na ito ay hindi, kaya ito'y nangungusap tungkol sa Walang Hanggan. Ang Espiritu Santo ay Walang Hanggan. Kung magkagayon, ikaw ay nasa Walang Hanggan, kung nasaan ka dati, ngunit napagkilala mo lamang kung ano ang nangyari.

Kita mo, nilikha ka para sa isang Walang Hanggang layunin, sapagkat ikaw ang manipestasyon ng katangiang nasa Diyos, na umisip sa'yo at nagpahayag sa iyo, at lumikha Siya ng lupa upang kunin ka Niya mula rito, at gawin kang isang tao. At dumating ang kasalanan at iniliko ang Kaniyang daan. Ganoon pa man ay dumating ka, ngunit naligaw kang kasama ng sanlibutan. Kaya dumating Siya at tinubos ka, ang katangiang nahayag, at tinubos din ang lupang ito sa gayon ding paraan. Nang magkagayon, ang layunin Niya ay nagpatuloy sa paggulong. Kita n'yo? O! Aleluia! O, napakainam niyan para sa akin, isipin lang ninyo kung ano ang nasa hinaharap.

116 Ngayon, sa Efeso 1:10, ito'y tinawag na... Ngayon, kung isinusulat n'yo ito, efeso 1:10, tinawag itong, hindi isang dispensasyon, hindi ang ikapitong araw. Ito'y tinawag na, "Ang kaganapan ng panahon." At kapag "ang kaganapan ng panahon" ay dumating, iya'y kapag ang panahon ay natupad na. Kapag wala nang oras, kung magkagayon ay tutungo ka na sa Walang Hanggan, kapag natapos na ang ikapitong kapanahunan ng Iglesia, at gayon na nga; ang panahon ni Luther ay tapos na, ang panahon ng Methodist ay tapos

na, ang panahon ng Pentecostal ay tapos na. At ngayon, ikaw ay patungo na sa (ano?), Walang Hanggan; wala nang mga pito, wala nang mga tatlo, wala nang iba pa. Sila'y nasa Walang Hanggan, kung saan ay wala nang anumang panahong may mga bilang, at mga panahon, at mga bagay! Amen! Ay, naku! Nakikita n'yo ba ito ngayon?

117 O, matapos maganap ang panahon, ang lahat ng kasalanan ay nawala na, naalis na, sa Milenyum, at sa dakilang Puting Trono ng Paghatol. Isang tipo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Matapos silaban ang sanlibutan at mabautismuhan ito, ng bautismo ng Banal na Apoy mula sa Langit; ang lahat ng kasalanan ay wala na, lahat ng mikrobyo ay wala na, lahat ng diablo ay wala na, lahat ng tukso ay wala na, lahat ng masama ay naglaho na. (tipo ngayon.) Pagkatapos ay ano ang gagawin ng Diyos? Makakaluklok na Siya sa lupa, kita n'yo, sapagkat lahat ng kasalanan ay wala na.

118 Ganiyan din ang gagawin Niya sa iyo kapag ibinibigay Niya sa iyo ang bautismo ng Espiritu Santo na may Apoy. Magagawa na Niyang dumating ang manahan sa iyo, at tayo ay luluklok sa sangkalangitan kay Cristo Jesus, sapagkat tayo ay nasa Kaniya na. Hindi tayo, "mapapasa-Kaniya." Tayo ngayon ay nakaluklok na kay Cristo Jesus. Paano tayong makapapasok dito? Sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. "Sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayo papasok kay Cristo; tayo ay nasa Kaniya na! Siya ang dakilang Espiritwal na Hari na mamahala sa Espiritung nasa atin, sapagkat tayo ay nasa Kaniya na sa pasimula.

119 Kita n'yo, ang Diyos, sa pasimula, nang isipin ka Niya at isipin ang iba pa nang gayon, inisip Niya ang Kaniyang Sarili kung paano Siyang magiging abot ng unawa. Iyang ang Kaniyang mga kaisipan. Kita n'yo? Kaya, ipinahayag Niya ang Kaniyang mga kaisipan sa pamamagitan ng Salita. Ang sabi Niya, "Magkaroon nawa." "Magkaroon nawa," at nagkaroon nga. "Magkaroon nawa," at nagkaroon nga.

At, pagkatapos ng ilang panahon ay nagpatuloy Siya sa pagsasabi ng "magkaroon nawa," hanggang sa sabihin ng mga tao, isang araw, "Huwag nang Diyos ang magsalita!"

Ang sabi Niya, "Ngayon Ako'y mangungusap sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta." Kita n'yo? "Simula ngayon, Ako'y mangungusap sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta."

At ang sabi ng propeta, "May darating. Magkaroon," at nagkagayon nga, at nagkagayon nga, kita n'yo, ganoon lang. Nakukuha na ba ninyo ito ngayon.?

120 "Ang kapuspusan ng panahon" ay dumating matapos ang na ang panahon ay maganap. Ang kasalanan ay wala na, pagkatapos ng bautismo ng sanlibutan, pagkatapos gawin itong isang dakong angkop ng bautismo ng lupa; walang sakit; walang mikrobyo; walang mga dawag, walang tinik, walang kamatayan, walang kalungkutan, walang pagdaramdam; walang pagtanda, walang anumang kakatawan

sa kamatayan; walang mali, lahat ay tama; walang anumang natural. Pawang Eternal!

Kung gayon, ang Kaniyang katangian ay nahayag dahil dati na itong naroon, sa pasimula pa lang. Iyon ang Kaniyang iniisip.

121 At pagkatapos ay anong nangyari? Inilagay Niya sina Adan at Eva rito sa lupa, at nagsabing, “Magpakarami kayo ngayon at muli ninyong punuin ang lupa.” Ang kanilang mga katawan ay inilagay na rito, upang mula rito ay kumain kayo at mabuo ang inyong katawan. Ganiyan Niya ito ginawa.

Subalit dumating ang kasalanan at ginambala ang Kaniyang plano. Nagpatuloy sa pag-inog, magkagayon man, ang panahon.

122 Ngunit ano ang ginawa ni Jesus? Nanaog ang Diyos at ipinahayag ang Kaniyang Sarili sa anyo ng isang Lalaki, isang tao; ibinigay ang Kaniyang Buhay, sa halip na manatili rito. Na, Siya nga ang Hari, subalit ibinigay Niya ang Kaniyang Sarili upang tubusin ang iba. Nakukuha n'yo?

At kapag tapos na ang lahat, kung gayon ay hahatakin itong pabalik, at ang layunin ng Diyos ay natupad na. Hayan muli ang Haring Eternal kasama ng Kaniyang mga tinubos na Eternal, ipinahayag sa laman, akmang-akma sa paraang iniisip Niya; ang kasalanan ay naalis na; ang diablo ay wala na; ang lahat ay ganap na ngayon.

123 Ano'ng makagagawa nito? Ang lupang ito ay hindi ngayon maaaring luklukan ng Langit. Tignan mo ito, ang kasalanan. Ito ay kinakailangang malinisan.

Walang tao, walang sinuman, walang babae, batang lalaki, batang babae, sino man siya, na karapat-dapat tumayo sa pulpito, o mag-angkin man lamang na siya'y Cristiano, nang hindi napupuspos ng Espiritu Santo. Wala kang karapatan sa hapunan ng Panginoon, o sa anumang komunyon, paghuhugas ng mga paa, o ano pa man, hanggang sa ika'y mahugasan ng Apoy ng Diyos.

Walang lalaking may karapatang mangaral malibang, tulad ni Moises, ay makatagpo mo Siya roon sa sagradong lupa, ang Haliging Apoy ay nakabitin doon, kung saan ay alam niya kung nasaan siya. Kita n'yo?

124 Pansinin n'yo kung paano, kung paano tayong nagpapatuloy. Pagkaraan ng bautismo sa Apoy ng sanlibutan, ang lahat ng mga mikrobyo ay wala na, ito ay isang dakong angkop na upang ang Langit ay manahan dito sa lupa. 256 Tipo, ngayon, ng pagluklok sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus, lumipat na mula rito, kasing dumi ng munting babaeng iyon, patugo sa ipinahayag na katangian ng Diyos. “Ngayon tayo ay mga Anak ng Diyos,” hindi tayo magiging. Tayo'y mga katangian ng kaisipan ng Diyos. Kita n'yo?

125 Ngayon, sasabihin mo, “Aba, tignan mo ang saserdoteng ito. Hindi ba siya anak ng Diyos?” Pinatunayan nitong hindi. Hindi niya napagkilala ang ano? Sinabi ba niyang, “Naniniwala ako sa Biblia?” Tiyak iyon. Ngunit hindi niya nakilala ang ipinahayag na Salita nang oras na iyon. Ang taglay niya ay intelektuwal na kaalaman lamang mula sa grupong kinagisnan lang niya.

At ganiyan din ngayon. Kita n'yo? Alam kong masakit iyan, subalit iyan ang Katotohanan.

Naroon ang Salita, kung paanong binigkas ito ng akmang-akma para sa araw na iyon; at siya, bagama't isang iskolar, bagama't isang kilalang tao, ngunit hindi niya mapagkilala Ito. Bakit? Kahit gaano pa siya ka-iskolar, at alinmang tulad niyon, wala pa rin siyang representasyon ng predestinasyon. Kita n'yo?

Tanging ang mga predestinado lamang ang makagagawa nito; tanging sila lamang. At magagawa n'yo lamang ito... Sapagka't, tignan n'yo, ito ay nagpapatunay sa predestinasyon. Pagkat, kung taglay mo ang Buhay na Walang Hanggan, dapat ay bahaig ka na ng Diyos magpakailanman, 'pagkat siya lamang ang Walang Hanggan. Nakikita n'yo ba? Ay, naku! Isipin n'yo ito.

126 Ngayon, masdan n'yo kung anong mangyayari sa panahon ng dakilang Milenyum. Lahat ng kasalanan at wala na, ang Milenyum ay nagsimula na, panahon na upang kunin ng Espiritu Santo ang Kaniyang lugar.

Katulad ng ginawa Niya sa atin, nilipat Niya tayo mula sa kamatayan tungo sa Buhay, nanahan sa Makalangit na dako kay Cristo, sa Kaniyang Maluwalhating Presensya. Maging ang kamatayng pisikal ay lilipas na sa panahong iyon; kung paanong ang ispiritwal na kamatayan ay lumipas na ngayon.

Wala nang anumang bagay na tulad ng kamatayang ispiritwal ngayon, sa isang nabautismuhang banal ng Diyos. “Bagama't siya'y patay, gayon ma'y mabubuhay siya. Sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na mamamatay.” Laht ng Kasulatan, Ito'y dapat matupad. Kita n'yo? Hindi ka maaaring mamatay. Taglay mo ang Buhay na Walang Hanggan. Ang nangyari lang, ipinakilala ito sa'yo ng Manunubos. At noon pa man ay ganiyan ka na, at iyan ang dahilan kaya mo nakita ang araw na kinabubuhayan mo. Ilan ang nakakakita nito? Itaas ang inyong kamay. Kita n'yo, salamat. Kita n'yo? Ang

araw na kinabubuhayan natin, nakilala mo ito.

127 Ngayon, ang sabi ng mga Metodista, "Kapag ikaw ay sumigaw, taglay mo na Ito." Marami sa kanila ang sumigaw at hindi Ito nakuha.

Ang sabi ng mga Pentecostal, "Kapag ikaw ay nagsalita ng mga wika, taglay mo na Ito." Maraming nagsalita ng mga wika at hindi Ito nakuha.

Tignan n'yo kung paano, lahat ng uri ng anyo ay taglay na ng mga Fariseong iyon, ngunit nang ang Salita ay maipamalas, hindi nila ito nakilala. Kita n'yo? Kita n'yo?

At kung ikaw ang Nobya, ang Nobya ay bahagi ng Asawang Lalaki. At kung... Ang tanging dako upang makilala Ito, ay kilalanin mo kung anong bahagi ka ng Asawang Lalaking iyan (ang Salitang iyan), kundi'y hindi mo makikilala ang pagiging Nobya mo. Ilan sa inyo ang nakakaunawa niyan? Kita n'yo? Kita n'yo? Kailangan mong makilala ang iyong posisyon.

128 Hindi maaaring ang sa iba ang kilalanin mo. Paano kaya kung—paano kung dumating si Moises na dala ang mensahe ni Noe. At si Noe ay bahagi nito, ngunit hindi ito uubra. Paano kaya kung—kung—kung kung dumating si Jesus na dala ang mensahe ni Moises? Disin sana'y hindi ito umubra. Kita n'yo, ibang panahon iyon, ibang propesiya iyon, ibang bahagi ng Salita ang dapat matupad noon. Ibang araw sila ng sanlinggo. Hindi, ang gawain sa Martes ay hindi maaaring gawin sa Miyerkules. Kita n'yo. At ang pangMiyerkules ay dapat na gawin pag-Miyerkules. Kita n'yo? Ang Pang-Sabado ay dapat gawin pag Sabado. Kita n'yo? At sila, ang nakilala nila ay, "O, si Moises, mayroon kaming Moises." 269 Ang sabi Niya, "Kung kilala n'yo si Moises, makikilala n'yo Ako, sapagkat siya ang nangusap tungkol sa Akin! Ang Panginoon na iyong Diyos ay magpapalitaw ng isang propetang katulad ko!" Nakuha n'yo ba ang kaisipan? Ay, naku! Kita n'yo? 270 Pagkatapos ang sabi ni Jesus, sa Juan 14, "Kapag Siya, ang Espiritu Santo ay dumating, ipaaalala Niya sa inyo ang mga bagay na ito, kita n'yo, ipakikita sa inyo kung anong araw ang kinabubuhayan n'yo. At pagkatapos, ang isa pang paraan upang makilala n'yo Siya, ipakikita Niya sa inyo ang mga bagay na darating," kita n'yo, babalik muli sa pagiging maka-propeta, "Kapag Siya'y dumating." Kita n'yo?

129 Sa Bagong Lupa at sa Bagong Sangkalangitan, ay hindi na muling magdidilim, kapag dumating na ang Bagong Lupang ito. Ang diablo ay igagapos... Si Satanas, siya ay nakakawala pa rin ngayon; siya ay tagabintang. Ngunit sa Bagong Lupa, siya ay igagapos at itatapon sa Dagatdagatang Apoy, sa banal na Apoy na ito.

130 Pagkatapos, sa Bagong Lupang ito, tingnan natin ito ng ilang sandali ngayon. Sa Bagong Lupang ito, ang kalangitan ay hindi na muling magdidilim; hindi, iya'y gawa ng sumpa, kita n'yo. Hindi na muling magdidilim pa sa nagngangalit na mga ulap. Ang hangin ay hindi na muling iihip pa sa kaniya sa gayong paraan. Hindi na. Hindi na niya sisirain ang mga puno, at wawasakin ang mga bahay, at itataob ang mga bagay. At kidlat at ang kuloy hindi na kailanman bubuga mula kay Satanas patungo roon, at papaslang ng taong naglalakad sa lansangan, o susunog man ng isang gusali. Kita n'yo? Hindi, hindi na. Hindi na magkakatoon ng mga bagyong dumadaluyong, o mga unos at mga buhawi, at wawasak sa mga bahay at kikitil sa buhay ng mga mumunting anak, at mga bagay-bagay. A-ha, hindi na magkakaroon nito. Pinipilit niyang manira, ngunit hindi na mangyayari. Si satanas ay naitaboy nang palabas.

Sana ay may panahon pa tayo ngayon. Nilalampasan ko na lang ang mga Kasulatan, ngayon, para hindi tayo magahol. Kailangan kong manalangin para sa maysakit.

131 Ang sangkalangitan at ang lupa ay nagpang-abot; ang Diyos at ang tao ay nagkasundo. Ang naisauling Eden ay nagpasimula na; kita n'yo, lahat ng sumpa ay nawala na.

Tulad ng, ang lahat ng sumpa ng kasalanan ay nawala na nang tanggapin ka ng Espiritu Santo. Kita mo, hindi ikaw ang tumatanggap Dito; Ito ang tumatanggap sa iyo, kita mo, pagkat ito'y katangian ng Diyos. Kita mo, kung ito'y ang Espiritu Santo, ito'y nangangahulugang, Espiritu ng Diyos; at ang katangian, ang kaisipan ng Diyos, ay tumanggap sa iyo sapagkat ikaw ay itinalaga para sa layuning iyan. Kita mo? Kahit pa nga ipinanganak ka sa kasalanan, ngunit taglay ng Diyos ang katangiang iyan, at dito ay ipinahayag mo ang sarili mo sa lupa, at Siya ay bumaba at kinuha ka. Kita mo ika'y bumalik dito; at dito ka nauukol. Kita mo? Kita mo, ang kasalanan ay nawalan ng kapangyarihan. Tama iyan, Ang nasa ng kasalanan ay nawala na sa puso mo, nang pumasok ang Espiritu Santo. Ikaw ay isa nang taong naipanumbalik.

132 At kung gayon, kapag ang lupa ay naipanumbalik na, ng gayunding bagay, mawawala na ang pagsusumpa, wala nang unos, wala nang hangin, wala nang mga bagyo. Ikaw ay naipagkasundo na; ang tao at ang Diyos ay nagpang-abot

na. Ang Bagong Lupa ay muling mailalagay sa kaniyang gandang-Eden. Ang Bagong Lupa ay lalaganap, matapos ang bautismo nito sa Apoy.

Isipin na lang, siya'y magliliyab at masusunog. Ang mga elemento ay matutupok ng—ng matinding init. Lahat ng mga gawa sa ibabaw ng lupa ay mangasusunog. Ang lahat ng tubig ay sasabog; magsisiklab ito at pasasabugin ang lahat. Ang lahat ng bagay ay sasabog, ang mga bulkan ay sasabog, at libulibong milya pataas sa himpapawid, ay liligwak ang nagliliyab at mainit na lava. Bawat mikrobyo... Ang Espiritu Santo ng Diyos ang lilinis sa bawat mantsa ng lahat ng kasalanan at lahat na. Ang lahat ng diablo'y igagapos at itatapon sa Dagat-dagatang Apoy, Apoy na tumutupok, Apoy ng poot ng Diyos.

133 Wala nang hayop doon na muling papaslang sa'yo. Kapag lumakad ka sa daan, sa mga hardin ng bulaklak, walang ahas na sisitsit at tutuklaw sa iyo, taglay ang kaniyang lasong kamandag. Ay, naku! Hindi ba magiging napakaganda nito? Makinig kayo. Wala na sa Bagong Lupang iyon ang mga umbok ng lupa sa pampang, na ginagawang puntod; wala nang gayon doon.

Ang tao at Diyos at nagkasama na; ang Nobya at ang Nobyo. Nagyakap ang sangkalangitan at ang sangkalupaan; nanaog ang Diyos upang makisama sa tao. Ang Kaniyang tabernakulo ay nasa kanila.

Walan nang kasalanan, wala nang kalungkutan. Hindi na kailanman magkakaroon ni isa mang patak ng luha sa pisngi ng isang ina, dahil sa kaniyang anak. Hindi na ito mangyayari doon sa Bagong Lupa. Hindi na. Ito'y tinubos na. Ito ay Kaniya na, at sa mga tinubos Niya mula rito. Kita n'yo?

134 At, tignan n'yo, kayo ay bahagi ng lupang iyan. Tama ba? At nang tubusin Niya kayo, tinubos Niya ang lupa sa pamamagitan din nito, at kayo ay nagkasamang muli. O, paano pa kaya ito higit na magiging malinaw. Kita n'yo? Kailangang kayo'y tubusin pagkat kayo'y bahagi nito. At kung ang Dugo ay hindi pumatak sa inyo, hindi pa kayo natutubos; hindi kayo tinawag. Pagkatapos ay lilinisin Niya ito; ganiyan din ang ginagawa Niya sa Apoy. Kahit pumatak na ang Dugo, kailangan pa ring linisin ito ng Apoy, tama iyan, upang maging dakong tahanan ng Diyos.

Ang Diyos ay nananahan na, kung potensyal ang pag-uusapan. Ang Kaharian ng Diyos ay nasa lupa na ngayon, sa puso ng Kaniyang mga Banal. Ito'y ang Kaniyang mga katangian na Kaniyang pinasimulan sa pasimula. Ngayon ang Kaniyang mga katangian ay natubos na. Ano ang hinihintay Niya? Ang matubos ang lupa, upang mailagay ang Kaniyang mga katangian dito, upang matupad ng akmang-akma ang Kaniyang predistinadong plano. Nakikita ba ninyo ito?

135 Pansinin n'yo, walang mga libingan, walang patak ng luha, wala na kailanman, wala nang pagdanak ng dugo. Siya'y hindi na mababasa ng patak ng luha o ng dugo. Hindi na. Hindi na magkakaroon ng digmaan. Wala na. Wala ng mga ulap ng taglamig. Wala nang malamig na niyebe sa kaniyang dibdib; hindi na magkakaroon pa nito roon. Ang mainit na araw ay hindi na, hinding-hindi na makasusunog ng damo. Aleluia! Maging ang disyerto ay mag-uusbong ng mga rosas. "Ang matanda at matinik na disyerto ay mamumukadkad, isang araw, tulad ng isang rosas. "Sinabi iyan ng Diyos; kapag siya ay natubos na, kapag tinanggap na niya ang bautismo niya sa Apoy. Nariyan ang lahat ng uri ng cactus at mga halamang kumakapit at lahat na, ngayon, may magaganap sa kaniyang bautismo sa Apoy.

Tulad ng tao, nang taglay pa niya ang pagkamuhi, malisya at alitan sa kalooban niya; nang dumating ang bautismo sa Apoy, nilinis nito ito. Wala nang panibugho, wala nang kahit ano; ito'y lubos na dakong tahanan na lamang ng Diyos. At, alalahanin n'yo, ang delegasyon Niya ang sasalubong sa Kaniya roon. Amen! O, anong...

136 Hindi lang kuwento iyan; iyan ang Katotohanan. Iyan ang sinabi ng Diyos. Iyan ang Kaniyang ipinangako. Diyan tutungo ang Nobya. "Maging ang disyerto," ang sabi Niya, "ay mamumukadkad, tulad sa isang rosas."

Si Satanas, ang kasalanan at mga makasalanan, ay wala na, magpakailanman. Nganap nang lahat; sumanib na ito sa Walang Hanggan. At ang lahat ng mga bagay na nailiko, ang dakilang arkanghel na iyon na lumuklok doon minsan, si Satanas, na gumawa ng lahat ng kasamaang ito, ay mawawasak. Alalahanain n'yo, ang sabi ng Biblia, "Kung ang kaluluwang iyon ay hindi susunod, sa kung ano ang sinabi Niyang dapat gawin, ay wawasakin Niya ang kaluluwang iyon."

Ngunit kita n'yo, hindi Niya maaaring wasakin ang Kaniyang sarili at manatiling Diyos. Kaya, kung ang kaluluwang iyan ay sa sanlibutan, kailangan iyang wasakin. Subalit kung ito ay Eternal, na kasama ng Diyos, hindi ito kailanman nagsimula, sapagkat ito'y bahagi ng Diyos at hindi kailanman mawawasak. Amen. Anong ganda! Gaano dapat magpasalamat, nararapat na makita iyan ng Iglesia!

137 Bayan, ang lahat ng inyong ginawa ay naririto. Ito ang pinagsisikapan kong sabihin. Nilalaktawan ko ang ilan dito sapagkat gusto kong balikan itong muli.

138 Maging ang mga bagay na ito, si Satanas, ang makasalanan, ay wala na, magpawalang-Hanggan; hindi na kailanman lilitaw. Lahat... Kita n'yo, si Satanas ay hindi nakakalikha. Kung siya'y makalilikha, siya'y Diyos. Kita n'yo? Magagawa lamang niyang baluktutin kung ano ang nalikha na. At lahat ng kalikuan ay mawawala na. At ang kamatayan ay pagbaluktot sa buhay, at kapag ang kalikuan ay wala na, wala na ring kamatayan. Ang pagtanda ay tanda ng kamatayan, at kapag ang pagtanda ay naglaho

na, papasok ang buhay. Lahat ng tanda ng kalikuan ay wala na. Ang mga dawag at tinik ay tanda ng kasalanan, "Ang lupa ay susumpaing kasama nila," at ang mga ito'y aalisin na. Ang karamdaman ay dumarating sa pamamagitan nito; ito'y aalisin na. Ang kamatayan ay aalisin na. Ang pagdanak ng dugo ay aalisin na.

139 Walang anumang sasayad sa lupang iyon, maliban sa kabanalan, ang mga Tinubos. Ay, naku. Siyanga. O, napakainam ng pakiramdam ko. Ang Diyos at ang Kaniyang nilikha; at ang Kaniyang mga nilalang sa paglikhang ito ay tinubos ng Sarili Niyang Dugo. Nilinis ng sariling proseso ng paglilinis; ng Kaniyang pamatay-mikrobyo, pamatay-kasalanang proseso!

Tulad ng anumang bagay na ini-sterilize, ang pinakamainam na pangsterilize ay ang apoy. Maaari kang kumuha ng alinmang bagay at hugasan ito ng bula ng sabon at lahat ng mga kemikal na ito na kanilang pinag-uusapan, hindi pa rin ito ligtas. Ngunit minsan mo itong sunugin!

140 At kapag na-sterilize ng banal na Apoy ng Diyos ang lupa kasama ng mga kemikal, naitaas na Niya ang Kaniyang Nobya, na makakasama Niyang tumungo sa Langit, samantalang nangyayari ito. At babalik muli sa lupa, sa isang Bagong Sangkalangitan at isang Bagong Lupa. Ang maginaw na taglamig ay hindi na makakasakit dito. Ang mainit na tag-araw ay hindi na makakasakit dito. Ang disyerto ay mamumukadkad na tulad ng isang rosas. Ang kasalanan at ang mga makasalanan ay naglaho na.

Ang Diyos, at ang Kaniyang mga nilalang at nilikha, ay magkasamang mananahan na may sakdal na pagkakaisa. Kung paanong ang sangkalangitan at ang lupa ay mag-asawa, gayon din si Cristo at ang Iglesia, at silang lahat ay magtatagpo sa isang dakila't maluwalhating plano ng katubusan at muling dinala sa sinapupunan ng Diyos. Nakikita n'yo ba?

141 At sa Bagong Lupa ay may Bagong Lungsod. Ay, naku! Ngayon, makinig kayong mabuti. Huwag n'yong kalimutan ito, na sinabi ni Jesus sa Juan 14, na Siya ay aalis upang maghanda. "Huwag magulumihanan ang inyong mga puso." Nang Siya'y paalis na, "Mayroon akong dahilan para umalis. Kayo'y sumampalataya sa Diyos," ang sabi Niya, "sumampalataya rin kayo sa Akin." Hindi nila makita na Siya ay Diyos. "Kayo'y sumampalataya sa Diyos, ngayon kayo ay sumasampalataya sa Akin. At Ako'y maghahanda ng lugar

para sa inyo. Sa bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan; sa Kaharian ng Aking Ama ay maraming palasyo." Si Cristo ay naroon, na nagtatayo ng Bagong Jerusalem ngayon. Ngayon, makinig kayong mabuti. Huwag kayong kikilos. Huwag, huwag n'yong palagpasin ito. Si Cristo ay nasa langit ngayon, inihahanda ang Bagong Jerusalem.

142 Kung paanong nilalang ng Diyos ang lupa sa loob ng anim na araw, nilikha ang lupa sa loob ng anim na araw, o anim na libong taon. Tulad ng sinabi Niya, "Huwag na hindi n'yo malaman," nababasa natin sa Kasulatan, "ang isang libong taon ay isang araw."

At si Cristo ay umalis at naghahanda ng isang lugar, na matagal ng binubuo, libu-libong taon na, inihahanda ang isang lugar. "Ang kung Ako'y makaparoon at kayo'y maipaghanda ng Dakong Kalalagyan, ay muling paririto Ako, at Kayo'y tatanggapin Ko; upang kung saan Ako naroroon, kayo man ay maparoon din." Pansinin n'yo, ang Manunubos at ang mga Tinubos!

143 Sana ay may oras pa tayo ngayon. Minarkahan ko rito, sinisipi si Solomon, "ang batang babaeng ito, ang Nobya." O, kailangan na nating laktawan ito, nagagahol na tayo, kita n'yo. Babalikan ko itong muli. "Nang subukan niyang kunin siya, may pakikipagkasundo na siya sa isang batang pastol." Ang ilan marahil ay nagpapalagay na iyan ay isang awiting inawit niya. O, hindi. Kay Solomon ang luklukang ipinamana ni David, sa lupa, ngunit naipakita na ang Kahariang iyan ay kailangang lumipas. Ito ay tipo ni Cristo na umiibig sa Nobya. Kita n'yo?

144 Pansinin n'yo na sinabi ni Jesus, sa Juan 14, ngayon, "paroroon upang maghanda sa Dakong Kalalagyan."

O, anong magiging hitsura nito? Naisip na ba ninyo, Nobya, kung ano'ng magiging hitsura nito? Ito'y inihanda at dinisenyo ng Makalangit na Arkitekto. Anon'ng magiging hitsura ng Lungsod na iyon? Ngayon, ako'y mangungusap tungkol dito ng mga ilang minuto. Ang Makalangit na Arkitekto ang naghanda nito, ang nagdisenyo nito. At tignan n'yo, idinesenyo Niya ito sa pamamagitan ng mga maiingat na kamay para sa Kaniyang Mahal na Nobya. Ano kaya ang magiging hitsura Nito? 300 Naiisip ba ninyo ang isang lalaking mag-aasawa, na may kakayanan, kung paanong siya'y nagtatayo at naglalagay ng lahat ng mumunting bagay nang ayon na ayon sa nais ng babae, akmang-akma sa gusto niya? Amen.

145 Ngayopn, idinisenyo ng Makalangit na Arkitekto ang Bagong Lungsod, kung saan Siya maninirahang kasama ng Kaniyang Nobya, nang ayon na ayon sa nais Niya. Hindi nakapagtatakang sinabi ng apostol, "Hindi nakita ng mata, hindi narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao." Tignan natin kung

masisiyasat natin ito sa ilang sandali, at tignan kung ano ang magiging hitsura nito.

Idinisenyo ito ng Makalangit na Arkitekto para sa Kaniyang minamahal. Kita n'yo? O, anong ganda ng Dakong iyon, kapag ang Makalangit na Kalikasan, ang Dakilang Arkitekto ang nagdisenyo nito para sa isang Makalangit na katangian na Makalangit na naitalaga ng isang Makalangit na Diyos na Siyang May-akda ng Makalangit na Buhay! Anong magiging hitsura ng Lungsod na Iyon! Isipin n'yo ito.

146 Alalahanin n'yo, hindi Langit iyon. Ang sabi ni Juan, "Nakita ko itong nananaog mula sa Langit." Iyo'y dito sa ibabaw ng lupa. Kita n'yo?

Hindi maglalaho ang lupang ito; ito,y lupang tinubos. Hindi sinasabi ng Diyos na magtatayo Siya ng panibagong salinlahi; tutubusin Niya yaong naririto na. Hindi Siya magtatayo ng panibagong salinlahi; tutubusin Niya yaong naririto na. Hindi siya gagawa ng panibagong mundo; ito'y ang isang ito na naririto na. Susunugin Niya lang ito, lilinisin tula ng ginawa Niya sa iyo. Ang kaniyang mga plano ay dapat manatili magpakailanman. Ngayon, tingnan n'yo, ganiyan ang mangyayari

147 Alalahanin n'yo, hindi iyon doon sa langit. "Ito ay bababang mula sa Langit." Ito'y Dakong tahanan, isang Dakong mapapanahanan, upang Kaniyang tirahan. Tulad ni Juan, sa Isla ng Patmos , dito sa Apocalipsis 21, nakita niya itong "nananaog." Nakita ni Juan ang Bayan, "na nananaog buhat sa Langit," tulad ng isang kalapati, gaya nang nakita niya. 306 Narito ang Diyos, bumababa tungo sa Kaniyang makalupang tabernakulo, si Jesus, sa. . . "bumababa buhat sa Langit." Nang si Jesus ay binautismuhan, pagdaka'y umahon . . .

Nang makatagpo Niya ang propeta! "Ang Salita ay dumarating sa propeta." At Siya ang Salita. At ang propeta ay nakatayo roon, pinabubulaanan ang lahat ng kanilang denominasyon, lahat na. At, nang makita niya ang Salita, ang Salita ay kaagad lumapit sa kaniya.

Ang propeta ay labis na nagulat, ang sabi niya, "Ako ang dapat mong bautismuhan. Bakit ikaw ang naparirito sa akin?"

Ang sabi Niya,"Payagan mo ngayon, sapagkat ganiyan ang nararapat sa atin(alam natin ang mensahe) ang pagganap ng buong katuwiran. Ako ang Hain; kailangan Itong mahugasan." pinayagan niya Siya.

148 Nang umahon Siya sa tubig, sinabi niya,"Nakita ko bumukas ang langi." Nakita Ito ng propeta. Nakita niyang bumukas ang sangkalangitan.

At narito, bumababang buhat sa langit, sa anyo ng isang kalapati; at may isang Tinig, na nagsasabing, "Ito ang Aking bahagi ng lupa na Aking tinubos, at mula sa bahagi ng lupang ito ay tutubusin Ko ang iba pa, sapagkat Siya ay ang Aking Salita na nahayag." "At ang buong sanlibutan, binigkas ko ito upang lumitaw sa pamamagitan ng Aking Salita," Hebreo 11. "At hinawakan ito ni Satanas sa buong panahon na ito, ngunit Ako'y dumating upang tubusin ito. Ang bahagi nito ay bumuo sa Kaniyang katawan, at ako'y darating upang nanahan dito."

149 Ang sabi ni Juan, "Nakita ko ang Bayang banal, ang Bagong Jerusalem na nanaog mula sa langit, na nahahandang gaya ng isang babaeng Kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang Asawa." At saan ito lumapag ? Katulad na katulad ng ginawa nito roon sa lupa.

Si Jesus ay bahagi ng lupang iyan na binabaan ng Espiritu Santo,(tama ba iyon?) at nananatili sa Kaniya habang panahon. Hindi Siya maaaring iwanan Nito kailanman. Ito'y palaging naroroon. Siya at ang Diyos ay iisa. Kailangan laging mananatili ito.

At kaya nga nakita ni Juan ang Bayang Banal, ang Bagong Jerusalem, na nananaog tulad sa isang kometa, o isang - isang kalapati, bumababang galing sa langit at lumalapag sa isang tinubos na kabuuan ng sangkalupaan (upang ano?) upang angkinin ang bawat katangian na siyang dahilan ng paglikha Niya sa lupa. Bawat lalaki na naikatawan sa Walang Hanggan, at bawat babae, ay natubos na sa panahong ito. Siya ay nasupok at nasunog ng Apoy.

Si Jesus, Sa kaniyang mainit na pagkatukso sa ilang, sa loob ng apatnapung araw. Pagkatapos noon, pansinin n'yo, handa na Siya para sa Kaniyang lingkuran.

150 Isipin n'yo ito, ang Espiritu Santo ay lumalapag sa lupa, kay Jesus, at ang banal na Dugong iyon! Ngayon masdan n'yo, at sana hindi ako maging masyadong malalim para sa inyo, kita n'yo? Ang banal na Dugong nilikha (Si kapatid na Branham ay tumuktok ng maraming beses sa pulpito -Ed.) ng Diyos, ang Dugo, ang Buhay, ang nilalang ng Diyos. Si Jesus ang pasimula ng paglalang ng Diyos. O! nakikita ba ninyo? Ang Diyos, nalalang sa paglikha. siya ay Espiritu, at ang sabi ngBibilia, "Siya ang pasimula sa paglalang ng Diyos." Paano Siya nagsimla? Sa sinapupunan ng isang babae. Na siyang ano? Ang babae ay hindi. . .

Tulad ng hindi makita ng mga taong bulag na iyon ang "binhi" ng serpente dito. Kita n'yo? Inilagay dito si Eva sa lupa at bago pa siya nahipo ni Satanas, o ano pa man, sinabi ng Diyos sa kanila,

"Magpakarami kayo at punuin n'yo ang lupa." Tama iyan, subalit si Satanas ay dumating dito. At kung iyon ay anak ni Adan, kung gayon, saan. . .

Si Adan ay tuwirang nagmula sa lahi ng Diyos. At nakukuha mo lamang ang katangian ng iyong magulang. 319 At kapag isinilang kang muli, tinataglay mo ang kalikasan ng iyong Magulang sa langit. At ang iyong magulang sa langit ay ang katangian ng Salita. . . . O, ang Salita ay katangian ng iyong Magulang. kung gayon, paano mo matatanggihan Ito, dahil sa isang denominasyon? Ay, naku! Ako - ako - ako ay umaasang hindi n'yo ito mapalampas. Alam kong galing ito sa Diyos.

151 Si Jesus. Heto na Siya, nananaog; at naroon si Jesus, ang katangian ng Diyos.

Ngayon, "ang babae," siya. Masdan n'yo. Ang sabi ng Diyos, "Sapagkat ginawa nila ito," ang sabi,"papag-alitin ko ang iyong Binhi at ang binhi ng serpente." Tama ba iyan? At ang babae ay walang binhi. Naisip ba n'yo iyan? may roon siyang lupang punlaan, hindi binhi. Kita n'yo, nailagay na ng serpente ang kaniyang "binhi" roon.

Kung gayon, kung ang babae ay walang binhi, kailangan siyang manatili upang magka-Binhi

152 Kita n'yo, sa pamamagitan ng sekswal na pakikipagtalik dito, ay nagmula kay Satanas, ang serpente, na hindi pa noon isang reptilya, may mga binti siya 'pagkat naalis ang kaniyang binti sa kanya. Siya ang pinakatuso, ang tanging hayop na maaaring - maaaring makaipag-ugnayan sa babae.

hindi ito magagawa ng binhi ng hayop ngayon, at wala nang iba pa.Sinubok na nila ito. Hindi ito umubra. Kita n'yo, ang buhay ng binhi mula sa lalaking hayop ay hindi makakapasok sa babae. hindi nito ito magagawa.

153 Ngunit iyon ang pinakamaliit sa lahat. Kita n'yo, hindi nila matagpuan ang uring iyan na nasa pagitan ng unggoy at ng tao. kita n'yo, ang bawat isa, sa ebolusyon nito, mula sa mga ibon, hanggang sa matsing at iba pa, pagdating sa unggoy, nagkaroon ng isang "nawawala". Iyon ay ang serpente, hindi isang ahas; lahat ng dati niyang anyo ay nawala sa kanya, sapagkat siya ay sinumpa.

Ngayon, hindi sinumpa ng Diyos si Adan; maaari Niya ring gawin iyon, ngunit ang lupa ay sinumpa Niya,"mga tinik at mga dawag."

Hindi Niya isinumpa si Eva, ngunit sinabi Niyang si Adan ay magiging "tagapamahala" Niya. Mula ngayon, hindi na siya susubok na mangaral o ano pa man, si Adan ang kaniyang tagapamahala. "At sa buong buhay mo, sa kahiapan, ay maghahatid ka ng buhay sa lupa." Ngunit ang sabi Niya "Papagalitin Ko ang iyong Binhi. . . "

Ngayon, wala siyang anumang binhi, hindi siya kailanman nagkaroon nito, kaya kailangan niyang tumanggap ng Binhi sa kung anong paraan. Binigyan siya ng Diyos ng Binhi, hindi sa pamamagitan ng sekswal na pakikipagtalik, kundi sa pamamagitan ng paglikha.

Hindi ba n'yo makita mga taong bulag na iyo'y "binhi" ng serpente? Ay, naku! Nauna na roon si Satanas bago pa si Adan, iyon ang "binhi."

Ngunit tumanggap siya ng isang Binhi. Ano ito? Ang Diyos Mismo. "Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos."

154 Ngayon tingnan n'yo ng isilang si Seth, o si Abel, siya ay isang matuwid na tao, mula sa kaniyang ama. Si Seth ay gayon din.

Saan nanggaling ang lalaking ito; mamamatay-tao, sinungaling? Kita n'yo, kita n'yo na kung saan ito nagmula? Kinakailangan iyong maging isang "binhi", sapagkat siya ay isang binhi; si Cain ay isang tao.

O, nasaan na ang mga bulag na taong iyan? "Binulag sila ng diyos ng sanglibutan na ito." Kung gayon, hindi nakapagtataka, na sinabi ni Jesus na walang taong makakikita nito. Kita n'yo? Sasabihin mo,"Bakit hindi nila nakikita ito?"

Sinabi ni Jesus minsan, sa Kaniyang alagad,"Sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng Kaharian ng Diyos, datapuwat hindi ipinagkaloob sa kanila."

155 At iyan ang dahilan na nagmula kayo sa labindalawang milya parisukat, kita n'yo, "Sa inyo'y ipinagkaloob ang nangakaalam ng Kaharian." Tingnan n'yo, mga taong naggaling pa sa Timog Aprika at sa palibot, sa huling oras na ito kung kailan ang Nobya ay handa nang tumungo sa Kaharian. Wala na lang talaga akong sapat na oras. Pansinin n'yo. Masdan n'yo ngayon, kita n'yo?

Ngayon ba'y nakikita na ninyo ang "binhi" ng serpente, nakikita n'yo ba ninyo kung paano niyang nagawa ito. Talagang sakdal, kita n'yo. Ngayon ang ilan sa kanila ang nagsabi. . .

Ngayon, tulad ng lalaking ion sa Tucson ng isang araw, sinusubukan. . . Ah, maari siyang makinig sa

teyp na ito. Ngunit, kung ito nga'y gayon, lalaki, may gusto akong sabihin sa iyo.

Nang sabihin niya,"ang Sabi ni Eva," dito sila pupunta,"Nagkaanak ako ng lalaki sa tulong ng Panginoon, o lalaki sa tulong ng Panginoon." Aha, tiyak iyon. May batas ang Diyos.

156 Tingnan n'yo, kumuha kayo ng binhi at itanim ito dito sa bukid kung saan ay may trigo, at magtanim kayo ng mga panirang damo roon. Hindi mahalaga sa akin, iisang araw at iisang ulan ang bubuhay sa binhing iyan. May batas ang Diyos at ang batas na iyan ay hindi masisira.

Walang anuman sa akin kung - kung ang isang - isang . . . ang pinakamaruming babae sa bayan at pinakamaruming lalaki, at hindi kasal at lahat, ay magkaroon ng - ng ugnayan, at magsama at magkaroon ng isang supling; ang supling na iyon ay dapat dumaan sa batas ng Diyos, 'pagkat wala nang iba pang paraan. Kung hindi, ay ginagawa mong manglilikha si Satanas, at kung magkagayon, siya'y isang diyos. O, napakabulag ninyo. Kita n'yo, ang batas ng Diyos ay Tiyak.

Kung ikaw ay magkakaanak, walang anuman sa akin kung iyan ay si Esau, si Jacob, sinuman iyan, o sino mang taong masama ang reputasyon, kung iyan man ay si Judas, kailangang manggaling ito sa Diyos. May batas ang Diyos.

157 Ang sabi ng Biblia,"Ang araw ay sumisikat sa mga mabubuti at sa masasama, at ang ulan ay pumapatak sa mabubuti at sa masa. . . ." Ang ika 6 na kabanata ng Hebreo, at sinsabi nito na, "Ang - ang ulan ay lumalagpak sa lupa, upang diligan ito, at ihanda ito sa Kaniyang kahihinatnan, alam n'yo, upang mabuhay; ngunit ang mga tinik at mga dawag ay kapwa nabubuhay sa iisang tubig, sa iisang sikat ng araw." Dahil, iya'y batas ng Diyos, ang pahinugin ang bawat binhi, upang ang bawat binhi ay mamunga ng kaniyang binhi.

Kaya nga, kailangang ibunga ang "binhi" serpente. At hindi kailanman - kailanma'y ito nakahadlang sa Diyos, tinupad nito ang kumpleto Niyang plano, ginawa Siya nitong isang Manunubos. Kahit sinong bulag ay dapat na halos makakita niyan, maliban ito'y itago. "Ang diyos ng sanlibutan" ang nagtago nito sa ino. Hayan ang inyong "binhi" ng serpente. Ngayon pansinin n'yo. Ngunit," si Jesus ay ang pasimula ng paglalang ng Diyos."

158 Ngunit," si Jesus ay ang pasimula ng paglalang ng Diyos."

Ngayon ano ang ginawa ng babae? Samantalang ang punlang binhiay nagmumula sa lalaki. Ngayon tatanggihan n'yo iyan? Ang babae ay walang buhay sa kaniyang sarili. Ang nasa kaniya ay isang mumunting itlog lamang, na nasa isang bukid dito.

Tulad ng kumuha ka ng isang bukid at binungkal ito nang husto, at - at ispreyan, at ispreyan ito upang patayin ang lahat ng mga mikrobyo nito. At wala - walang anumang tutubo rito ni damo man; at pagdaka'y lalagyan mong muli ito ng abono, maghahasik ng ilang mabuting binhi rito. At kung ang

kaaway ay dumating at maghasik ng ibang binhi, ang batas din iyon ng Diyos ang hihinog sa dalawang binhi.

Buweno, hindi nilayon ng Diyos na magkaroon, kita n'yo. Ngunit ano ang nangyari?

159 Kita n'yo, ang semilyang galing sa lalaki ang may dala ng hemoglobin, ang dugo. Nasa loob ng dugo ang buhay. At kung inyong. . . nasaksihan ko, sa paghahalong-lahi ng hayop at mga bagay na tulad niyan. Si Kapatid na Shakarian at ako ay sumubaybay dito, kasama ang mga duktor at iba pa, pinanood namin kung paano itong nangyayari, ang mga kimiko. Kita n'yo? At narito ang mga semilyang galing sa babae, na isang kumpl ng mga itlog. Narito naman ang semilya mula sa lalaki, na isang kumpol ng mga binhi.

Ito ay wala ni isa mang binhi. Ito'y ikalawang produkto lamang ng lalaki. Ganiyan siya naparito, nung una, at siya'y isang bukid lamang. May isang itlog, taglay nito ang matabang lupa para sa buhay na ito. At ang buhay na ito pumapasok at gumagapang. Hayan ang hiwaga, paanong. . .

160 Marahil sasabihin mo, "Buweno ang unang magtatagpo. Ang lahat ng iba pa ay nangamamatay." Buweno, paano, sio ang magtatakda nito? Buweo, iyon ay ang nauna. Ito ba'y yaong nasa unahan, ang unang itlog sa anahan at ang unang binhi? Hindi, hindi. 350 Marahil ito ay isang itlog, sa pinakahulihan sa kalagitnaan ng mga semilya, ay darating ang isang binhi upang katagpuin nito. Ipinapakitang may karunungang nagpapasiya ito'y agiging pula ang buhok, itim ang buhok, o kung ito'y magiging maliit, o malaki; llaki o babae. Kita n'yo? Wala kang magagawa, wala kang magagawang anuman tungkol dito; hindi ito uubra. Hindi mo maaaring paghaluin ang mga ito, at lahat, hindi ito magkakaroon ng bahagya mang kaibahan. Ang Diyos ang nagpapasiya nito. At makalipas ang ilang sandali, isang munting binhi ang gagapang papasok sa bukid na iyan sa ilog. May maliit na parang buntot na nakakabit dito, na gagalaw-galaw, mahuhulog ito at ito na angpasimula ng gulugod ng sanggol.

161 Ano siya kung gayon? Wala siyang binhi. Ang nasa kaniya ay isang bukid na tatangap sa binhi. Kay't

ang. . .

Kita n'yo, ang kaaway ay pumaroon. Samantalang ang mabuting manghahasik ay pumaroon, na naghahasik ng mabuting Binhi; at ang kaaway ay sumunod sa kaniya, na naghahasik naman ng panirang binhi. "Ngunit ang ulan ay pumapatak sa mabubuti at masasama, ang araw." Lahat ng ito ay dapat umusbong.

Sinabi ni Jesus,"Hayaan ninyong magkasama silang tumubo. Sa araw na iyon sila'y bibigkisin, ang panirang damo." At sila'y bibigkis na ngayon, sa malalaking organisasyon, tungo sa malaking bungkos, ang Pangdaigdigang Konseho ng mga Iglesia. At ano ang naging wakas? Ito'y susunugin. Subalit ang butil ay dadalhin sa bangan. Kita n'yo? Ngunit kapwa sila nabuhay sa iisang bagay, sa iisang tubig, sa iisang ulan.

162 Ang ppuno ng Citrus, iyan ay - iyan ay puno ng kahel, ay mamumunga, kailangan mamunga ito, makapamumunga ito, kung ihuhugpong ito rito, ang garanate. Mamumunga ito ng limon, mamumunga ito ng suha. Kita n'yo? Datapuwat hindi ito magiging kahel, ngunit nabubuhay ito sa buhay ding iyon na inilalabas ng puno ng kahel.

Ang mga denominasyon ay naihugpong na sa Baging. Sapagkat, kung inaangkin nilang sila'y "mga Cristiano" namumuhay sila sa pamamagitan nito. Gayon din si Caifas; kilala n'yo kung sino siya, gayon pa man ay nakapanhula siya. Kita n'yo? Kita n'yo, mamumuhay sila sa pamamagitan nito.

O, sana ay may isang linggo pa tayo, upang mapag-aralan pa natin ito nang husto, at nang malinaw ko nang lubos sa inyo - hindi maaaring hindi n'yo maunawaan ito. Ngayon ay lalaktawan ko ang ilan sa mga bagay na ito.

163 Ngayon ay masdan. Tingnan n'yo, ang mga kamay na iyon ang pangdisenyo nito para sa kaniyang sinisintang Nobya, dinisenyo nang buong pagmamahal para sa Kaniyang Nobya.

Alalahanin n'yong Espiritu Santo ay bumaba kay Jesus at si Jesus ay bahagi ng lupa. Bakit? Ang binhi ng Diyos, ang Buhay ng Diyos ay idinisenyo sa sinapupunan ng isang babae (tama ba iyan?) na siyang lupa. Tama. At pagkatapos ang Buhay ng Diyos ay pumasok, kaya, "Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos." Kita n'yo? At pagkatapos ang Dugong iyan ng Diyos, na naririyan sa pamamagitan ng binhing iyan, nang ito'y mabubo sa Kalbaryo, ay pumatak muli sa lupa. Para ano? Para tubusin ang lupa. Ngayon, ito'y inaring ganap na; ito'y nalinis na, tinawag, at inangkin, at ngayon ito'y tatanggap na ng kaniyang bautismo sa Apoy, at malilinis para kay Jesus sa Kaniyang Nobya.

At kayo ang mga ibang bahaging ito na kinuha mula sa lupa. Ang lupa, kayo'y bahagi ng lupa, ang inyong katawan. Ang inyong kaluluwa ay bahagi ng Diyos, isng katangian ng Diyos, na ipinamalas dito sa lupa sa pamamagitan ng isang katawan. Ang katawan ay kailangan tubusin.

Ngayon,kaluluwa ay natubos,sapagkat dati itong nasa kasalanan. Kaya bumaba ang Diyos, sa proseso ng pagaaring -ganap, paglilinis, bautismo sa Espiritu Santo at tinubos ang iyong kaluluwa.

164 At ikaw, dahil bahagi ng lupa, ay natutubos sa pamamagitan nito. Ika'y nasa prosesong iyon ngayon. Ito'y patuloy sa paglago. Ang iyong katawan ay

ianaring-ganap sa ilalim ng bautismo ni Noe. Amen. At ang iyong laman, nang Ito ay pumatak doon. At ang lupa ay llinisin sa pamamagitan ng Apoy, ang lupang pananahanan mo, taglay ang bautismo ng Espiritu Santo, isang Dakong para kay Cristo at sa Kaniyang Nobya, ang Bagong Jerusalem

165 Masdan n'yo ang Bayang ito;sa lupa;maninirahan sa ibabaw lupa. Ngayon mainam n'yong nakikita gaya ng sinabi ko, ang. . . pagbababagong ito, ang lupa ay kinakailangan mabago. Hindi Nito ito kukunin nang ganito. Ang iglesia ay hindimakapa . . . O, ang sanlibutan ay hindi makapagpapatuloy, pagkatapos ng Milenyum, hindi nababago. Kita n'yo? Upang magkaroon ng gayong Dako rito; ito'y kailangan baguhin.

Katulad lang ito ng, tayo ay kinakailangan mabago sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Apoy, upang ikundisyon tayo at makagawa siya ng dakong mapagsisdlan sa Kaniya, sa ating kalooban; ion ang Espiritu Santo.

166 Pansinin n'yo ngayon, magiging napakaluwang sa Bagong Lupa. A-ha. Kita n'yo, napakaluwang! Ito'y aayusin,totoo 'yan, sa pamamagitan ng Apoy, at mawawala na ang dagat. Pansinin n'yo, ang Bayan ay labinlimang daang milya parisukat.

Ngayon makinig kayo ng mabuti habang iginuguhit natin ang mga sukat na ito. Gusto kong burahin ang pisara, sandali lang. (Binura ni Kapatid Branham ang mga nauna niyang ilustrasyon-Ed)

Narito ang isang malalim na kapahayagan mla sa Diyos. Hihinto na ako. Alin man sa mga ibang ito ay hindi. . . tatalakayin ko ang iba pa nito, kung loloobin ng Panginoon.

167 Pansinin n'yo ang lupa ay . . . Buweno, dumako kayo sa Aklat ng Apocalipsis. makikita n'yo kung

paano niyang sinukat ito sa pamamagitan ng siko at sa pamamagitan ng estadio. Dalawampu't tatlong daan . . . Kaya ngayon ay makikita natin na ang - ang Bayan ay sinukat,"labinlimang daang milya" paisukat.

Alam ba n'yo kung hanggang saan aabot iyon? Sinukat ko ito, nitong linggo. Aabot ito mula sa Maine hanggang sa Florida, at mula sa silangang dalampasigan hanggang mahigit na anim na raan milya ang inilampas sa kanluran ng Mississippi. Sa ibang salita, kalahati ng Estados Unidos, ang para lamang sa Bayan. Sasabihin mo, "Hindi sasapat ang luwang."

168 Kapag nawala na ang dagat ay magkakaroon na ng sapat na espasyo 'pagkat halos apat na makalimang bahagi nito ay tubig. ama ba? Ang pagsasabog ang siyang tutuyo sa dagat, pasasabugin nito ang lupa. Ay naku!

Alalahanin n'yo, labinlimang daang milya parisukat, anong laking Bayan! At, ngunit alalahanin wala nang dagat.

"At ang lapad at ang taas nito ay magkasukat. Iyan ay labinlimang daang milya paparito, labinlimang daan milya papariyan; labinlimang daang milya; ang haba at ang lapad at ang taas. Labinlimang daang milya, isipin n'yo ito; napakalinaw na gintong lantay. At ang Bayan ay napapalibutan ng bakod.

169 Ngayon, ngayon, hindi iyan nangangahulugan, na dahil magkakasukat . . . Ang sabi nito ay "At ang mga pader at ang mga patibayan ay magkakasukat." Hindi iyan nangangahulugan iyon ay kyub o parisukat. mayroong pang isan heyograpikong sukat, na ang mga sukat ng tabi ay amagkakasukat, iyon ay piramide. Parisukat ,"ang pagkatayo ng bayan ay parisukat," at ang mga pader ay magkakasukat.

170 Hayaan n'yong iguhit ko ito. (Gumuhit si Brother Branham ng mga ilustrasyon sa pisara-Ed.) Kiya n'yo, haba, lapad,taas. Tutungo tayo sa isang bagay, kasing tiyak ng sanlibutan. Kita n'yo? Pansinin n'yo, ang sukat ng mga anggulong ito ay parehong-pareho, lahat sila ang haba at ang lapad at ang taas. May isa pang sukat, ang piramide na makapagpapatunay nito.

Ito, dahil ganito nga ito ay tiyak na tutugon sa tanda ni Enoc sa Egipto, ang piramide. Siya nga ba? Si Enoc, bago pa mangyari ang pagkasira dahil sa baha, nang ang pag-aaring ganap ay parating na, nagpakita siya ng tanda, at dito sa piramideng ito ay may pitong baitang patungo sa silid ng hari. Masdan n'yo ang ikapitong baitang , kung napag-aralan na ninyo ang mga sukat ng piramide, ano ang lumalabas upang tumanggap sa taong paparating, upang ipakilala siya sa hari. Masdan ninyo kung kaninong himpilan ang nakatayo riyan, at makikita n'yo ang ang araw na inyong kinabubuhayan, sa piramide.

171 Ngayon, gumawa ang Diyos ng Tatlong Biblia. Ngayon, may katuruan tungkol sa piramide na walang katuturan, ngunit may totoong piramide . Kita n'yo? Pansinin ninyo. ——ngayon, ang Diyos ang unang Biblia . . . tatlo ang ginawa Niya. Kailangan lahat ay maging tatluhan.

Si Jesus ay dumarating ng tatlong ulit. Dumating Siya minsan upang tubusin ang Kaniyang Nobya; sa susunod naman ay upang kunin ang Kaniyang Nobya; sa susunod, kasama ang Kaniyang Noya. Kita n'yo?

172 Ngayon pansinin n'yo kung gaano kaganda. Kita n'yo? At sa piramide ay may pitong baitang; at kasunod nito ay ang silid ng hari. At tayo'y nasa ikapitong kapanahunan na ng iglesia, bago umupo ang Hari sa Kaniyang Luklukan. At alalahanin n'yo, ang piramide ay hindi kailanman nagkaroon ng batong takip sa ibabaw nto.

173 Ang unang Biblia ng Diyos ay ang kalangitan, ang Zodiac; nagpasimula ito at nagpakita ng bawat panahon. Ang una, ang simula ng Zodiac, ay isang birhen, ganiyan Siya dumating, nung una. Ang huling Hugis ng Zodiac ay ang Leon; ang Ikalawang pagbabalik. Bago iyon ay ang pinag-krus na isda, na siyang panahon ng cancer, iyan ang kinabubuhayan natin ngayon.

May piramide pagkatapos niyan, si Enoc, na nagpatotoo sa paraang akmang- akma. Wala tayong panahon para talakayin ito, ngunit, balang araw sa tulong ng Diyos, ipapakita ko sa inyo, para lamang maiguhit nang tamang tama ang dimensiyon na kinabubuhayan natin ngayon. Kita n'yo?

Pansinin n'yo, ngunit ang sukat ng heyograpikal na ito na nasa atin, kung saan ang mga dimensiyon ay magkakapareho, ay hindi kaagad nangangahulugang ito ay isang - isang kyub. Pansinin n'yo, ito ay tutugon sa Egipto. . . o ang tanda ni Enoc sa Egipto.

174 Sa panahon ng pagdalisay sa lupa, sa pamamagitan ng bautismo nito sa Apoy, magkakaroon ng bolkaniko, tulad ng pagsabog ng lupang ito, at itutulak nito ng paitaas ang isang hugis-piramideng Bundok. Kita n'yo? Sapat ang espasyo upang mapalitaw ito! Ang kabubuuan nito ay mababago. Ang buong mukha nito ay mababago. Nakuha ba n'yo? Itutulak nitong paitaas ang isang hugis-piramideng Bundok.

175 Akmang-akma ito sa Salita kapag naganap ito, at ito'y magaganap. Ngayon, pansinin n'yo, dahil sa

Isaias 65:25, kung saan kababasa pa lang natin, ang sabi Niya. Sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa aking buong banal na bundok, sabi ng Panginoon.

O! "Sa Aking buong banal na Bundok!" Ta daan n'yo, ito'y laging isang"Bundok."

Kung ang mga dingding nito ay tuwid pataas-atpababa, ang Bayan ay makikita lmang sa labas. . . o mula sa loob, ang Luklukan ay makikita lamang mula sa loob, pansinin n'yo ito ay makikita lamang sa loob. Ngunit ngayon, nakikita natin ang pangako sa Isaias 4:5. Basahin lang natin ito.

176 Nagmamadali ba kayo? [Ang sabi ng kongregasyon, "Hindi"-Ed.] Huwag, huwag na muna kayong magmamadali ngayon. Tayo - tayo - tayo'y tu - tutungo na sa isang partikular na bagay ngayon, labi-labis ang - ang panahon upang maunawaan n'yo ito rito. Dahil, gusto kong linawin ito sa inyo. At nang magkagayon kapag binalikan natin itong muli, aking - ipakikita ko kung nasaan tayo - nasaan ang pinag-uusapan natin, ano, sa susunod nating pag-aaral dito, sa ibang pagkakataon.

177 O, purihin ang Panginoon Jesus! masdan n'yo rito, kung paanong ang mga Salita ay hindi maaaring mabigo. ngayon ay masdan n'yo rito sa Isaias.

Isunulat ko ito rito, kung makikita ko lang sana ito rito, sandali lang. Isaias 4:5. Ngayon makinig kayo, siya'y nangungusap tungkol sa Pagdating ng Panginoon, kung paanong ang mga kababihan ay magiging imoral. O,ang sqbi niya, "Pitong bababe. . ." Makinig kayo. Basahin natin ito. Tignan n'yo rito. At sa araw na yaon pitong babae ang magsisihawak sa isang lalake, na mangagsasabi, kami'y magsisikain ng aming sariling tinapay,... at mangagsusuot ng aming sariling kasuotan: tawagin lamang kami sa iyong pangalan; alisin mo ang aming kadustaan.

Iyan ang huling panahon, kung kailan tayo ay nabubuhay ngayon; pakikipag-asawa, diborsiyo, at prostitusyon, at anuman iyan. Sa araw na yaon, ay magiging maganda at maluwalhati ang sanga ng Panginoon,... ang bunga ng lupain ay magiging magaling at mainam... sa kanilang mga...taga Israel na nangatanan. (Kung paano kayong nakatakas mula sa lahat ng kalahating iyon! Kita n'yo?) At mangyayari, na siyang naiwan sa Sion, at siya na isang labi sa Jerusalem, tatawa... (tingnan natin)... tatawaging banal, samakatuwid baga'y bawat nasusulat sa mga nabubuhay sa Jerusalaem, (Kita n'yo?) Kapagka huhugasan ng Panginoon ang karumihan ng anak na babae ng Sion, (alalahanin, sa tuwina'y iyan ang Nobya, kita n'yo?)... at lilinisin ang dugo ni Jerusalem (iya'y ang mga nalabi sa mga Hudio, pati ang Nobya, kita n'yo)... at sa gitna ng bayan taglay ang bisa ng kahatulan, apoy...

Ganiyan palagi ang paghatol ng Diyos, kapag ginawa Niya ang huli Niyang paghatol. Tatawagin ka, aariin kang ganap, at dadalhin ka sa katubusan: kung magkagayon ay darating sa'yo ang kahatulan Niya, at lilinisin ng Espiritu Santo at Apoy ang kasalanan. Kung magkagayon ay sa Kaniya ka na. 388 Ganiyan din ang gagawin Niya sa lupa, kapag nilinis na Niya ito sa Apoy, at "sa pamamagitan ng bisa ng pagsunog." Ngayon, tignan n'yo. Makinig kayo! Handa na ba kayo! At ang Panginoon ay lilikha sa itaas ng buong tahanan ng bundok ng Sion, at sa itaas ng kaniyang kapulungan, ng isang ulap at usok sa araw, at liwanag ng pagniningas ng... apoy sa gabi: sapagkat sa itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang kubong na kayo.

178 "Ang Panginoon sa araw na iyon, sa tuktok nito, ay lilikha ng apoy ng liwanag upang magningas sa araw." At nagpatuloy ito at nagsabing, "Ito ay magiging isang moog, isang kapahingahan, isang kanlunga." Pansinin n'yo, umaayon sa pananalita ng Biblia, tugmang-tugma. Ang mga dingding nito ay tuwid sa itaas at ibaba, hindi mo ito makikita. Kailangan itong humilig. "Sa Aking buong bundok na banal..." "Lilikhain Niya ang Liwanag na ito sa ibabaw ng Bundok na ito, at magsisilbi itong pananggalang." O inaawit natin ang awiting iyon: Oh that city of Mount Zion, And as a pilgrim, yet I love it still. When I get to those ages... When I reach that city on the hill. (Kita n'yo?)

179 Pansinin n'yo, sa Bundok ng Sinai ay nanaog ang Diyos, nang mangusap Siya sa Israel sa isang Haliging Apoy. Nanaog Siya sa tuktok ng bundok, Bundok ng Sinai.

Sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, nang Kaniyang ihayag, "Ito ang sinisinta Kong Anak, pakinggan n'yo Siya," nanaog Siya sa anyo ng Haliging Ilaw at nagniningas na liwanag, sa tuktok ng bundok, sa harap nina Pedro, Santiago, at Juan. At, doon, Siya ay ikinatawan kasama kapwa nina Moises at Elias; yaong nailipat, at yaong patay na ibinangon. Luwalhati!

180 Ang Bagong Bayan at ang Bagong Lupa; ang bagong nilalang; ang Bayan sa Burol, na may Luklukan sa ibabaw nito. Ang luklukan dito sa itaas, sa tuktok; at ang mga naninirahan, ay nasa itaas-at-ibaba, ng Bundok na ito.

At ang pader na nakapalibot dito, ay may labindalawang patibayan. At ang bawat isa sa mga ito ay may batong nasa dibdib ni Aaron, na kumakatawan sa labindalawang angkan ng Israel.

At, sa mga pintuang-bayan, may apat na pintuang bayan na katulad na katulad ng templo sa ilang, tulad ng kubol sa ilang. Pansinin n'yo ang bawat isa, ay may mga apostol, tatlo bawat isa, labindalawang

apostol. Bawat isa... At ito ay isang daan at apatnapu't apat na siklo ang taas. Ang isang daan at apatnapu't apat na siklo ay tamang-tamang dalawandaan at labing-anim na talampakan, nangangahulugang ang bawat isa sa malalaking batong iyon ay katumbas halos ng dalawampung talampakan ang taas, ang baluti sa pintuang bayan iyon, na bumubuo sa pader na iyon na pumapalibot sa Bayan.

181 Ngayon ang bayan, ay hindi nakapatong sa ibabaw ng pader, pagkat ang isang bayan, na labindalawang milya ang lawak ay hindi maaaring magkagayon. Ito'y ang pader dito na iyong papasukan, tulad ng mga pintuang-bayan sa matandang Jerusalem. Papasok ka sa pader patungo roon.

At ang bawat isa sa mga ito, ay may labindalawang patibayan, at ang bawat isa ay may esmeralda, at iba't-ibang bato, na kumakatawan sa labindalawang angkan ni Israel.

At ang mga apostol, bawat isa sa kanila, sa ibabaw ng malaki't lantay na perlas na pintuang bayan ay nakasulat ang pangalan ng isang apostol. At hindi ba't sinabi ni Jesus, "Kayo'y luluklok sa labindalawang luklukan, upang hatulan ang labindalawang angkan ni Israel?" Sino ba ang umuupo sa pintuang bayan, upang humatol, kapag sila ay dumarating sa bayan? Ay, naku! Hayan na kayo. Ang mga hari sa lupa na nagsisipasok sa bayan, humaharap sa apostol na hukom, tulad ng ipinangako ni Jesus. Ay, naku.

182 Sa luklukang ito, sa ibabaw ay labindalawang milya pataas. makikita ng buong sanlibutan ang Liwanag ng sanlibutan, si Jesus, nakaupo sa Luklukan sa tuktok ng sanlibutan, sa tuktok ng Iglesia, sa tuktok ng Bundok ng Sion; na labinlimang milya, kalahati ng sukat ng America, at aakyat hanggang makita Siya ng buong sanlibutan, labinlimang milya ang taas.

183 At sa buong itaas at ibaba nito, ay may mga Tinubos. Magkakaroon doon ng mga bahay na gintong lantay. Magkakaroon doon ng mga lansangan, at mga parke at mga hardin. At ang ilog ng Buhay ay umaagos, nagmumula sa Luklukan, at dumadaloy sa mga mumunting sapa, at o, sa mga baitang ng bato. At ang Puno ng Buhay ay mamumukadkad sa bawat bakuran; at mag-uusbong ng Kaniyang mga bunga, labindalawang beses sa isang taon, panibagong bunga sa bawat buwan.

At ang mga hari sa lupa ay paroron at dadalhin ang kanilang parangal. "At ang mga dahon ay para sa kagalingan ng mga bansa," habang ang mga hari ay nabubuhay doon sa kapayapaan. Sa kanilang paglabas, sila'y pipitas ng puno, ng ahon tulad niyan. Tulad ng bumalk ang kalapati, na ang galit ng Diyos ay taps na, at dinala ang dahon ng olivo sa daong. Kaya sa pag-alis ng hari, matapos magdala ng kaluwalhatian sa silid ng Nobya sa loob ng Bayan, siya'y mag-aabot ng dahon sa kapitbahay niyang hari at, "Tayo'y payaa na magpakailaman." Amen! Kagalingan ng mga bansa! "Ang lahat ay naayos na. Minsan tayo naglaban sa dugo ng isa't isa, kapatid. At tayo'y nagmahal, at sumigaw; at bumaril at nanunog ng mga bata, at ng lahat na. At ngayon ay may kapayapaan, ang kagalingan," Hindi kagalingan ng sakit; ito'y tapos na. kagalingan ng mga bansa! Amen!

184 Bayang may Luklukan. Apocalipsis 21:23, "At hindi sila nangangailangan ng liwanang, sapagkat ang Kordero at ang Panginoong Diyos ang Liwanag doon." Kita n'yo? Ang Panginoong Diyos ang Haliging Apoy na sumusunod sa mga anak ni Israel sa ilang. At Siya ay lumuklok sa Troo sa sakdal na Kahariang iyo. . . kundi kailan. . . "ang Kaharian ay isusuko na ni Jesus ay luluklok ang Luklukan dito, bilang ating Jose. At ang Hat ay ang Liwanag na mapaparoon sa tuktok ng Bundok ng Sion, at ng kaniyang banal na Liwanag ay magliliwanag sa buong Bayan. Aleluia!

185 Labindalawang milya ang taas, at labinlimang daang milya parisukar, taglay ang mga paraiso ng Diyos na itinayo sa buong Bayang iyon; mga lansangan, mga lagusan! Basahin n'yo ang inyong mga Apocalipsis 21, tingnan n'yo kung hindi iyan tama. Kita n'yo? "Hindi nila kailangan ang Liwanag doon, sapagkat ang Kordero na ang Liwanag." At doon sa Luklukan ay makikita, nakaluklok, labinlimang daang milya.

Hindi ito nakatayong tuwid na paganito. Ito ay nakahilig, tulad ng piramide. Kung kalahati lang itong distansiya, kung gayon halos naka ganito na 'yon, kita n'yo, mula sa isang bayan tungo sa isa pa. . . ngayon kung mapapansin n'yo, mula sa isang panig ng Bayan hanggang sa kabila.

186 Maaari akong maghulog ng munting bagay dito kung gusto n'yong gawin ko ito. Napansin ba ninyo ang munting grupo ito? iyan ay halos bahagi lang ng sirkumperensiyang sakop nito. Isipin n'yo, mula sa Georgia, sa California, hanggang sa Saskatchewan; mula sa Kansas hanggang sa mabatong dalampasigan ng Maine; iyan ang nasasakupan nito. Ganiyan halos ang kinakatawan dito mismo, mga labinlimang daang milya parisukat. Sa Silanganan at Kanluran Sa malalayong Bayan Sila'y magtitipon. . . (anong pagpipistahan nila? "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao." Sa pamamagitan ng Tnapay, Salita!). . . sa kahaharian;Pinagpalang manlalakbay! Sa sanlibutan, masasabi kong, hindi pa ako nakakita ng mga taong tulad nila. Mukha Niya'y pagmamasdan Sadyang nagliliwanag; ang pinagpalang bayan, Hiyas ng Kaniyang putong. O, si Jesus ay darating na, Upang wakasan ang dusa o, ano kaya't ngayon na ang oras?

187 Hindi na magluluwat. Ang bawat bagay ay sakdal na sakdal na. Kung Heograpiya ang pagbabatayan, ang mga mensahero; ang bawat bagay ay nakalapat na ng tamang-tama. Kita n'yo? ano'ng ibig sabihin nito? Isipin na

lang n'yo, tutungo sa munting Tabernakulo ito, labinlimang daang parisukat, mula sa iisang sukat.

Bakit kaya ganoon ang pag-iisip at pagmamalasakit ng Diyos sa munting lugar na iyon ng Palestina, kita n'yo, samantalang napakaliit pook lamang nito? Ngunit don mismo sa loob ay nakaayos na ang templo. Diyan mismo lilitaw ang Bagong Jerusalem, diyan mismo. "Ang Olivo, ang Bundok ng Olivo ay mahahati, ang isang bahagi ay sa kanan at ang isa'y sa kaliwa, tiyak iyon, kapag siya ay tumulak paitaas mula sa ilalim. Hindi ang sabi nila, ito'y tumutulak ng pahiwalay na tulad nito,. Ito'y tumutulak paitaas. "Sa araw na iyon, kapag itinindig Niya ang kniyang mga banal sa paa ng Bundok." pansinin n'yo, sa Kaniyang Luklukan, labinlimang daang milya ang taas!

188 Alalahanin n'yo, sinubukan Siyang tuksuhin ni Satanas, minsan, sa tuktok ng isang bundok. Kita n'yo?

Ang Bagong Bayan, ay may labindalawang patibayan, isandaan at apatnapu't apat na estadio, bilang baluti ni Aaron, labindalawang pintuang perlas, na may pangalan ng labindalawang alagad.

Si Jesus ay nakatayo, ang Pangulong Bato, sa Luklukan, kapag pinutungan na Siya ng Kaniyang mga banal. "Ang Hari ng mga hari, ang Panginoon ng mga panginoon." At Siya ang pangulo ng mga bato.

189 Hindi ko dala ang Pitaka ko, ngunit kung mapapansin n'yo, kung mayroon kayong perang papel na isang dolyar,, taglay ng mga ito ang selyo ng Estados Unidos; isang agila sa isang dulo, na may hawak ng mga sibat, ang balabal ng sandata sa pagkakaayos nito, at sa kabilang dulo, nakatatak dito ang piramide, na sa itaas nito ay naroroon ang matang nakakakita ng lahat ng bagay. Kiya n'yo, hindi nila alam ang kanilang ginagawa. At doon aay may nakasulat na Latin, at matutuklusa ninyo na sinasabi nito na, ito ay " ang dakilang selyo"." Hindi nila alam ang kanilang ginagawa. Ni hindi alam ni Caifas na siya pala ay nanghuhula.

[Si Bother Branham ay naglarawan sa pisara-Ed.] Hayan ang dakilqang Tatak. Narito ito, kita n'yo, ang Bayan. Hindi ito isang patag na kyub na tulad nito, kita n'yo, bagkus ito ay nakahilig para ito makita. At sa banal na Bundok na ito Panginoon, ang Panginoon ay lalapag sa ibabaw ng Bundok ng Panginoon, naririto Siya. Iyan ang dahilan kung bakit ang Batong takip ay hindi inilagay ni Enoc. Kita n'yo? Iyan ang dahiln ang Batong Takip ay kailang dumating ngayon, At ang Bundok ay itutulak pataas, at Ito'y magiginfBundok ng Panginoon.

190 At dito, ay mananahan ang mga Tinubos. Ang mga lagusan ito at ang malalaking lansangan, na tulad noon, mga parke; at ang ilog ng Buhay ay

dadaloy, aagos mismo rito. At baat bahay ay magiging gawa sa malinaw na ginto. At ang mga lansangan ay yari sa ginto. At ang mga puno ng Buhay ay naroroon, at mamumunga ng labindalawang uri ng prutas. At ang mga hari at ang mga iginagalang na tao sa lupa ay magdadala ng kanilang mga paggalang at kaluwalhatian sa mga pintuan. At ang mga pintuan ay hindi isasara sa gabi, dahil walang gabi roon. Sa Bayang iyon ang Kordero ang siyang Ilaw, Sa bayang iyon ay hindi gumagabi; May Mansion ako roon, na di na kailangan magpagal, Sa aking tahanan na Walang Hanggan.

191 Hindi ba ninyo nakikita na ang mga kabayanan, ang mga lungsod, ang mga bahay, ang mga tirahan, ay - ay nangungusap tungkol doon ngayon din? Ang lahat ng mga natural na mga bagay na ito ay anino lamang.

Tingnan n'yo ang isang anino, sa malayo, tulad ng kamay ko. Bago magkaroon ng isang - isang positibo. . . o ng isang negatibo, mayroon munang isan positibo. At kita n'yo, ang aninong iyan, tila ba ako ay may isang dosenang daliri, ngunit kapag pinaglapit n'yo sila ng husto, ito - ito ay napopokus na lang sa isa, at pagkatapos ang anino ay unti-unting natatakpan ng kamay.

At iyan ay, kadalasan, iniisip ng mga tao na may tatlo o apat na Diyos. Masyadong malayo na ang pagtingin n'yo na umabot na kayo sa sinaunang repormasyon. Kita n'yo? Halina kayo at matutuklasan nino, ipokus nino nang husto hanggang sa isa na lang ang makita n'yo. Iya'y tamang-tama.

192 May iisang Nobya; hindi isang dosenang denominasyon. Kundi isang Nobya, iya'y ang Hinirang, mula sa bawat . . . mula sa—mula sa lupa na naitalaga rito, yaong mga makakilala ng kanilang lugar sa Kaharian.

193 A Luklukang ito, tingnan n'yo, napakataas! Ang Bagong Bayan; na may mga patibayan; ang labindalawang pintuan; si jesus ang Pangulong Bato; ang mga apostol, na Humahatol; ang labindalawang angkan. 418 Ang piramide ni Enoc ay hindi lumilikha ng anino anumang oras ng araw. Nakapunta na ko sa Egipto, sa mga piramide. Ito'y heograpiya naisinaayos, at sa mga dimensiyon ng dakilang geometrikong hugis na ito;na saan man naroroon ang araw, wala kang makikita sa paligidng piramide. Nakikita ba n'yo

kung paano Ito?

At hindi na magkakaroon pa ng gabi roon. Makikita n'yo Siya sa Tuktok ng Bundok, pababahain Niya roon ang Kaniyang Kaluwalhatian. Ang kaniyang Luwalhating Liwanag ay manatili roon sa lahat ng oras. Wala nang gabi roon. Si Jesus, ang Panginoong Bato!

194 Ngayon, pansinin n'yo. Kaya ang mga Tinubos ay lalakad sa liwanag. Inaawit natin ngayon, Tayo ng Lumakad sa Kaniyang Liwanag.‟ May kung ano sa kalooban natin na tumatawag. ”Lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhy.‟ Ito'y dahil iyan ay naghihintay. Kiya n'yo? Iyan ang katangiang iyon, kung ano ang ating nadarama.

Talagang, ito ay . . . Handa ba kayo? ito ang bayan na hinahanap ni Abraham. Kita n'yo? Bilang isang propeta, alam niya ang Bayang iyon ay nasa isang dako. Sinabi ito ng Biblia. At nilisan niya ang bayang tinubuan; at siya ay nagtungo roon; tingnan n'yo kung saan siya nagtungo, doon mismo sa, sa dakong lilitawan nito. kta n'yo? “Naghahanap siya ng isang Bayan na nagtayo at gumawa ay ang Diyos,” kita n'yo, dahil isa siyang propeta.

195 Si Jesus ay lumisan upang maghanda, sa pamamagitan ng mga makadiyos na kamay, ng isang makadiyos na bayan: isang Makalangit na Arkitekto:; para sa isang makalangit na nabiling bayan, para sa isang bayang itinalaga. Siya ay lumisan upang maghanda.

Hinanap ito ni Abraham. “At inari niyang manglalakbay at dayuhan ang sarili, dahil naghahanap siya ng bayan na ang nagtayo at gumawa ay ang Diyos.” Ang propetang iyan, alam niyang iyon ay nasa isang dako kung saa! Nakita ito ni Juan na nananaog, subalit inisip ni Abraham na iyon ay naririto na sa lupa noon. Bakit? Nakatagpo niya si Melquisedec, ang Hari nito, at nagbigay Siya sa kaniya ng ikapu. At wala siyang ama, o ina man. Wala siyang pasimula ng buhay o katapusan man ng buhay. Sinalubong Siya ni Abraham, at sila ay nagkomunyon doon mismo sa literal na dako kung saan ang Bayan ay itinayo, sa Banal na Bundok ng Panginoon, kung saan ang mga tinubos ay mananahan. Ay, naku!

Ang oras ay sadyang hindi tumitigil. Hindi, tayo'y nasa oras pa ngayon; makalipas ang ilang panahon ay tutungo na tayo sa Walang hanggan.

196 O, banal na Bundok! magkakaroon doon ng mga lansangang yari sa malinaw na ginto, mga lagusan, at mga bahay, at mga parke. Kung nais n'yong basahin ito, Apocalipsis 21:18. Ang Puno ng Buhay ay paroroon, labindalawang uri ng bunga, isa sa bawat buwan, ang ibubunga nito. Ang mga taong kakain ng mga bungang ito, papalitan nila ang diyeta nila bawat buwan.

At ito'y - ito'y mula . . . para lamang sa mananagumpay. alam ba ninyo 'yan? Hindi ito para sa mga denominasyon. Sabihib mo, “Iyan ba ang pakahulugan mo, Brother Branham?”

Buklatin natin ang Apocalipsis , sandali lang at hanapin natin ito. Apoalipsis 2:7. Tuklasin natin ngayon kung ito ba'y talagang katotohanan o hindi. Sa Apocalipsis 2:7 ay ganito mababasa. At siya na may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu . . .

Ngayon, alalahanin n'yo, hindi Siya nakikipag-usap sa mga Judio na. Ito ay ang Iglesia, ang Hentil. Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesia. Ang magtagumpay ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay na nasa Paraiso ng diyos.

197 “Yaon lamang mananagumpay, na nagtagumpay sa hayop, nagtagumpay sa kaniyang tanda,§” iyon ay ang Katolisismo, Protestantismo, denominasyonalisma, “yaong mga nagtagumpay sa hayop, sa kanyang tatak, sa titik ng kaniyang pangalan.” “Siya'y magkakaroon ng karapatansa Punong kahoy ng Buhay, upang makapasok sa mga pintuan na kung saan ay walang anumang bagay na nakakahawa ang makapapasok.” Kia n'yo? Isipin n'yo ito., Ngayon, sandali lang, habang nagpapatuloy tayo ng kaunti pa. Ang Puno ng Buhay ay para lamang sa mga mananagumpay.

Ang mga dahon ay para sa kagalingan ng mga bansa. Iyan ay, ang mga haring nananahan doon, dinadala ang kanilang mga parangal, kapag dinadala nila ang kanilang mga handog at inialay ito sa harapan ng luklukan ng Diyos. Tulad ng sa labas, ang sampung . . . ang labing isang angkan ay naghandog, bawat isa sa kanila, ng ikapu kay Levi, kita n'yo. Kapag inihandog nila ang kanilang mga parangal sa . . . mula sa pinagpalang lupain, doon ay, pipitas sila mula sa Punong Kahoy ng Buhay , pipitas ng isang banal na dahon. . . o isang dahon mula sa Punong Kahoy ng Buhay, at sila'y magkasamang lalakad palabas. Wala nang digmaan. Ang lahat ay pawang kapayapaan. Ang mga dahon ay magsisilbing alaala, para sa kagalingan ng bansa.

198 Ang siya ring Punong Kahoy, ngayon, tuld ni Adan, siya . . . May isang Punong Kahoy ng Buhay sa hardin ng Eden, na dapat sana nakainan niya kung hindi siya nahulog. Ang Punong Kahoy ng Buhay na iyon ay laging nagpapaalala sa kaniya, sa lahat ng panahon, na ang bago niyang. . . ang kaniyang kabataan ay nagpapatuloy. Kita n'yo?

Gayon din ang mga bansa. Ang mga dahon ay para sa kagalingan ng mga bansa, pansinin n'yo, hindi na ang karamdaman ha. Magkakaroon ka ng karapatang tinaglay ni Adan, tulad ng (dahon) kalapating may dakang dahon, banal na dahon, lahat ng ito . . . bawat hari ay pipitas ng isang dahon.

199 Pansinin n'yo, ang Ilog ng Buhay, marahil ay maraming mga mumunting sapa ang bumubuo nito. Ngayon sa lupang ito . . .

Ako'y magtatapos na sa loob ng ilang sandali. Sa lupang ito . . . O kaya'y hihinto na lang ako. Ganiyan pa karami ang nariritong mga tala, ngayon ay mga tatlumpung pahina pa. Siya nga. Tingnan n'yo.

Sa buhay na ito, hindi pa kailanman ako nakakita ng bagay na totoong nakapapatid ng uhaw kaysa sa maparoon ako sa bundok at masumpungan, tulad ng ipinangaral ko noong isang gabi, ang sapang iyon na nagpapabukal, na nagbibigay-buhay na balong nito. Ika'y mapapagod at mauuhaw, susubsob ka sa isang mainam na bukal; kung saan ay walang mikrobyong makararating, sandaang talampakan ang lalim sa loob ng lupa, nagpapasibol ito ng dalisay, tunay na tubig na nagbibigay buhay. Pinagpapahalagahan natin iyon. Ngayon, ang lupa ay mayroon nang napakaraming mga sapa na may tubig na nakapananariwa. Kapag nauuhaw ka at naghihingalo, kumuha ka ng mainam, malamg na inumin mula roon, makatutulong ito upang mabuhay ka.

200 Subalit tignan n'yo kung saan nagmumula ang Isang ito. Mula sa Luklukan, doon nito kinukuha ang balong nito na nagbibigay-Buhay. Nagmumula ito sa ilalim ng Luklukan ng Diyos, kung saan nakaluklok ang Diyos. 437 Ang kabuuan nito, ang kabuuan ng lupang ito na kinabubuhayan natin ngayon; bawat isa, Cristiano man o pagano, ay may mga templo. Naisip n'yo na ba 'yon? Mga simbahan, lahat ng mga iyon. 438 Ngunit ang Isang ito ay walang anumang templo. Ang sabi ng Biblia, "At walang templo roon. Ngunit ang Panginoong Diyos at ang Kordero ang Templo roon." Ang Kordero ang Liwanag. Ang Kordero ang Templo. Ang Kordero ang Luklukan. Ang Kordero ang Buhay. Siya ang Templong iyon. Kita n'yo, ang lahat ng mga templong ito ay may isang bagay na kanilang sinasamba; ngunit sa Bayang ito, Siya ang bagay na sinasamba. Kasama Niya ang Kaniyang Bayan. Ang Espiritung Liwanag Niya ang nagpapaliwanag sa Bayang piramide.

201 Tulad nina Pedro at Juan doon, sa tuktok ng bundok. Ang Liwanag ay tumakip sa tuktok ng bundok, at may Tinig na nangusap, ang sabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak."

202 Sa Apocalipsis 21:3 at 4, "Ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao." Ang Diyos ay tumabernakulo na sa mga tao, sa pamamagitan ng pagtubos sa kaniya, sa pamamagitan ng tatlong prosesong ito. Ngayon naman ay tutubusin ng Diyos ang lupa at mananahan sa lupa, kasama ng kaniyang mga nasasakupang mula sa lupa at mananahan sa lupa na Kaniyang pinalitaw mula sa lupa. At dahil sa kasalanan ay nalugmok ito, ngunit ang—kailangan Niyang hayaan itong magpatuloy. Ngunit ngayon ay isinugo Niya si Jesus upang

tubusin ang nalugmok na lupang iyon, at tayo y bahagi nito. "Isa mang buhok sa inyong ulo ay hindi mapapahamak." Sinabi iyan ni Jesus. Ang sabi Niya, "Ibabangon Ko itong muli sa huling araw." Kita n'yo? Bakit? Kayo'y bahagi ng lupa.

203 Pansinin n'yo, mayroon akong munting biro sa asawa ko na nagsasabi sa akin na naiwala ko na ang buhok ko. Ang sabi ko sa kaniya, wala akong naiwala isa man sa mga ito. Ang sabi niya, "Nasaan ba ang mga iyon?"

Ang sabi ko, "Doon sa kinalalagyan nila bago pa tumubo ang mga ito sa akin." Kung anuman sila noon, isang sustansiya; saan man naroon ang mga iyon, sila'y naghihintay sa akin. Kita n'yo? Tama iyan. Pupuntahan ko sila, isang araw.

204 Ang matandang katawang ito, nangungulubot at bumabagsak, at humuhukot ang mga balikat, at nananakit ang mga tuhod, at—at namamalat ang lalamunan. Mabuti iyan. Maaaring ilibing n'yo ito sa dagat, ngunit gigisingin ako ng Pakakak. Siya nga po! Opo! Tayo'y babaguhin isa sa mga araw na ito. Ako ay bahagi ng tinubos na lupang ito. Kayo'y nasa sanlibutan, ngunit hindi bahagi ng kosmos. Kayo'y nasa ibang kalagayan, isang tinubos na kalagayan.

205 Pansinin n'yo, "Ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao." Pansinin, "Ang mga dating bagay ay lumipas na. Ito, ang mga bagay na ito ay lumipas na. Nangangahulugan ito na nanaog na ang Langit upang manahan sa tao. Kita n'yo? Nagyakap ang Langit at lupa.

Ganoong-ganoon din nang dumapo ang Kalapating iyon sa bahagi ng lupa, na si Jesus; Siya ay alabok ng lupa, isang tao. Ang Diyos, nagmula sa isang munting binhing-Buhay, sa pamamagitan ng mapanlikhang kapangyarihan. At ang Dugong iyon na naroroon sa... Ang Buhay na naroon sa Dugong iyon ay umakyat pabalik sa Diyos, datapuwa't ang Dugo ay tumulo sa lupa, upang angkinin ito.

206 Dahil sa dugo na dinala, mula sa selyulang binhing mula kay Cain, kita n'yo; ngayon ay nagbalik

Siyang taglay ang mapanlikhang kapangyarihan, katulad ng ginawa Niya kay Adan, nilikha si Adan, narito ang ikalawang Adan. At sa pamamagitan ng pagkasira ng selyulang iyon, kung saan sinira ni Cain ang selyula ng dugong iyon ng matuwid, kita n'yo, ngayon ang Selyula ng Dugong ito... Sapagkat pinatay niya si Abel, ngunit si Abel ay ipinanganak sa pamamagitan ng sex.

Ngunit ang Isang ito ay hindi ipinanganak sa sex. “Ito ay ang paglikha ng Diyos, ang pasimula nito,” at tinubos Nito ang lupa. At ang lahat ng calcium, potash, petrolyo, cosmic light, na siyang bumubuo sa iyo, ay tinubos. 2Wala ni isa mang buhok na mapipinsala. At ibabangon ko itong muli sa huling araw.‟

Pagkatapos ay ano?

207 Ang Diyos ay bababa upang manirahan sa lupa. At bahagi Siya nito, ang Sarili Niyang katawan. Ibinangon Niya ito para sa ating ikaaaring-ganap, at tayo'y inaring ganap sa pamamagitan ng pagsampalataya rito at sa pagtanggap nito. Pansinin ninyo sa mga tipo, si Jesus ay naging... Sa pagtitipo, si Jesus ay naging tao, ang Diyos—0 itinalaga upang humalili sa Kaniya, upang matubos tayo, upang maging posible ang lahat ng mga bagay na ito. Pansinin n'yo, sa labas ng naggagandahang pader ng Bayang ito.

208 Ngayon ba'y nakuha na ninyo “ang Bayan?” Kita n'yo, ito'y isang banal na Bundok. [Naglarawan sa pisara si Brother Branham—Ed.] “Walang mananakit o magpapahamak man sa Aking buong banal na Bundok, ang sabi ng Panginoon.” Ang bayan ay hindi cube. Ito'y isang Bundok. At ang lapad at ang haba at ang taas, ay magkakasukat, kita n'yo; labinlimang daang milyang paganito, labinlimang daang milyang paganoon, labinlimang daang milya ang paligid nito; at labinlimang daang milya ang taas. Kaya't napakalaking bundok nito, tulad ng piramide, at ang Bayan ay nasa Bundok. Luwalhati!

Hayan na, hayan na ang mga paraiso ng Diyos, ang ilaw ng sanlibutan, ang sakdal na Kahariang iyon. Hindi ang ikapitong araw; yaong Eternal! Kita n'yo? Hindi ang Milenyum; ang Bagong Lupa! Kita n'yo?

209 Habang dumadaan ito sa Milenyum, ay dumadaan ito sa proseso ng paglilinis, datapuwa't kailangan pa ring sunugin. Kita n'yo? At, ang Dugo ang tumubos sa mga tao, ipinakikita nito ang paalala na ang... Bayad na ang halaga, ang isang libong taong iyon. Subalit kung magkagayon ay kailangan pa rin nitong linisin sa pamamagitan ng apoy; tulad ng naganap sa inyo, ang Kaniyang mga kinatawan ng Bayang ito, ang delegasyon.

Kaya't kung mamatay ka man o mabuhay, ano'ng kaibahan no'n? Kung darating Siya ngayon, o kung darating Siya isandaan mula ngayon, o isang libong taon man, magpapahinga lang ako hanggang sa darating ang aking pagbabago.

210 Kaya, matandang lalaki o matandang babae, huwag kayong panghihinaan ng loob. [naglarawan si Brother Bronham sa pisara-Ed.] Kung ikaw ay isang representasyon dito sa itaas, dito sa katangian ng Diyos; kung taglay mo iyon, kung ika'y kinatawan dito hindi ka maaaring. . . Ika'y nasa Eternal. At kung tatawid ka mula sa ikapitong araw na iyon, patungo sa ikawalo, pumasok ka na sa Eternal sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, kabilang dito. Ngayon, kung ika'y nagtitiwala lang sa isang sensasyon, o sa pagtalun-talon, o kaya'y “Ginagawa ko ito. Ipinapangilin ko ang ika-pitong araw. Hindi ako kumakain ng karne,” at mga bagay na gaya no'n, iyan ay mapapahamak din naman. Kita n'yo? ngunit Ito ay Eternal. Kita n'yo? Ito ay ang Eternal, ang Pista pagkatapos ng pista ng mga tabernakulo. Kita n'yo?

Ang pista ng mga tabernakulo ay ang panghuling pista, ang ika-pitong pista. Tayo ngayon ay sumasamba sa ilalim ng tabernakulo, muli, sa ikapitong kapanahunan bg iglesia.

211 Sa Milenyo, tayo ay mapapailalim muli sa pista ng mga tabernakulo, sa ika-pitong araw. 456 Ngunit, kung magkagayon, pagkatapos g ikapitong araw, mayroon tayong Banal na Pagtitipon, nagbabalik doon sa Eternal. Paano? Sa pamamagitan Niyaong Eternal na naparito at tumubos sa atin at nagpanumbalik sa atin, kilalanin nating tayo'y bahagi Nito.

Ngayon, paano mo malalaman na ikaw ay bahagi? Dahil, doon ang Salita ng oras na ito, ang pangako ng araw na ito. Ano ito? Isang pagsasauli pabalik sa unang araw; ang una. “At kaniyang pagbabaliking-loob ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama.” muling naghahatid ng isang pagsasauli ng pentecostal na tunay, hindi mga sensasyon; at magpapamalasng panggabing Ilaw, yaon ding Anak na nagpakita sa pang-umagang Ilaw, gaya ng naipngako sa araw na ito. Amen at amen.

Nasaan na tayo, mga kaibigan, nasaan na tayo? Naghihinty na lang upang mawala tayo sa landas, upang ang Apocalipsis 11 ay ma. . . maipakilala sa mga Judio; tama iyan, ang pagdating ng Pag-agaw.

212 Masdan, sa labas ng mga pintuan-bayan ng mga pader, na sumasakop sa Bagong Lupa, ang mga bansa ay mananahan sa kapayapaan ng Walang Hanggan. Ngayon ay ano? Ang mga pinangaralang hari ay magdadala ng kanilang kaluwalhatian dito. Walang kasalanang makapapasok doon. Wala nang babaeng maikli ang buhok na makakapasok doon. Gagarantiyahan ko 'yan sa inyo. Waqla nang mga mahilig mag-

syorts, at manigarilyo. Mga mapagtungayaw, mga pastos, o mga sinungaling, mga mapagsamba sa diyusdiyosan, ano man ang mga ito hindi sila makakapasok sa Bayang iyon. Hindi na, matatappos na ang lahat. Mawawala na ang kasalanan. "Walang anumang maaaring humawa sa Kaniyang Kabanalan ang makapapasok doon." Iyon ang sabi Niya. "Ang lahat ay lumipas na, magpakailan man."

Tumingin sa mga bukirin nito at sa palibot ng mga pintuang daan nito; ... the bear will be gentle, ... the wolf will be tame; And the lion shall lay down with the lamb; And the beast from the wild, Will be led by a child; I'll be changed from the creature that I am.

213 Ang kamatayan ay gumagawa sa mortal kong katawan, ang pagtanda ay pumapasok na, ako'y mababago.

Narinig n'yo na ba ang awit na iyon? "Ang oso ay aamo. Pati ang mga lobo." Hindi na siya mangdadamba, uurong at pagtatangkaan kang patayin. Lalakad siyang kasama mo sa mga landasin doon. Sino ang magmamana nito? Ang mga tinubos. Sino ba ang mga iyon? Pansinin, ang maituturo ko lang ay ang aking mga pagtitipo. Pansinin, Brother Lee.

214 Sino ang lumabas sa bagong lupa kasama ng propetang Noe? Yaong mga kasama niya sa daong. Tama ba 'yon? Yaong mga nagsipasok na kasama ni Noe, sa pamamagitan ng kaniyang mensahe, iyon din ang lumakad sa bagong lupa pagkatapos ng bautismo nito sa tubig.

215 Yaong pumapasok na kasama ni Jesus ngayon. Paano kang papasok sa Kaniya? Sa pamamagitan ng isang Espiritu; at Siya ang Salita. Ngiging bahagi ka Niya. Anong bahagi ka ba Niya? Ang Salitang nabubuhay sa oras na ito, nakikilala mo ito. Kasama ka Niyang lalakad palabas. Pansinin, hindi isang bagong salinglahi. Isang paglipat ng tanim! Sasabihin mo, "Oh, Brother Branham!" Oh!

Pansinin n'yo, kung nagawa ng Diyos na ibangon si Elias at kunin siyang pataas, dalawampu't limang daang taon na ang nakalilipas, upang muli siyang itanim s ibabaw ng lupa, upang maging isang propeta para sa mga Judio, gaano pa kaya ang magagawa Niya sa Nobya!

216 Matapos lumabas si Noe sa daong, gaya rin naman ng naganap kay Adan noon. Matapos siyang lumabas sa bagong lupa; ang sabi, "Magpakarami kayo at kalatan ang lupa," pagkatapos ng baha. Pansinin, "magpakarami at kalatan ang lupa," tulad ni Adan noong una. Ngayon ay makikita n'yo rito nang akmang-akma. Ngayon ay makinig kayong mabuti

217 Si Adan ay "magpapakarami at kakalatan ang lupa." Tama ba? Si Noe, matapos na ang bagong lupa ay masira, ay "magpapakarami at kakalatan ang lupa." Nakukuha n'yo ba? Ngayon, hindi ba ninyo nakikita kung ano ang "binhi" ng serpente? Ano ba ang kumalat sa lupa? Nakukuha ba ninyo? Mabuti. Nakikita n'yo na kung paanong nakapasok si Satanas ka Eva ha. Iyan ang dahilan na naghahari ang kamatayan sa ibabaw ng lupa noon. At ang kalangitan, ang sangkalupaan, ang hayop, ang atmospera, ay nasumpang lahat ng Diyos dahil dito. Iyan ang sumpa, dahil nauna si Satanas dito.

Naparito si Jesus upang tubusin itong pabalik sa Ama. Para magawa Niya ito, naging bahagi Siya nito; gaya ng katatapos ko pa lang talakayin. At mula sa abo ring iyon (ang bahaging iyon ni Jesus, Siya mismo) na natubos, sa pamamagitan Niya, ang lahat ng mga katangian ng Diyos ay natubos nang kasama ng lupa.

218 Siya ang binigkas na Salita. Tayong mga tinubos ay bahagi Niya. Kung magkagayon, kung magagawa mong kilalanin! Kita n'yo? Inaangkin ng mga Fariseo na gayon sila. Ngunit nakikita n'yo ba ang una kong paglalarawan, ganoon lamang sila, sa pamamagitan ng intelektuwal. Hindi nila makilala ang Salita nang ito'y maipamalas doon mismo sa harap nila. Ang sabi nila, "Ang lalaking ito ay may masamang espiritu."

Ngayon, sa araw na ito ay tinatawag tayong mga bulaang propeta. Binansagan na tayo ng lahat ng maruruming bagay na maaari nilang ibansag sa atin, ng mga relihiyosong tao, kita n'yo. Kita n'yo, hindi talaga sila makaunawa. Kita n'yo?

219 Hindi naging sapat ang bautismo nito sa tubig upang linisin ito; gayon din naman ang kanila. Ang Paglilinis ng Dugo, ang nagpanumbalik dito, inangkin ito. Ngunit ang bautismo ng Apoy ang luminis dito; tulad ng ginawa nito sa Kaniyang Nobya. Tulad ng pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espiritu Santo.

220 Hindi Niyang ipinangakong magpalitaw ng isang bagong lahi, gaya ng sinabi ko,datapuwa't ipinangako Niyang tubusin ang nalugmok. Sila na—na itinalaga, ipamamana ito gaya ng ipinangako Niya. At Siya ang dinagbabagong Diyos; alam natin iyan.

221 Alalahanin n'yo, kinuha ng Diyos si Elias, pagkatapos ng pag-agaw, at inilipat, itinanim siyang pabalik sa mga tao; hindi maglalaon at gagawin Niya iyon. At iningatan siya, buhay, sa loob ng dalampu't limang daang taon. Siya'y muling magpapakita.

222 Pansinin muli, ibinangon Niya si Moises mula sa mga patay. Nasaan ang kaniyang puntod? Mayroon

bang makatutuklas nito? Basahin n'yo ang aklat ni Judas. Kita n'yo? Si Satanas... Ang Arkanghel ay nakipagtunggali sa arkanghel, na si Satanas, ang sabi, "sawayin ka nawa ng Panginoon," nakipagtunggali tungkol sa katawan ni Moises. At dito sina Pedro, Santiago at

Juan ay nakatayo roon at nakatingin sa kaniya, sa Bundok ng PagbabagongAnyo, doon mismo sa lupaing iyon, kung saan ang bundok ay palilitawin upang mapanahanan. Kita n'yo? At Siya'y naparito upang tubusin ito.

223 Kita n'yo, naroon ang inagaw na Iglesia kung gayon, na naikatawan; naroon sila na nangatutulog, na naikatawan. Saan? Sa bayan; doon sa tuktok ng bundok. Kita n'yo?

Naroon si Pedro, si Santiago, at si Juan, sila'y nakamasid; tatlo sila, bilang mga saksi. Naroon si Elias, si Moises, at si Jesus; bilang mga Makalangit na saksi. Kita n'yo?

At naroon si Moises, ang patay na binuhay. Naroroon si Elias, ang inagaw, nanatiling buhay. At kapuwa sila ikinatawan sa banal na bundok na ito.

At si Jesus, ang Manunubos, nang ang Diyos, na naroon sa itaas Niya na gaya nito, ay nilukuban Siya, at nagsabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak."

224 Alalahanin, sinabi ni Jesus, isang araw bago iyon, ang sabi Niya, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo; na may ilang nakatayo rito ngayon, na hindi matitikman sa anumang paraan ang kamatayan, hanggang sa kanilang makita ang Anak ng tao na pumaparito sa Kaniyang kapangyarihan."

Ano iyon? Ang patay na muling binuhay at ang inagaw na mga banal. magkasamang inagaw upang salubungin Siya sa himpapawid. Naroon ang Diyos na lumulukob sa Kaniya, at si Jesus ay nakatayo roon sa lilim ng pagkalukob na iyon na nagsasabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak na Aking kinalulugdang panahanan," ang kaayusan ng Bagong Kaharian. Oh, mga kapatid na lalaki't babae.

225 Hindi kayo mababago ng kamatayan. Binabago lang ng kamatayan ang inyong dakong tinatahanan. Kita n'yo? 483 Alalahanin n'yo si Samuel, nang siya'y patay na at nailibing na sa loob ng dalawang taon, nasa Paraiso na siya. At tinawag siya ng mangkukulam ng Endor, at nakilala siya ni Saul; at nakilala rin siya ng babae, at nagpatirapa siya. Hindi siya nagbago katiting man. Siya pa rin ang dating Samuel, dalawang taon na siyang patay, at propeta pa rin siya. Ang sabi niya, "Bukas ay mamamatay ka sa pakikidigma, kasama ng iyong anak, at sa ganitong oras bukas ng gabi ay makakasama kita." At ganoon nga ang nangyari.

Kita n'yo? At nang magbalik si Moises, at si Elias, sa Apocalipsis 11, propeta pa rin sila. Aleluia!

226 At sa dakong iyon, sa Lupaing iyon, sa Bayan kung saan ang Kordero ang Ilaw, makikilala kita, Brother Mc Kinney. Makikilala ko kayo, mga kapatid, mga hiyas ng aking putong. Kapag nagdatingan sila mula sa Silangan, at sa Kanluran doon sa Bayan; kung saan labinlimang daang milyang parisukat, ang lalapagan niya roon, at ang Bayan ay maitatayong parisukat. Kapag naupo ka roon sa banal na bundok, kung saan nakaupo ang Diyos sa ibabaw ng Bundok, at si Jesus ay nasa Luklukan. At ang ginintuang pakakak ay tutunog kapag umalis si Jose, upang lumakad sa kahabaan ng Paraiso, at ang mga Anak ng Diyos ay magsisiluhod at sasamba sa Kaniya, nalalamang sila'y natubos na. Kita n'yo? Amen. Aleluia! Sometimes I grow homesick for heaven, And the glory I there shall behold, What a joy that will be, When my Saviour I see! In that beautiful City of gold. I'm bound for that beautiful City, The Lord has prepare... [Patlang sa tape—Ed.]

227 Sinabi ni Isaias, sa Isaias 9:6, "At sa Kaniyang kapayapaan at sa paglago ng Kaniyang pamamahala ay walang wakas. Maaatang sa Kaniyang mga balikat ang pamamahala; Ang Pangalan Niya ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama. At ang pamamahala ay maaatang sa Kaniyang mga balikat; At sa paglago ng Kaniyang pamamahala at sa Kaniyang kapayapaan ay walang wakas." Maging ang mga hayop ay naroroon. Ay, naku! The bear will be gentle, And the wolf will be tame; And the lion shall lay down by the lamb, And the beast from the wild, Will be led by a child; (Ngunit ako'y mababago.)

228 I'll be changed from this creature that I am. 487 Mababago ang aking pagkalalang, kapag dumating ang araw na iyon, dahil tutungo ako sa Bayang iyon. Ako'y patungo na sa napakagandang Bayang iyon! Nadarama ko ang Kapangyarihang tumutubos sa buong puso ko ngayon.

Kung hindi ito ganito, kung magkagayon ay sinayang ko lang ang buhay ko; Tinuruan ko ang ibang tao ng mga bagay na mapandaya. Ngunit kapag ako'y tumitingin at nakikita ko ang mga pangakong binitiwan Niya para sa araw na ito, at nakikita kong nabibindika ito; at tinitignan ang labinlimang daang milyang parisukat na kongregasyon na nakaupo rito, isang Hinirang na tinawag mula sa mga denominasyon at mga lahi, at mga kredo at mga bagaybagay, nagtitipon-tipon, habang nakikita kong binibindika ng Salita ang Sarili nito, batid ko, nang walang kaunti mang pag-aalinlangan, ang mga hiyas ng aking putong ay higit na magniningning kaysa sa lahat ng bagay sa sanlibutan, sa araw na iyon.

229 Darating ang panahon! Bayan, hindi tayo nagtitipon dito nang walang kabuluhan. Naghihintay lang tayo sa pagkakataong iyon. Totoong huling-huli na, ngunit si Jesus ay napakalapit pa rin. At, ang Kaluwalhatian Niya, kamangha-mangha ito. “Ang Pangalan Niya ay tatawaging Tagapayo.” Ang Bayang iyon, nakikita n'yo ba ito? Doon titira ang Nobya at ang Nobyo, at hindi na muling...

230 Ngayon, kung sa palagay ninyo ay napakaganda na nito kapag nagmamaneho tayo ng daan-daang milya para lamang makaupo rito at kumain ng Kaniyang Salita, at ito'y anino lamang, ano pa kaya kapag nanahan na tayo sa Bayang iyon sa piling Niya! Kung kailan ay magiging magkapit-bahay tayo, at kung kailan ay kakain tayo mula sa mga punong kahoy na iyon, at lalakad tayo sa mga lansangang iyon, kapag lumakad na tayo sa mga lansangang ginto patungo sa bukal, iinom sa bukal, mamamasyal sa paraiso ng Diyos, naroon ang mga Anghel na nagliliparan at nagmamasid sa lupa, umaawit ng mga awitin, o anong gandang araw niyon! Masusulit ang lahat. Tila baku-bako ang landasin, kung minsan ay nagiging napakahirap, ngunit, oh, magiging napakaliit na bagay nito kapag nakita ko na Siya. Ano ang magiging kabuluhan ng mga masasamang bansag at mga bagay na sinasabi nila, anong magiging kabuluhan nito kapag nakita ko na Siya sa napakaganda, napakagandang Bayan ng Diyos?

231 Iyuko natin ang ating mga ulo. I'm bound for that beautiful City, My Lord has prepared for His Own; Where all the redeemed of all ages, Sing 'Glory' around the white throne. Sometimes I grow homesick for heaven, And its glories I there shall behold, What a joy that will be, When my Saviour I see! In that beautiful City of gold.

Sa Isla ng Patmos John ay nakita iyon ni Juan...

232 Mahal na Jesus, ang pag-asang ito—ang pag-asa ko'y nakasalig sa dili't iba, Panginoon. Iyan ang ina ng aking puso; ang Bayang iyan, ang dakilang Hari. Diyos, huwag Mo pong hayaang isa man dito ay mapahamak, pakiusap po. Nawa'y muli naming suriin ang aming buhay, sa araw na ito, Panginoon, naghihintay kami sa pagdating ng Panginoon. Kung saan ang lahat ng mga Tinubos, doon sa malaking Arena ng Roma, kung saan ang mga Cristiano ay nilapa ng mga leon, ay biglang sasambulat ang alabok balang araw!

Wala nang libingan sa gilid ng burol ng langit. Wala nang mga doorknob na hahawak ng bulaklak ng patay. Wala nang luhang mamantsa rito. Wala na, wala na. Wala nang pinaumbok na lupa. Wala nang bagyong sasagupa rito. Magiging maluwalhating lahat doon.

233 Tulungan Mo kami Panginoon. Kung mayroon mang isa rito—na naaanyayahan sa Hapunan ng Kasalan ng Kordero, sa isang libong taon na ito ng paghahari sa Milenyum, at upang pagkatapos ay pumasok sa Bayang iyon kapag tapos na ang pulot-gata. Ang Milenyum ay pulot-gata lamang. Kung magkagayon, Siya, ang Nobya, kukunin Niya ang Kaniyang... Iuuwi na ng Nobyo ang Nobya sa Kaniyang Tahanan. Sa Kaniya iyon. Kaniyang Nobyo iyon; Kaniyang Nobya iyon. Oh, pumaroon Siya upang maghanda ng isang Tahanan, simula nang makipagkasunduan Siya.

Nawa'Y maging tapat tayo sa Kaniya na siyang Salita, pagkat Siya ang Salita. Kahit pa gaano tayo libakin ng iba at ilayo tayo Rito; Panginoon, ilapit Mo ako ng higit pa. For sometimes I grow homesick for heaven, And his glory I there shall behold, What a joy that will be, When my Saviour I see! In that beautiful City of gold.

234 Ang magiging Tahanan ng Nobyo at Nobya! Siya ay babalik... [Patlang sa tape]...sa Hapunan ng Kasalan; ito'y magiging tatlong araw at kalahati. Pagkatapos ay muling babalik sa Milenyum, sa aming pulot-gata. At pagkatapos ayi—ipapakita Niya ang Bayan. Tulad sa Nobyo na sinusurpresa ang Kaniyang Nobya, kung paanong ang munting Nobya ay nakatayo roon, namamangha, habang pinagmamasdan ang kaniyang magiging tahanan! At sa pamamagitan ng pananampalataya, ngayon, Panginoon, nakikita na namin iyon doon. Iyon ay dito mismo lilitaw sa lupa gaya ng ipinangako Mo.

Ang Iglesia Mo ay lubusang matutubos, isa sa mga araw na ito. At kung magkagayon ang mundo Mo ay matutubos, ang iba pa sa mga bahagi nito. Ngunit, tinubos Mo muna ang Iyong bayan, ang mga katawan nila na binuo ng lupa.

235 Tulungan Mp po kami, Diyos. Kung mayroon mang isa rito na hindi pa lubos na nakatitiyak tungkol diyan, Panginoon, nawa'y matanggap nila ito ngayon. 500 Alam kong napahaba ito at napakainit, ngunit mga kapatid, hindi tayo laging nakatayo rito. Hindi palaging ako ang pastor ninyo. Tiyakin natin ito. “May paraan ba, Brother Branham?”

Oo, maging bahagi ka ng Salita, bahagi ng Salita sa araw na ito. Hindi ka maaaring maging bahagi ng Salita sa araw ni Moises; ang araw na iyon ay nagawa na, iyon ang mga paa. Nasa ulo na tayo ngayon. Ito'y si Cristo. Hindi ang panahon ng bisig, sa panahon ni Luther, hindi. Ito ang panahon ng ulo. Si Cristo, ang Pangulong Bato, ay dumarating sa Katawan

236 Kung hindi ka tiyak na tiyak sa pakiramdam mo tungkol dito, kung nasaan ka man, maaari mo bang itaas ang kamay mo para makita ko. Hayaan n'yong lahat ng iba ay manatiling nakayuko. Pagpalain kayo

ng Diyos.

Sabihin n'yo, “Alalahanin mo ako sa panalangin, Brother Branham. Gustong-gusto kong makarating doon! Ayokong hindi makasama, Brother Branham. Si—sinusuri ko, ginagawa ko ang lahat ng magagawa ko, ngunit idalangin mo ako ngayon, maaari ba? Pagpalain ka ng Diyos.

Habang iniisip ninyo ito ngayon, manalangin lang kayo, sabihin n'yo, “Diyos...” Ito'y nasa sarili mong puso. Kita n'yo, kung may nadarama kang humahaltak, kumikibot sa iyong puso, iyon na iyon. Iyon ang katangian na ibig magpakilala sa sarili nito. I'm bound for that beautiful City, My Lord has prepared for His Own; Where all the redeemed of all ages, Will sing 'Glory' around the white throne. Sometimes I grow homesick for heaven, And the glories I there shall behold, What a joy that will be.

When my Saviour I see! In that beautiful City of gold.

237 Makalangit naming Ama, kunin Mo kami ngayon, Panginoon. Hayaan Mo ang Dakilang Pastor, ang Dakilang manunubos na Pastor, ang Dakilang Pastor na iniwan ang Kaluwalhatian dahil alam Niyang ang ilan sa mga katangian ay naligaw sa malaking lambak ng kasalanan, kung saan ang mga lobo at mga - ang mga hayop ay kagyat na lalapa sa munting tupang iyon; subalit nilisan Niya ang mga ginintuang pasilyo, nanaog dito sa lupa at naging isa sa atin, upang maipahayag Niya ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Doon ay nakita nila Siya, ang iba sa kanila ay nasa denominasyon, ang iba sa kanila ay nasa bahay-aliwan, ang iba sa kanila ay nasa mga lansangan, bulag, ang iba sa kanila ay nasa mga bakuran at malalaking lansangqan, datapuwa't tinubos Niya ang bawat isang itinalaga ng Ama upang tubusin Niya.

238 At inatasan Niya tayo, upang ipamuhay natin ang bahaging ito ng Salita para sa ating mga kapanahunan. At nakikita natin ang dakilang repormasyon ni Luther sa panahong iyon; at ang kay Wesley; at ang Pentecostal. Ngayon ay hinahanap natin ang Pangulong Bato ng Bayan. O Diyos, alam namin ang panahon at ang ipinangakong ibinigay sa amin para sa araw na ito, kung paanong Ito'y maisasauling muli. “Hihinugin ng panggabing Liwanag ang bunga nito. At mangyayari na sasapit ang isang araw na hindi matatawag na araw o gabi, ngunit sa panahon ng gabi ay maglliwanag.”

Ang siya ring maluwalhating Anak ng Diyos, ipinamamalas ang Sarili Niya sa laman ng tao dito sa lupa,, ipinamumuhay kung ano talaga ang pangako, binulag ang mga mata ng mga Fariseo at mga Saduseo at mga Herodiano, at iba pa. 508 At ngayon, nauulit itong muli, ang Salita ay naipapamalas tulad ng dati. Ang Salita, nakakikilala ng lihim ng mga puso, nang katulad na katulad ng dati, gaya ng sinabi ng Kasulatan, na hindi mababali. Tulungan Mo po kami o Diyos, na mapagtanto ito.

Tulungan Mo po ang mga ito na nagsipagtaas ng mga kamay. Nawa'y higpitan pa nila ng higit pa ang kanilang sinturon; sapnan ang kanilang mga paa ng Ebanghelyo ng kapayapaan; isuot ang buong kagayakan ng Diyos; iaayos ang helmet; lumakad ng pasulong, mula sa araw na ito. Itulot Mo po ito, panginoon.

239 Kaunting panahon na lang, at ipatatawag na kami, kung magkagayon ay darating na ang Pag-agaw. napakaliit na pangkat lamang, tulad ni Enoc, ang kukuning pataas.

Kung gayon, “ang nalabi sa binhi ng babae, na tumutupad sa utos ng Diyos,” mga Judio, “taglay ang patotoo ni Jesus Crisro,” ang Hentil, ay tutugising tulad sa mga aso,“ at iaalay nila ang kanilang buhay bilang patotoo.”

Kung magkagayon, isang dakilang umaga, daratal ang Milenyum para sa - magpapasimula na ang Pulot-gata.

“At ang iba sa mga patay ay hindi nabuhay hanggang sa wakas ng isang libong taon.” Kung gayon, sadulo ng libong taon, may magaganap ng paghatol, nagpapakita na si Ham ay nasa daong. At si Ham ay naroroon pa rin sa nalalabi. Yaong mga nakarinig Nito at tumanggi Rito ay kailangan hatulan.

Ngayon, itulot Mo po ito, Panginoon, na hindi po kami mapadamay sa kanila, bagkus ay masama kami sa paanyaya sa Hapunan sa Kasalan. Sapagkat, kinikilalala naming si jesus ay nasa kalagitnaan namin sa araw na ito. Papasok kaming kasama Niya; palabas ng sanlibutan, papasok sa kaniya. Lalakad kami sa Bayang iyon, lalabas kaming kasama Niya.

240 Tumatanda na ako, Panginoon. Wala na akong marami pang sermong maipapangaral. Datapuwat tiyak kong nagtitiwala sa Iyo. Hinahanap ko ang Bayang iyon, gaya ng ginawa ang ama kong si Abraham. may kung ano sa kalooban kong nagsasabi na ito'y darating. sinisikap ko sa lahat ng dako, Panginoon, na isambulat ang Liwanag at tawagan sila. Huwag Mong itulot na isa man sa mga ito, Panginoo.

Gaano kaganda, na ipinahahayag Mo iyan sa akin. Mula sa sirkumperensiya na mga labinlimang daan milya, isa rito, at doon, ay nakaupong magkakasama ngayon, na nangagtipon sa isang munting pook, hinihintay ang paglitaw ng Bayang iyon. Inaangkin naming kami'y mga manlalakbay at mga dayuhan. kami'y naitaboy palabas. Ang mga hiteno, ang sanlibutan ay nagtatawa a nagbibiro, ang mga relihiyosong

denominasyon ay naglalait, subalit hindi kami natitinag ng mga bagay na iyan. Gawin mo po Kaming bahagi ng Salita, Panginoon, hindi natitinag. "Magaganap sa mga huling araw." Nawa'y maging kami iyon, Panginoon, nawa'y mapabilang kami sa kanila. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. 517 [Sandaling tumigil si Brother Branham-Ed.] Pinaniniwalaan ba ninyo ito? [ ang kongregasyon ay nagabi ng "Amen."] Itaas natin ang ating mga kamay ng paganito. I'm bound for that beautiful City, My Lord has prepared for His Own; Where all the redeemed of all ages, Will sing 'glory' around the white throne. Sometimes I grow homesick for heaven, And glories I there shall behold, Oh, what a joy that will be, When my Saviour I see! In that beautiful city of gold.

241 Ngayon, kung tayo'y magkakasamang tatahan sa Bayang iyon, makaipagkamay lang kayo kung kanino, sabihing, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay. Tagasaan ka? Sa Lousiana, Georgia, Mississippi? Ako'y isang manlalakbay din. Hinahanap ko ang Bayang iyon."

Hinahanap ko ang Bayang iyon, Brother Neville. ako'y lalayo patungo roon sa. . . .? . . . amen. Brother Capps, hinahanap ko ang Bayang iyon, maging hanggang sa gabing ito. ... and it's glories I there shall behold, What a joy that will be, When my Saviour I see! In that beautiful City of gold. Oh, the bear will be gentle, and the wolf will be tame; And the lion shall lay down by the lamb, (oh, siyanga) And the beasts of the wild, Will be led by a child; And I'll be changed, changed from this creature that I am. (Oh, siyanga.) Oh, there will be peace in the valley for me some day; Oh, there will be peace in the valley for me, that... There'll be no more sorrow, no more sadness, no more trouble I'll see; And there will be peace in the valley for me.

242 Ang Hari nating di-nakikita, sa umagang ito, ay maipamamalas. At hindi ko pagmamasdan si Bill Dauch bilang siyamnapung taong gulang na. Hindi mo ako pagmamasdan bilang limampung taon na. Ngunit mababago ako sa araw na iyon. ... and when the beast of the wild, Will be led by a child; But I'll be changed, changed from this creature that I am...

243 Hindi kaya kayo magalak? Mawawala na ang puting buhok; ang hukot na balikat. Ngunit ang kagandahan, imortal, ay tatayo sa Kaniyang wangis, higit pang masikat kaysa araw. Oh, napakaganda! .. for me, oh, Lord, I pray; There'll be no sadness, no more sorrow, no more trouble I'll see; And there will be peace in the valley for me.

244 Iyan ang dahilan kung bakit naririto tayo. Ilan ba sa inyo ang nangangailangan ng kalakasan para sa paglalakbay? Igawad nawa ng Diyos ito sa atin! Ilan ba sa inyo ang maysakit sa inyong katawan, mga sugatang kawal? Isang dosena, higit pa. Naniniwala ba kayong narito Siya, ang dinakikitang Hari? Mga bagay na nakikita, ang di-nakikita ay ipinamamalas na mga bagay na nakikita. Siya'y kahapon, ngayon, at magpakailanman, tanging ang korporal na pangangatawan. Ngayon, kung ang Kaniyang Espiritu ang Siyang nagral nito sa pamamagitan ko, gagawin Niya ang mga bagay na ginawa Niya nang Siya'y naririto pa. Oh, napakaganda! I am bound for the promised land, I am bound for the promised land; O who will come and go with me, I am bound for the promised land. All over those wide extended plains Shines one eternal day; There God the Son forever reigns, And scatters night away. Oh, I am bound for the promised land, I am bound for the promised land; O who will come and go with me, I am bound for the promised land.

245 Limandaan ang lumusong doon sa ilog, sa unang araw na ang Anghel ng Panginoon ay magpakita, upang ibindika, tulad ng ginawa Niya noon sa Bundok ng Sinai, na nakatagpo ko Siya. Lumusong ako sa ilog, at daan-daan ang nagsisiawit ng awit ding iyan para sa pagbabautismo. Bigla Siyang dumating, bumaba ang Haliging Apoy ding iyon na nakita n'yo sa larawang iyon, bumababa, dito mismo sa ilog at ang sabi, "Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang daan ng Kaniyang unang pagdating, ang Mensaheng ito ang maghahanda ng daan para sa ikalawang Pagdating." Kita n'yo? Hayan ka na, kita mo. O who will come and go with me, I am bound for the promised land.

246 Ang Haliging Apoy ding iyon ay naririto't kasama natin. Alam n'yo ba iyon? Nilikha Niya ang iba sa atin para sa isang bagay , at ang iba naman ay para sa iba. kung ang inyong paniniwalaan, nang walang pag-aalinlangan, na Siya ay nasa kalagitnaan ng gusali ngayon, naniniwalaakong patutunayan Niya ang kanyang Sarili sa iyo, masiyahan kaya kayo? kung hindi ko kayo maabot ang bawat isa. . . mag aalas dos na, ngunit kung inyong. . . lampas na pala sa ala-una. Kung kayo'y sasampalataya, hayaan n'yo Siyang bumaba sa atin! nasaan ang ating pananampalataya? kita n'yo, kailangan sampalatayanan n'yo iyan. Kung hindi n'yo pag-aalinlanganan iyan katiting man, gagana iyan.

Na - nakikilala ko ang makadiyos na presensiya ng personal ni Cristo, na Siyang Salita. At ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ay . . . higit na makapangyarihan kaysa alin mang dalawang-talim na tabak, at tumatagos ito hanggang sa utak ng buto, at kumikilala sa mga kaisipang nasa - nasa loob ng puso, inihahayag ang lihim ng puso."

247 Masdan. Aba, hindi ko alam ang mga bagay na ito noong maraming taon na ang lumipas. At nang sabihin ko 'yon, hindi ko nalalaman ion, tingnan n'yo kung ano ang nagawa Niya. Ang sabi Niya, "Ngayon ay hahawakan mo ang kamay ng mga tao, at huwag kang mag-iisip ng kung ano, salitain mo lang ang

katangiang sinabi saiyo. Sabihin mong ito'y tumor o ano man ion. Pagkatapos ay ang sabi, "Mangyayari na hindi mo na kailangan gawin iyan." Kita n'yo? Kikilalanin Nito kung ano talaga ang nasa kalooban niya." Nagkaroon na tayo ng iba't ibang panggagaya, alam natin iyan, halos ay madadaya ang Hinirang kung maaari. Manmanan n'yo kung paanong ang lahat ng iba pa nito ay umaayon sa Salita, kung magkagayon ay malalaman mo kung ito ay tama o hindi. Ngunit, gayon man, si Jesus ay nanatiling siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

248 Ilan ba rito ang may sakit, a nakaaalam na hindi ko kayo kilala, itaas n'yo ang kamay n'yo, sabihin, "A—alam kong hindi mo ako kilala." O, talaga namang, wari'y ko'y, sa lahat ng dako. Ang tanging kailangan n'yong gawin ay sumampalataya dito. Only believe, only believe; All things are possible, only believe; Only believe, only believe;

All things are possible, only believe.

249 Ang sabi ni Jesus, "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ng Sodoma, gayon din ang mangyayari kapag ang Anak ng tao ay nahayag sa ibabaw ng lupa, o sa huling araw. Kapag ang Anak ng tao ay nahayag, o naghayag ng Kaniyang Sarili sa huling araw." Ngayon, hindi sa mga naunang mga araw, sa panggitnangmga araw; kundi ang huling araw, kiya n'yo. Ihahayag Niya. At ngayon, nasa huling mga araw na tayo. Ang sodoma ay nasa akma na nitong kalagayan, lahat ng bagay, ang mga mensahero, tugmangtugma.

Ano ang nangyari sa - sa maliit na nalabi na tinawag na palabes kasama ang pangkat ni Abraham? may isang dumating sa kanila, nasa laman ng tao, naikatawan sa laman ng tao, kumaing kasama nila, uminom na kasama nila, katulad ng pagkaing kinakain nila, at lahat na. Tumayo Siyang kasama nila, isinaysay ang Mensahe. Pagkatapos ay sinabi Niya, "Gagawin Ko ang dakilang bagay na ito."

250 At patuloy ang pag-aaral ni Abraham, "Ito na ba iyon?" Noon pa ako naghahanap ng isang Bayan. Ito na ba ang hari?" 531 At ang sabi Niya, "Bakit pinag-alinlanganan ni Sara?" Nasa loob siya ng kubol sa likuran Niya.

Ang sabi ni Abrham,"panginoon Diyos, Elohim!" Pagkat, nakilala Niya ang laman ng isip ni Sara.

Sinabi ni Jesus manyayaring muli kung itoy maipapahayag sa huling kapanahunan, ang batong panulok ay dumarating sa katawan, upang matubos, yan ay upang matubos, darating upang kunin ang kanyang pagaari, Siya'y narito sa kalagitnaan natin.

251 Ngayon, mga kalating dosenang mga kamay, o higit pa, ang nagsitas. naniniwala akong kayang pagalingin ng Diyos ang bawat isa sa inyo. Tama. naniniwala akong gayon nga. Hindi ako naniniwala na ang isang tao, ay totoong makauupo sa isang lugar na gaya nito nang hndi. . . sa ganitong uri ng pagkakataon, at sa kapaligirang tulad nito, nang hindi nakaaalam, nakakikilala ng isang bagay.

Nais kong manalangin kayo. Nais kong kunin n'yo ano man mali sa inyo, sa - sa—sa inyong puso, kita n'yo, at pagkatapos ay magsimulang manalangin, sabihin, "Panginoong Jesus, Ipahayag Mo po ito. Ako'y - nakikipag-usap ako sa Iyo, kung anong mali sa akin. At ngayon ay isugo Mo po ang Iyong Espiritu Santo kay Brother Branham, upang matupad ang sinasabi niyang katotohanan, sa Mensaheng ito na ipinangusap niya sa araw na ito tungkol sa Iyo, alam kong ito'y magiging Katotohanan. Ngayon, ipahayag Mo ito sa akin, Panginoon. mangusap ka sa akin."

252 Ngayon, nakakalat ito, para bang dito at sa paligid. Kaya't manalangin lang kayo, at sumampalataya, na igagawad ito ng Diyos. [Tumigil sandali si Brother Branham-Ed.]

Ngayon ay nais kong tumingin kayo sa akin; at manalangin. Gaya ng sinabi nina Pedro at Juan, "Tumingin kayo sa amin." May isang bagay siyang ninanasa, at matatangap niya iyon. At nagnanasa kayo ng isang bagay, at naniniwala akong ngayon ay matatanggap n'yo na ito. Ang sabi niya, "Tumingin kayo sa amin."

Ang sabi niya, "Pilak at ginto, ay wala ako; ngunit kung ano ang nasa akin, ang siyang ibibigay ko sa iyo." 539 Ngayon, ang kagalingan, wala ako nito. Lahat iyon ay nasa kay Cristo. Ngunit kung ano ang nasa akin, isang kaloob ng Diyos, ang ibibigay ko sa inyo, ang pananampalataya upang paniwalaan Siya. Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, bawa't isa sa inyo, magsigaling kayo. Paniwalaan n'yo ito. Kita n'yo? Kung magagawa n'yong sumampalataya!

253 Isang maliit na babae ang nakaupo riyan, nakatingin sa akin. Umiiyak siya, ilang minuto pa lang ang nakaraan, dumadalangin. May sakit siya sa thyroidna bumabagabag sa kanya. Hindi kita kilala. Isa kang estranghero sa akin. totoo iyan, hindi ba? [Ang kapatid na babae ay nagsabi, "Tama iyan."Ed.] Hindi ka taga rito. Taga-Chicago ka. Gng.Alexander. Kung tama iyan, ikaway mo ang iyong kamay. Ngayon ay bumalik ka na sa Chicago at maging maigi ka.

Ano ang nahipo niya? Yaon din ang nahipo ng babaeng inaagasan, ang laylayan ng Kaniyang damit,

hindi ang akin.

Narito ang isang maliit na babae na nakaupo sa karamihan, kung magagawa ko lang na maunawaan niya ako. Ikaw na nagtaas ng iyong ulo nang patagilid. Hindi kita kilala. Estranghero ka sa akin, ngunit may sakit ka sa sikmura. Ang asawa mo ay nakaupo sa tabi mo. may problema siya sa kaniyang tainga. ang pangalan mo ay Czap. Kayo'y mga estanghero sa akin. Hindi kayo taga rito. Taga - Michigan kayo. Kung tama iyan, kumaway kayo. magbalik kayo sa Michigan ng magaling na. Ang inyong pananampalataya ang nagapagaling sa inyo. "Kung magagawa ninyong sumampalataya, ang lahat ng bagay ay posible."

254 Ang isang babaeng nariyan na may sakit sa lalamunan, nakaupo siya rito sa gawing ito sa dulo, taga-Georgia, nakaputing bestida. Bumalik ka na sa Georgia nang magaling. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. sinampalatayanan mo ba ito?

Isang babaeng nakaupo riyan, nakatingin sa akin, sa pinakadulong upuan. may sakit siya sa sinus. Sasampalatayanan niya ito, pagagalingin siya ng Diyos. Gng. Brown, sumampalataya ka ng buong puso mo, si Jesus Cristo ang magpa. . . Estranghero ka sa akin, ngunit kilala ka Niya. A-ha. Naniniwala ka ba rito? Itaaws mo ang iyong kamay. Tama iyan.

Nakahiga rito sa higaang ito. Sabihin n'yo sa kaniya na tumingin siya rito. Siya'y nagbabata, nagpapatuloy. Kung kaya siyang pagalingin, gagawin ko po iyon. Hindi ko kayang magpagaling. Hindi siya taga rito, taga malayo siya. Taga-Missouri ka. Ang sakit mo ay panloob . Ngunit kung sasampalataya ka ng buong puso mo, at hindi ka mag-aalinlangan, pagagalingin ka ni Jesus Cristo; at makababalik ka na sa Missouri, nang magaling na, at magpatotoo ka. Sinasampalatayanan mo ba ito? Kung gayon ay tanggapin mo ito, at kunin mo ang higaan mo at umuwi ka na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

255 Sumasampalataya ka ba? Iyan ang pagkakakilanlan ng Presensya ng Eternal na Hari. Naniniwala ka na ba ngayon, nang buong puso mo? Ngayon, totoong gumawa Siya ng isang paikot na bilog, sa palibot ng gusaling ito. Pinaniniwalaan n'yo ba ito ng buong puso n'yo? Naniniwala ba kayong nasa Presensya Niya kayo?

Ngayon, naniniwala ka na ba at tinatanggap mo ba na ikaw ay isa sa delegasyon ng Kahariang ito? Itaas mo ang iyong kamay. Ang sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nla ang kanilang mga kamay sa maysakit, ay magsisigaling sila." Tayo ay sa isa't-isa, ika'y bahagi ko, at ako'y bahagi mo; lahat tayo'y bahagi ni Cristo. Ngayon, sama-sama, ipatong natin ang mga kamay natin sa isa't-isa.

Dito, mismo ang babae sa higaan ay bumangon na, kumikilos na, uuwi na upang magpagaling. Amen.

256 Bawat isa sa inyo ay magaling na, kung sasampalatayanan n'yo ito. Ngayon ay ipatong n'yo ang kamay n'yo sa isa't-isa, at kayo ang bahaging ito ni Cristo. Idalangin mo ang taong pinapatungan mo ng kamay, sa paraang nais mo.

Panginoong Jesus, kinikilala naming naririto Ka. Ikaw ang Hari namin; ipinakikilala Mo ang Sarili Mo sa amin. Pinasasalamatan Ka namin dahil sa Presensyang ito. At Panginoon, sinabi Mo, "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Makilos ka,' at hindi mo ito pag-alinlanganan; sasampalatayang mangyayari ang sinalita mo, ay mapapasaiyo ito, mapapasaiyo anuman ang sinalita mo."

Kung magkagayon, bilang pagsunod sa kautusang ito, bilang pagsunod sa Salita ng Diyos na hindi mabibigo, bilang mga kinatawan Mo mula sa labinlimang daang libong milyang parisukat, tulad ng bayang iyon, sinasabi namin kay Satanas, ang talunang Diablo, "Ang wakas mo ay ang pagkasunog. Kami ang delegasyon mula sa Bayang parisukat, ang Byan kung saan ang Kordero ang Liwanag. Kami ang naipahayag na katangian ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na tinubos ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya." 552 Satanas, lumabas ka, at iwan mo ang bawat taong may karamdaman na naririto, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Mga banal na kamay na natubos na, dahil sinampalatayanan nila ang Salita at ang mga katangian ng kaisipan ng Diyos, at ngayon, ang mga kamay na ito ay nakapatong sa isa't-isa. Hindi mo na sila mahahawakan pa. Lumabas ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo!

257 Ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ngayon, Siya ay naririto. Ang Salita Niya ang nagsasabi na narrito Siya. Ang presensya ninyo at ang pananamapalataya ninyo ang nagsasalita, na kayo'y kabilang sa Kaniyang delegasyon. Maging ang bawat heograpikal na sukat na maaari nating ipakita ngayon. Nakikilala n'y ba na kayo'y mga tinubos na anka na lalaki't babae ng Diyos? Nakikilala n'yo ba na ito ang inyong tahanan. Dito kayo patungo.

Iyan ang dahilan kung bakit ka naparito, iyan ang dahilan na nagtungo ka kay Cristo, kumakain ka ng Salita Niya. At kung nagkakaroon kayo ng pagkakataong tulad nito dito, dahil lamnag ito sa mga naipahayag Niyang katangian, ano kaya ang mangyayari kung tayo'y tutungo sa Kaniyang Presensya? O, magiging napakaganada nito! Bawat isa sa inyo ay may karapatang magpagaling ng maysakit, ipatong

n'yo ang inyong kamay sa maysakit. Bawat isa sa inyo ay may karapatang mag-bautismo.

258 Kung mayroong isa rito na hindi pa nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang tangke ng tubig ay bukas. 556 Iyan lang ang tanging paraan para magawa ninyo ito, a-ha, tama iyan, ang sundin ang bawat Salita. Alalahanin, isang maliit na bahagi ng Salita, sa pasimula, ang naging dahilan ng bawat kasalanan sa ibabaw ng lupa. Ang sabi ni Jesus,‟ Ang sinumang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang Salita Rito, ay hindi makapapasok.” Papawiin ang Pangalan Niya sa Aklat, sa sandaling gawin niya iyon.

At walang mababasa sa Biblia na nabautismuhan, sa Iglesia, maliban sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa gayong paraan, makabubuting gawin n'yo na ito.

"Oh", sasabihin mo, " wala namang kaibahan." Nagkaroon ito ng kaibahan kay Eva. 559 Ang sabi ni Satanas, "O, tiyak ang Diyos, alam n'yo ang Diyos..." Ngunit ginawa Niya iyon. Sinabi Niya iyon.

259 Ibinigay Niya kay Pedro ang mga susi ng Kaharian, at kung paanong ang iginapos sa Pentecotes ay iginapos magpakailanman. Iyan ang dahilan na ang munting Nobya ay muling nagpakita, sa ikalawang pagkakataon. Kailangang may iglesiang matawag palabas sa huling araw, tuld ng sa unang araw, akmang-akma. Ang Puno ay nagmula sa mga ugat nito, patungo sa Punong Nobya, tulad ng ginawa nito sa panahong iyon, ang Obramaestra ng Diyos muli, gaya ng sinabi ko dalawang Linggo na ang nakakaraan, upang madala sa Bayan. Pagpalain kayo ng Diyos, "Ako ngayon ay sumasampalataya."

260 Talunan na si Satanas. Alam niya. Nasa lupa siya, humahayong tulad sa umuungol na leon.Hindi na magtatagal at magwawakas na siya, tapos na siya. Alam niya ang oras niya. Humahayo siyang tulad sa isang umuungol na leon. 562 Ngunit, alalahanin, ang Prinsipe ng Kapayapaan ay nakatayo sa malapit; ang Dakilang Nag-iisang Diyos. Ang Arkitekto ng aking pagkatao, ang Arkitektong gumawa sa akin kung ano ako, NA Siyang gumawa sa iyo kung ano ka, ay naririto. Kung ang Arkitekto, na nakaaalam kung paanong bubuuin ang gusali, ang tamang lugar nito, sino ang higit na nakaaalam kaysa sa Arkitekto? At naririto Siya upang patunayan ang Kaniyang Sarili, naririto Siya.

Ngayon ito ay nakabatay sa inyong pananampalataya. Manampalataya, manampalataya lang! I'm bound for that beautiful City, My Lord has prepared for His Own; Where all the redeemed of all ages, Will sing 'Glory' around the white throne. Sometimes I grow homesick for heaven, (kapag natapos nang lahat ito) And the glory I there shall behold, What a joy that will be, When my Saviour I see! In that beautiful City of Gold.

261 Alalahanin, sa simbahan, mamayang gabi, magdaraos sila ng komunyon. Kung naririto kayo sa lunsod, at nais ninyong dumalo, nais namin kayong makapiling. Ito'y pag-alala sa kung anong kakanin natin, isa sa mga araw na ito, sa piling Niya.

Mahal ko kayo. Hindi ko alam kung paano ko ihahayag ito. Iniisp kong kayo ang asin ng sanlibutan. At naririnig ko ang asal n'yo sa labas sa gitna ng

sanlibutan, kung magkagayon, nagbibigay iyan sa akin ng higit na pagtitiwala sa inyo.

Ngunit isipin n'yo, ang maliit na lupong ito, gaano man tayo(ito'y kaibigibig ngayon,) ay mangangalat, isa sa mga araw na ito. Papangarapin natin ito. Ngunit isa man sa atin ang pumanaw bago tayo magkitang muli, tayo'y... I will meet you in the morning, by the bright river side, When all sorrows has drifted away; I'll be standing by the portal, when the gates open wide, At the close of life's long weary day. I will meet you in the morning, by the bright river side, (Ako'y patungo...?...)... down by the river, And with rapture old acquaintance renew. (Makikita ko kayo at makikilala.) You will know me in the morning, by the smile that I wear, I will meet you in the morning, In the city that is built foursquare.

262 Iniibig n'yo ba ito? "Hanggang sa Muli!" Ngayon, magsitayo tayo, Take The Name of Jesus with You, bigyan mo kami ng isang tipa. 568 Mahal n'yo ba Siya? Hindi ba't kahanga-hanga Siya? Naniniwala ba kayong ito'y Katotohanan? Patungo na ba kayo roon sa biyaya ng Diyos? Hanggang sa marating natin iyon: Take the name of Jesus with you. Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give you, Take it everywhere you go. Precious name, O how sweet! Hope of earth and joy of Heaven; Precious name, O how sweet! Hope of earth and joy of Heaven.

263 Ngayon, kinailangan kong laktawan ang mensahe ko. Sa ibang araw kung loloobin ng Panginoon, magbabalik ako upang talakayin ang mga "lagusan" na ito, at itutuloy ito, kita n'yo, kung kailan ay mas mahaba ang panahon natin. Matagal na kayong nagrerklamo sa hindi namin pagtigil dito nang sapat na

haba ng panahon. Nagawa natin ito sa araw na ito. Mainit. Ngunit, ngayon, pagpalain kayo ng Diyos. Gusto ko ang awiting iyon.

Isang kapitbahay dito ang nagsabi, noong isang gabi nang patayin nila ang panlabas na speaker, ang sabi, "Siyang-siya ako sa mensahe, pero bakit ninyo pinatay ang magandang pag-aawitan, kita n'yo, sa

labas?” Kaya pinakamabubuti ang mga kapitbahay natin dito sa Jeffersonville. Ipinaparada natin ang mga sasakyan natin sa harap ng mga bahay nila at lahat na; wala silang sinasabing anuman tungkol dito; patuloy lang tayo. Kaya pinasasalamatan natin sila ngayon.

Oh, kamangha-mangha Siya! Sumainyo nawa ang Diyos ngayon. ... name, O how sweet! Hope of earth and joy of Heaven. Till we meet...

Iyuko natin ang ating mga ulo. Ang pastor ang magpapauwi sa atin sa ilang sandali lang. Sumainyo ang Diyos. ... we meet at Jesus' feet (sa dakilang Bayan, sa Luklukan) Till we meet (till we meet), God be with you till we meet again.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7